

AR-RAMADHANIYYAT

Tatlumpung Aralin sa Buwan ng Ramadhan

Inihanda ni Propesor Dr. Faisal bin 'Abdur-Rahman bin Sa'd
Ash-Shadi

Propesor ng Fiqh at Pampamahalaang Patakarang Shari'ah
sa Prince Sattam bin 'Abdul-'Aziz University

Nawa'y patawarin siya ng Allah, ang kanyang mga magulang,
at ang lahat ng mga Muslim.



بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Sa Ngalan ng Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain.

Mga Nilalaman

Talaan ng mga Nilalaman.....	1
Panimula.....	2
Aralin 1: Ang Bagong Buwan ng Ramadhan	4
Aralin 2: Ang pagiging obligado ng pag-aayuno sa Ramadhan.....	9
Aralin 3: Mga Kainaman ng Ramadhan at ng Pag-aayuno Ayon sa Qur'an	13
Aralin 4: Mga Kainaman ng Ramadhan at ng Pag-aayuno Ayon sa Sunnah.....	17
Aralin 5: Mga Nakasisira ng Pag-aayuno sa Ramadhan (1).....	24
Aralin 6: Mga Nakasisira ng Pag-aayuno sa Ramadhan (2).....	28
Aralin 7: Paano Tayo Mamuhay Kasama ang Qur'an sa Ramadhan	32
Aralin 8: Pagbasa ng Qur'an at ang mga Adab (Wastong Asal) Nito	37
Aralin 9: Pag-iftar (pagputol ng pag-aayuno) sa Ramadhan.....	42
Aralin 10: Ang Suhoor sa Ramadhan.....	46
Aralin 11: Ang pag-aayuno at Ikhlās (Katapatan at kadalisan sa Allah).....	51
Aralin 12: Ang Pag-aayuno at Ang Pagtitiis (Ṣabr).....	56
Aralin 13: Ang Pag-aayuno at Ang Kalinisan ng Puri.....	60
Aralin 14: Ang Pag-aayuno at Ang Pagpapasensya o kahinahunan (hilm)	63
Aralin 15: Ang Pag-aayuno at Pagiging Maingat sa Relihiyon (Wara').....	66
Aralin 16: Ang Pag-aayuno at Ang Kawanggawa (sadaqah).....	70
Aralin 17: Ang Pag-aayuno at Ang Oras.....	74
Aralin 18: Ang Ramadhan at Ang Pagdarasal (salāh).....	79
Aralin 19: Ang Pag-aayuno at Ang Pagsasalita ng Kahalayan	84
Aralin 20: (Huling Sampung Araw) Ang sampung araw ng masaganang bahagi.....	89
Aralin 21: Ang Pag-aayuno at Ang i'tikāf.....	93
Aralin 22: Laylatul Qadr (Ang Gabi ng Kapasiyahan).....	97
Aralin 23: Ang Pag-aayuno, Determinasyon, at Lakas ng Hangarin.....	102
Aralin 24: Ang Ramadhan at Ang Panalangin (du'ā').....	106
Aralin 25: Ang Pag-aayuno at Ang Kamalayan na ang Allah ay Nagmamasid.....	111
Aralin 26: Ang gabi ng ika-27.....	115
Aralin 27: Nais kong magsisi (magbalik-loob).....	118
Aralin 28: Zakātul Fitr.....	123
Aralin 29: Mga alituntunin at asal sa 'Eid.....	128
Aralin 30: Pamamaalam sa Ramadhan.....	131

Panimula

Sa Ngalan ng Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain.

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah, na walang ibang totoong diyos maliban sa Kanya, at walang ibang panginoon maliban sa Kanya. Ang tunay na nalulugod ay ang sinumang Kanyang kinalulugdan, at ang sawi ay ang sinumang lumihis sa Kanyang patnubay. Ako ay nagdarasal at nagbibigay ng kumpleto at perpektong pagbati sa Kanyang ipinadalang awa at ipinagkaloob na biyaya, ang ating Propeta Muhammad ibn Abdullah. O Allah, pagpalain at bigyan Siya ng kapayapaan, at ang sinumang sumunod at sumuporta sa kanya. Pagkatapos:

Tunay na ang buwan ng Ramadhan ay buwan ng Allah, na Kanyang dinakila, at dito ibinaba ang Qur'an. At sa buwang ito, ang minamahal na Propeta ﷺ ay higit na mapagbigay. Kaya ang Ramadhan ay panahon ng mga masunurin, at oras ng mga sumasambang deboto. Mayroon silang pag-iisa at i'tikaf dito. At sa harap Niya, sa kadiliman ng gabi, sila'y nakahanay kasama ng mga nagdarasal.

Kaya, pagandahin sa Ramadhan ang larangan para sa pangangaral at pagpapaalala, babala, at mabuting balita, paghihikayat at pagbabala!

Pagandahin sa Ramadhan ang paaralan na naglalaman ng mga aralin at babala, at mga perlas at hiyas. Ang sinumang natuto at nakaalala ay nagtagumpay!

Para sa mga tao ng Ramadhan, sa hapon may mga talakayan, at sa gabi may mga talakayan, at sa mga pagtitipon niya ay may mga talakayan na dinidinig ng pusong buhay; upang maging matiyaga at masigasig patungo sa Allah.

Tatlumpung aral sa Ramadhan, at mula sa Ramadhan ay makukuha ang mga kaugalian, batas, at pangaral para sa sangkatauhan, kasama ang fiqh (kaalaman sa batas) tungkol sa pagsunod sa pag-aayuno, na ipinakita ang pangangailangan ng mga nag-aayuno, at ang mapapakinabangan nila sa kanilang paglalakbay patungo sa Panginoon ng lahat ng nilalang. At isinama ko rito ang mga isinulat ng naunang mga may-akda tungkol sa mga aral ng Ramadhan.

Pinangalanan ko itong (Ar-Ramadhaniyyat) bilang koneksyon sa Ramadhan, ang buwan ng awa, biyaya, aral, at paalala, na nakakaapekto sa mga dalisay na kaluluwa, upang lumapit sa Panginoon ng lahat ng nilalang, umaasa na makapasok sa Paraiso.

Ang Ar-Ramadhaniyyat ay ibinuod ko rito ang aking layunin, at pinagsama-sama ko ang mga talata at hadith sa abot ng aking makakaya. Narito ito, mahal na mambabasa, sa iyong harapan, at sa iyong paningin. Ang pagbabasa nito sa mga masjid, pagtitipon, at paaralan; upang maalala ang Allah, at pag-aralan ang Aklat ng Allah. Nawa'y isulat ng Allah ang gantimpala para sa sinumang nakinabang dito sa mga masjid, pagtitipon, at paaralan. O Allah gawin mo nawa na sila'y maging kasama sa gantimpala. O Allah, gawin mo itong isa sa mga dakila at matatag na mabubuting gawa na magiging kayamanan.

Sa simula ng bawat aralin, naglagay ako ng (barcode) sa kaliwa. Kapag binuksan ito sa mobile phone, lalabas ito sa isang electronic (banner), na madaling ibahagi at ipadala sa pamamagitan ng mga mobile phone at sa social media.

Nawa'y kaawaan ng Allah ang sinumang nagbigay sa akin ng paalala, at nagpahiwatig ng paglilinaw at babala, at nagpayo nang may tapat na patnubay.

Ang lahat ng pagpapala at ay sa Allah lamang, at ang pagkakamali ay mula sa sarili at sa shaytan.

Kaya, O Allah, gisingin mo kami sa pamamagitan ng paalala, at O Allah, gawin mo kaming kabilang sa mga matuwid, sapagkat Ikaw ang karapat-dapat sa paggalang at pagpapatawad.

Ang inyong kapatid na si Faisal bin 'Abdur-Rahman bin Sa'd Ash-Shadi

Nawa'y patawarin siya ng Allah, ang kanyang mga magulang, at lahat ng Muslim

Hapon ng Linggo 27/4/1447 AH na tumutugma sa 19/4/2025 AD

Sa Al-Kharj Governorate, Kingdom of Saudi Arabia

Email: alshdi3@gmail.com Email

Aralin 1

Ang Bagong Buwan ng Ramadhan

Ang lahat ng papuri ay para sa Allah, ang Pinakamaawain, ang Pinakamahabagin. Ang lahat ng papuri ay sa Allah, ang Pinakamapagbigay, ang Pinakamapagkaloob. Ang lahat ng papuri ay sa Allah na nagbigay sa atin ng karangalan na marating ang buwan ng Ramadhan. At ang kapayapaan at pagpapala ay para sa pinili, ang napakahusay, na may mga kabutihan at mabubuting katangian. At pagkatapos:

O kayong mga pinagpala, pinagkalooban kayo ng Allah na marating ang Ramadhan. Sa ngalan ng Allah, gaano karaming kaluluwa ang naghanged nito ngunit hindi ito narating, at naghanda para dito ngunit hindi ito nakamit. Kaya purihin ang Allah at pasalamatan Siya sa Kanyang ibinigay at ipinagkaloob sa inyo, at Kanyang pinadali at ginabayan kayo. Nasa inyong harapan ang pinagpipitang buwan, at ang pinakamainam na panahon:

Sinabi ng Allah: **“Buwan ng Ramadhan nang ipinahayag ang Qur’an, [ito ay nagsisilbing] patnubay para sa sangkatauhan at bilang mga malilinaw na katibayan ng patnubay at pamantayan sa pagitan ng wasto at mali. Kaya, sinuman sa inyo ang nakatanaw sa bagong buwan ng buwan ng Ramadhan, siya ay nararapat na mag-ayuno at sinuman ang may karamdaman o nasa paglalakbay, ang katumbas na bilang ng araw ng pag- aayuno sa ibang araw ay dapat tuparin [bilang kabayaran ng pagliban]. Hangad ng Allah na ito ay gawing magaan para sa inyo at hindi Niya hangaring ito ay gawing mahirap para sa inyo. At hangad Niya para sa inyo na buuin ang mga itinakdang araw ng pag-aayuno at upang inyong dakilain ang Allah para sa anumang Kanyang ipinatnubay sa inyo at upang sakali kayo ay [matutong] magpasalamat sa Kanya.”** [Al-Baqarah:185]

At mula kay Abu Hurairah, (nawa'y kalugdan siya ng Allah), mula sa Propeta, (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah), sinabi niya:

"Dumating sa inyo ang Ramadan, isang pinagpalang buwan. Ipinag-utos ng Allah sa inyo ang pag-aayuno nito. Sa loob nito, binubuksan ang mga

pintuan ng langit, at isinasara ang mga pintuan ng Impiyerno, at iginagapos ang mga mapanghimagsik na demonyo. Sa loob nito, mayroong isang gabi na mas mabuti kaysa sa isang libong buwan. Sinuman ang pinagkaitan ng kabutihan nito ay pinagkaitan." Iniulat ni Ahmad at An-Nasa'i at pinatunayan ni Al-Albani.¹

Sinabi ni Imam Ibn Rajab: Sinabi ng ilang iskolar: Ang hadith na ito ang batayan sa pagbati ng mga tao sa isa't isa sa buwan ng Ramadhan², at walang tiyak na salita para sa pagbati, kaya sinasabi niya: **Pagpalain nawa sa inyo ang buwan na ito**, at iba pa.

"Sinabi ni Mu'alla bin Al-Fadl: Ang mga naunang henerasyon ay nananalangin sa Allah ng anim na buwan upang maabot nila ang Ramadhan, pagkatapos ay nananalangin sila ng anim na buwan upang tanggapin Niya ito mula sa kanila. Sinabi ni Yahya ibn Abi Kathir: Kabilang sa kanilang mga panalangin ay: **"O Allah, nawa'y maabot ko ang Ramadan, at tanggapin Mo ito mula sa akin nang may pagtanggap"**³

*Kapayapaan sa aming hinihintay na buwan
Minamahal ng mga puso, kasama sa gabing pagdarasal,*

*maligayang pagdating sa buwan ng pag-aayuno.
At ang buwan ng Tarawih, buwan ng mga aral at pagninilay.*

*Ilang taos-pusong yumuyuko at nagpapatirapa,
Nananalangin siya sa Allah nang magbalik-loob at makaalaala,
ilan ang may pusong mapagpakumbaba sa mga gabi nitong pinagpala.
na may malakas na luha na tila ulang bumubuhos.*

*Ito ang buwan ng pag-aayuno at buwan ng pagbangon sa gabi;
Buwan ng panalangin na tumutupad sa mithiin,*

¹ Musnad Ahmad (7148), Sunan an-Nasa'i (2106), Sahih Sunan an-Nasa'i ni al-Albani.

² Latā'if al-Ma'ārif fīmā li-Mawāsim al-'Ām min al-Wazā'if ni Ibn Rajab, p. 148.

³ Naunang pinagkunan.

*tila parang araw na sumisikat sa mga puso.
nagningning ito gaya ng liwanag ng paningin.*

*Ilang nagkasala ang tumigil sa kanyang kasalanan,
Hinarap niya ang kanyang demonyo at nagtagumpay,*

*ilan ang napagising mula sa pagkakaligta,
kaya't hinigpitan ang baywang at binuhay ang gabi.*

*at binabasa nila ang Qur'an nang may mahinahong tinig.
At pinagbuti niya ang pagbigkas sa mga talata.*

Allahu Akbar! Napakadakila ng biyaya ng pag-abot sa Ramadan, Sumpa man sa Allah, ito ay isang biyaya sa iyo at isang pagpapala mula sa Maawain.

Isinalaysay ni Abu Hurayrah (nawa'y kalugdan siya ng Allah): May dalawang lalaki mula sa Baliy, isang pook sa Quda'ah, na yumakap sa Islam kasama ng Propeta ﷺ. Ang isa sa kanila ay naging martir, at ang isa naman ay nabuhay pa nang isang taon. Sinabi ni Talhah ibn 'Ubaydullah:

"Ipinakita sa akin ang Paraiso, at nakita ko na ang nahuling namatay sa dalawang iyon ay pinapasok muna bago ang martir. Ako'y nagtaka rito. Kinaumagahan, aking binanggit iyon sa Propeta ﷺ o kaya'y naiparating iyon sa Sugo ng Allah. Kaya sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: 'Hindi ba't siya ay nag-aayuno ng Ramadhan matapos niya, at nagsagawa ng anim na libong rak'ah—o humigit-kumulang ganoon—na mga rak'ah ng mga panalangin sa loob ng isang taon?'" Isinalaysay ni Ahmad; sinabi ni al-Albani: Hasan Sahih.¹

Alamin mo nawa'y ingatan ka ng Allah na ang pag-aayuno ng Ramadhan ay nagiging obligado sa isa sa dalawang paraan: sa pamamagitan ng pagkakita sa bagong buwan (hilal), o sa pagkumpleto ng tatlumpung (30) araw ng Sha'ban.

Isinalaysay ni 'Abdullah ibn 'Umar (nawa'y kalugdan siya ng Allah): Narinig ko ang Sugo ng Allah ﷺ na nagsabi: *"Kapag nakita ninyo ito (ang hilal), mag-aayuno kayo; at kapag nakita ninyo ito, magtapos kayo ng pag-aayuno. At kung natabingan ito sa inyo, ay itakda ninyo ito (bilang tatlumpung araw)."*

¹ Musnad Ahmad (8399); Sahih al-Targhib wa al-Tarhib ni al-Albani (8399).

Isinalaysay nina al-Bukhari at Muslim. At sa isa pang salaysay ni Muslim: *“Kung ito’y natabingan sa inyo, ay kumpletuhin ninyo ang tatlumpung (araw).”*¹

Ipinapakita ng hadith na ang pag-aayuno at pagtatapos nito ay nakabatay sa aktuwal na pagkakita, hindi sa kalkulasyong astronomikal. Kung ang pagkakita ay nahadlangan ng ulap o alikabok, o kung malinaw ang langit ngunit hindi pa rin nakita ang hilal, obligadong kumpletuhin ang buwan sa tatlumpung araw. Hindi ipinapayo ang pag-aayuno sa ika-30 bilang pag-iingat, maliban kung ito’y tumapat sa Lunes o Huwebes na nakagawian na niyang ayunuan kung gayon, maaari niya itong gawin.

Ito ay bahagi ng kadalian ng Shari‘ah, sapagkat iniugnay nito ang pag-aayuno at pagwawakas sa pagkakita ng hilal: may mga taong malinaw ang paningin at nakakakita nito, samantalang hindi sa lahat ng lugar ay may dalubhasa sa kalkulasyong astronomikal. Kaya ang pagsisiyasat sa hilal ay kabilang sa mga ipinapayo.

Ipinahihiwatig din ng hadith na ang obligasyon ng pag-aayuno at pagwawakas ay sumasaklaw sa mga nasa lugar kung saan nakita ang hilal, at na bawat lugar ay may sarili nilang pagkakita, dahil sa pagkakaiba-iba ng pagsikat ng buwan sa iba’t ibang rehiyon.

Sa pagpasok ng buwan ng Ramadhan, sapat na ang pagsaksi ng isang taong matuwid na nakakita ng hilal, gaya ng nasa Sunan Abi Dawud at pinatotohanan ni al-Albani mula kay Ibn ‘Umar (nawa’y kalugdan siya ng Allah) na siya’y nakakita nito at nagbalita sa Propeta ﷺ Kaya’t nag-ayuno ang siya ﷺ at inutusan niya ang mga tao na mag-ayuno dahil dito.²

Ang pag-uulat ni Ibn Umar nito sa Propeta ﷺ at ang pag-uutos niya sa mga tao na mag-ayuno ay nagpapahiwatig na ang sinumang makakita ng bagong buwan (hilal) ay dapat ipaalam ito sa pinunong Muslim o sa kanyang kinatawan. Gayundin, ang pinunong Muslim ang may tungkulin sa pag-aanunsyo ng pagsisimula ng pag-aayuno o ng Eid, kaya ito ay nagmumula sa kanya.

¹ Sahih al-Bukhari (1900); Sahih Muslim (1080).

² Sunan Abu Dawud (2342), Sahih Sunan Abu Dawud ni Al-Albani.

At ang mga bansang hindi nakakakita ng hilal ay mag-aayuno batay sa pinakamalapit na lugar sa kanila na nakakita nito mula sa mga karatig-bansa.

Pinahihintulutan ang paggamit ng mga obserbatoryong pang-astronomiya, mga teleskopyo (mga kagamitang nagpapalaki ng tanaw sa malalayong bagay), at mga binocular sa pagtingin ng hilal, at ang ganitong pagkakita ay maaaring pagbatayan. At ang Permanenteng Komite para sa Fatwa ay naglabas ng mga pasya tungkol sa mga usaping ito.¹

O Allah, ipagkaloob Mo nawa sa amin ang Ramadhan na may biyaya, pananampalataya, kaligtasan, at Islam. Tulungan Mo kami na maging mabuti sa pag-aayuno at pagdarasal sa gabi.

O Allah, dinggin Mo nawa. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamabuti sa mga sugo, at ang lahat ng papuri ay para sa Panginoon ng lahat ng nilalang.



¹ Buod mula sa mga Fatwa ng Permanenteng Komite, Unang Koleksiyon 10/88–116, at Ikalawang Koleksiyon 9/9–22.

Aralin 2

Ang Pagiging Obligado ng Pag-aayuno sa Ramadhan

Ang lahat ng papuri ay para sa Allah, ang Hari at Ganap na Nakaaalam, na nagtakda ng pag-aayuno sa Kanyang mga alipin. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamabuti sa sangkatauhan. Pagkatapos nito:

Katotohanan, ang pag-aayuno sa Ramadhan ay isa sa mga haligi ng Islam at isa sa mga dakilang inobliga nito. Sinabi ng Kataas-taasan: **“O kayong mga naniwala, ang Sawm pag-aayuno ay itinatagubilin sa inyo tulad ng itinagubilin sa mga nauna sa inyo upang sakali kayo ay matakot sa Allah nang may tunay na pagkatakot sa Kanya.”** [Al-Baqarah:183]

At sinabi ng Kataas-taasan: **“Buwan ng Ramadhan nang ipinahayag ang Qur'an, ito ay nagsisilbing patnubay para sa sangkatauhan at bilang mga malilinaw na katibayan ng patnubay at pamantayan [sa pagitan ng wasto at mali]. Kaya, sinuman sa inyo ang nakatanaw sa bagong buwan ng buwan ng Ramadhan, siya ay nararapat na mag-ayuno at sinuman ang may karamdaman o nasa paglalakbay, ang katumbas na bilang ng araw ng pag-aayuno sa ibang araw ay dapat tuparin [bilang kabayaran ng pagliban]. Hangad ng Allah na ito ay gawing magaan para sa inyo at hindi Niya hangaring ito ay gawing mahirap para sa inyo. At hangad Niya para sa inyo na buuin ang mga itinakdang araw ng pag-aayuno at upang inyong dakilain ang Allah para sa anumang Kanyang ipinatnubay sa inyo at upang sakali kayo ay [matutong] magpasalamat sa Kanya!”** [Al-Baqarah:185]

Mula kay Ibn Umar (kalugdan siya nawa ng Allah), sinabi niya: sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ:

“Ang Islam ay itinayo sa lima: ang pagsaksi na walang diyos maliban sa Allah at na si Muhammad ay Sugo ng Allah, ang pagsasagawa ng Salah, ang pagbibigay ng Zakah, ang Hajj, at ang pag-aayuno sa Ramadhan.” Isinalaysay nina Bukhari at Muslim.¹

¹ Sahih Bukhari (8), Sahih Muslim (21)

At inobliga ng Allah ang pag-aayuno noong ikalawang taon (pagkatapos ng Hijrah) ayon sa pagkakaisa ng mga iskolar. Ang Propeta ﷺ ay nag-ayuno ng siyam na Ramadhan ayon sa pagkakaisa (ng mga iskolar).¹

Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan ay obligado sa bawat Muslim na nasa wastong gulang, may sapat na pag-iisip, nanatili sa tirahan (hindi naglalakbay), may kakayahan, at walang hadlang.

- ❖ **Muslim:** kaya't hindi ito obligado sa isang di-Muslim.
- ❖ **Nasa wastong gulang at may pag-iisip** – kaya't hindi ito obligado sa bata at sa baliw. Ang pagiging nasa wastong gulang (bulugh) ay nakikilala sa alinman sa mga sumusunod: umabot sa labinlimang (15) taong gulang, o pagtubo ng buhok sa maselang bahagi (magaspang na buhok sa paligid ng ari), o paglabas ng semilya na may pagnanasa, sa panaginip man (wet dream) o sa gising, at para sa babae ay may ikaapat na palatandaan: ang pagreregla (hayd). Kapag nagkaroon na ng regla ang babae, siya ay itinuturing na nasa wastong gulang na.

Sinabi ni Shaykh Ibn 'Uthaymeen:

“Maaaring datnan ng regla ang isang babae sa edad na sampung taon. Dito mahalagang mag-ingat sa usaping ito na nakakaligtaan ng marami. May ilang kababaihan na maagang dinadatnan ngunit hindi nila alam na obligado na sa kanila ang pag-aayuno at iba pang pagsamba...” Kung ang isang tao ay hindi pa nasa wastong gulang, hindi obligado sa kanya ang pag-aayuno. Ngunit binanggit ng mga iskolar na ang tagapag-alaga (magulang) ay inuutusang sanayin ang batang lalaki o babae sa pag-aayuno upang masanay sila at maging madali ito sa kanila kapag sila ay nasa wastong gulang na. Ito ang ginagawa ng mga Sahabah (kasamahan ng Propeta ﷺ). Pinag-aayuno nila ang kanilang maliliit na anak; kapag umiiyak ang bata, binibigyan nila ito ng laruan na yari sa makukulay na lana² upang malibang hanggang sa paglubog ng araw.³

¹ Al-Insaf fi Ma'rifat ar-Rajih min al-Khilaf ni Al-Mardawi 3/269

² Al-'Ihn – makukulay na tininaang lana.

³ Fatawa fi az-Zakah was-Siyam ni Ibn 'Uthaymeen, p. 470–471.

- ❖ **Nanatili sa lugar (hindi naglalakbay)** – ang manlalakbay ay mas mainam na mag-ayuno, ngunit kung mahirap para sa kanya, mas mainam ang hindi muna pag-aayuno (at magbayad na lamang sa ibang araw).
- ❖ **May kakayahan sa pag-aayuno** – hindi yaong walang kakayahan dahil sa sakit o katandaan. Kung ang sakit ay walang inaasahang paggaling, gayundin ang matandang hindi na kayang mag-ayuno, sila ay magpapakain ng isang mahirap sa bawat araw na hindi nila naayunuhan. Ang bawat mahirap ay bibigyan ng kalahating sā‘ (humigit-kumulang isa’t kalahating kilo ng bigas o iba pang pangunahing pagkain sa kanilang lugar).
Tungkol naman sa maysakit na inaasahang gagaling, siya ay magbabayad (mag-aayuno sa ibang araw) sa mga araw na hindi niya naayunuhan pagkatapos ng Ramadhan kapag siya ay gumaling.

Sinabi ng Kataas-taasan: “**at sinuman ang may karamdaman o nasa paglalakbay, ang katumbas na bilang ng araw ng pag-aayuno sa ibang araw ay dapat tuparin [bilang kabayaran ng pagliban].**” Al-Baqarah:185.

Kapag gumaling ang maysakit o nakabalik na sa kanyang bayan ang manlalakbay, obligado sa kanila ang pagbabayad (qadā’). Maaari nila itong ipagpaliban hanggang sa manatili na lamang ang pagitan bago ang susunod na Ramadhan na sapat para sa bilang ng mga araw na kanilang babayaran.

- ❖ **Walang hadlang** – tulad ng babaeng may regla (hayd) o nasa nifas (pagdurugo matapos manganak), hindi sila dapat mag-ayuno sa panahong iyon, ngunit kailangan nilang bayaran ito pagkatapos.¹

Ang sinumang hindi mag-ayuno sa Ramadhan at siya ay kabilang sa mga obligadong mag-ayuno, at alam niyang ito ay obligado ngunit itinatanggi niya ito, siya ay nagiging di-mananampalataya ayon sa (Ijma’) pagkakaisa ng mga iskolar.²

¹ Tingnan: Fatawa fi az-Zakah was-Siyam ni Ibn ‘Uthaymeen, p. 468–473

² Tingnan: Bada’i as-Sana’i ni Al-Kasani 2/75

Ang sinumang sadyang hindi mag-ayuno kahit isang araw sa Ramadhan dahil sa katamaran ay nakagawa ng isang malaking kasalanan. Obligado sa kanya ang magsisi at magbayad (qadā') ayon sa pagkakaisa ng mga iskolar.¹

O Allah, tulungan Mo kami sa pagtupad ng obligasyong pag-aayuno at tanggapin Mo ito mula sa amin, O Panginoon ng mga nilalang. O Allah, dinggin Mo nawa. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamabuting mga sugo, at ang papuri ay para sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.



¹ Tingnan: Al-Istidhkar ni Ibn 'Abd al-Barr 1/77; Al-Mughni ni Ibn Qudamah 3/130

Aralin 3

Mga Kainaman ng Buwan ng Ramadhan at ng

Pag-aayuno Ayon sa Qur'an

Ang lahat ng papuri ay para sa Allah, ang Nagmamay-ari ng biyaya at kagandahang-loob. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamahusay sa mga nag-ayuno ng Ramadhan at bumasa ng Qur'an. Pagkatapos nito:

Katotohanan, ang panahong ito ay dakila isang biyayang ipinagkaloob ng Mapagbigay (Allah). Ito ay Kanyang pinili at binigyan ng mga natatanging kabutihan na wala sa ibang buwan na katulad nito. Ang pagkilala sa mga kabutihan ng isang panahon na dumarating ay nagdudulot sa puso ng paggalang, pagpapahalaga, at pagsunod.

Ang pag-oobliga at pagsasabatas ng pag-aayuno ay dumating sa Qur'an sa isang malinaw na panawagan sa mga mananampalataya. Sinabi ng Allah, Kataas-taasan: **“O kayong mga naniwala, ang Sawm [pag-aayuno] ay itinatagubilin sa inyo tulad ng itinagubilin sa mga nauna sa inyo upang sakali kayo ay matakot [sa Allah nang may tunay na pagkatakot sa Kanya].”** [Al-Baqarah:183].

Ipinapakita rin ng talata na ang pag-aayuno ay iniutos din sa mga naunang pamayanan, gaya ng sinabi: **“tulad ng itinagubilin sa mga nauna sa inyo”**

Sinabi ni Shaykh Ibn ‘Uthaymeen: “Kabilang dito ang mga Hudyo, mga Kristiyano, at ang mga nauna pa sa kanila lahat sila ay inutusang mag-ayuno. Ngunit hindi kinakailangang katulad ng ating pag-aayuno sa oras at haba. Ang paghahambing na ito ay may dalawang pakinabang:

Unang pakinabang: Pagbibigay-aliw sa ummah na ito upang hindi nila sabihin na sila lamang ang inatasan ng mahirap na gawaing ito.

Ikalawang pakinabang: Makompleto ng ummah na ito ang mga kabutihang nauna nang nakamit ng mga naunang pamayanan. At walang pag-aalinlangan na ang pag-aayuno ay kabilang sa mga pinakadakilang kabutihan.”¹

¹ Tafsir al-‘Uthaymeen (Al-Fatihah at Al-Baqarah) 2/316–317

Ang pag-aayuno ay binanggit sa talata na may layunin: **“upang kayo ay magkaroon ng taqwa (pagkatakot at pagkamalay sa Allah).”** Kaya ang pag-aayuno sa Ramadhan ay daan tungo sa taqwa. Ang kaluluwang napipigil at ang mga pagnanasang napuputol dahil sa pag-aayuno ay palatandaan at daan tungo sa taqwa.

Gaano kadalas na ang pag-aayuno ay naging panangga ng tao laban sa maraming kasalanan at pagkakamali. Gaano kadalas din na napipigil ng pag-aayuno ang sarili at ang mga hilig (pagnanasa) nito nang wasto, sumpa man sa Allah ito ang pinakamabuting pagpipigil.

Kabilang sa mga kabutihan ng buwan ng Ramadhan sa Qur'an ay na ito ay ginawang obligado ng Allah, at ipinakita Niya rito ang pagpapadali at pagpapagaan para sa Kanyang mga alipin. Inilarawan Niya ito bilang: **“ilang araw lamang (na binibilang).”** Ito ay mula sa Kanyang awa na kakaunti lamang ang mga araw na Kanyang itinakdang pag-ayunuhan.

Kabilang din sa Kanyang pagpapadali sa buwang ito ay ang pagbibigay ng pahintulot sa may mga dahilan (tulad ng maysakit at manlalakbay) na ipagpaliban ang pag-aayuno hanggang mawala ang dahilan. **“at sinuman ang may karamdaman o nasa paglalakbay, ang katumbas na bilang ng araw ng pag-aayuno sa ibang araw ay dapat tuparin bilang kabayaran ng pagliban.”**

Kabilang din sa mga kabutihan ng Ramadhan ay na ito ang buwan kung kailan ibinaba ang Dakilang Qur'an. Sinabi ng Allah: **“Buwan ng Ramadhan nang ipinahayag ang Qur'an, ito ay nagsisilbing patnubay para sa sangkatauhan at bilang mga malilinaw na katibayan ng patnubay at pamantayan sa pagitan ng wasto at mali.”**

Sinabi ni Ibn Katheer sa kanyang Tafseer: “Pinupuri ng Allah ang buwan ng pag-aayuno higit sa ibang mga buwan, dahil pinili Niya ito para sa pagbaba ng Dakilang Qur'an. At tulad ng pagkakapili rito para sa Qur'an, may mga ulat na ang mga banal na aklat ay ibinababa rin sa buwang ito sa mga propeta.”¹

¹ Tafsir Ibn Kathir 1/501

Isinalaysay ni Imam Ahmad sa kanyang *Musnad*, at itinuring na hasan ni Al-Albani sa *Sahih al-Jami'*, mula kay Wathilah ibn al-Asqa' (kalugdan siya nawa ng Allah) na sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ:

“Ang mga kalatas (Suhuf) ni Ibrahim ay ibinaba sa unang gabi ng Ramadhan. Ang Tawrah ay ibinaba matapos ang anim na araw ng Ramadhan, Ang Injil (Ebanghelyo) ay ibinaba matapos ang labintatlong araw ng Ramadhan, ang Zabur ay ibinaba matapos ang labingwalong araw ng Ramadhan, at ang Qur'an ay ibinaba matapos ang labing-apat na araw ng Ramadhan.”¹

Tungkol naman sa pagbaba ng Qur'an sa buwan ng Ramadhan, binanggit ni Ibn 'Abbas (kalugdan sila nawa ng Allah) na ito ay ibinaba nang minsanan mula sa *Lawh al-Mahfuz* patungo sa *Bayt al-'Izzah*, at pagkatapos ay ibinaba nang paunti-unti ayon sa mga pangyayari sa loob ng dalawampu't tatlong taon sa Sugo ng Allah ﷺ.² Ang unang pagbabang ito ay naganap sa buwan ng Ramadhan partikular sa dakilang Gabi ng Qadr (Laylatul Qadr), na higit na mabuti kaysa sa isang libong buwan. Sinabi ng Allah: **“Katotohanan, Aming ibinaba o ipinahayag ito ang Qur'an sa gabi ng kapasiyahan . At ano ba ang makapagpapaliwanag sa iyo kung ano ang gabi ng kapasiyahan? Ang gabi ng kapasiyahan ay higit na mabuti kaysa sa isang libong mga buwan. Dito [sa gabing ito] ay bumababa ang mga anghel at ang Banal na Espiritu sa kapahintulutan ng kanilang Panginoon para sa lahat ng bagay na napagpasiyahan .May kapayapaan sa gabing ito hanggang sa pagsapit ng buwang- liwayway.”** [Al-Qadr:1-5]

At dahil sa dakilang kahalagahan ng gabing ito sa marangal na buwang ito, ginawa ito ng Allah na panahon ng pagtatakda ng mga pangyayari para sa darating na taon. Sinabi ng Allah: **“[Isinusumpa Ko] sa malinaw na Aklat [ang Qur'an]. Katotohanan, Aming ibinaba o ipinahayag ito sa pinagpalang gabi. Katotohanan, Kami ay lagi nang nagbabala para sa sangkatauhan. Doon sa pinagpalang gabing iyon ay itinatakda ang bawa't kautusan na matalinong pinagpasyahan ukol sa mga pangyayari o bagay”** [Ad-Dukhaan:2-4]

¹ Musnad Ahmad (16984), Sahih al-Jami' ni Al-Albani (1497)

² Tingnan: Tafsir Ibn Kathir 8/441

Sinabi ni Al-Qurtubi: “Sa gabing iyon ay ipinagkakaloob ang napakaraming kabutihan na hindi matatagpuan sa loob ng isang libong buwan.”¹

O Allah, pagkalooban Mo kaming lahat ng tagumpay na mapagbuti ang pag-aayuno at pagdarasal sa gabi. Gawin Mo kami, O aming Panginoon, na kabilang sa mga tao ng pag-aayuno at ng Qur'an. Gawin Mo ang mga ito na maging tagapamagitan para sa amin sa pagpasok sa Iyong mga Paraiso, O Panginoon ng mga nilalang. O Allah, dinggin Mo nawa. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamabuti sa mga sugo ﷺ, at lahat ng papuri ay para sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.



¹ Tafsir Al-Qurtubi 20/131

Aralin 4

Mga Kainaman ng Buwan ng Ramadhan at ng

Pag-aayuno ayon sa Sunnah

Ang lahat ng papuri ay para sa Allah, ang Maawain at Mapagpatawad. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa Kanyang Propeta na si Muhammad, ang mapagpasalamat at mapagpuri. Pagkatapos nito:

Patuloy nating inaalala ang mga kabutihan ng dakilang buwang ito, sumpa man sa Allah, kay dakila nito! Kay ganda nito!

Kabilang sa mga kainaman ng buwan ng Ramadhan ang iniulat sa *Sahih Bukhari* at *Sahih Muslim* mula kay Abu Hurayrah (kalugdan siya nawa ng Allah) na sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ:

“Kapag dumating ang buwan ng Ramadhan, binubuksan ang mga pintuan ng langit, isinasara ang mga pintuan ng Impiyerno, at iginagapos ang mga demonyo.”¹

Ang kahulugan nito: kapag dumating ang Ramadhan, binubuksan ang mga pintuan ng langit na sa ibang mga salaysay ay ipinaliwanag na mga pintuan ng Paraiso² at isinasara ang mga pintuan ng Impiyerno para sa mga nag-aayuno. Ito ay bilang paggalang at pagpaparangal sa Ramadhan sa kataas-taasang kapulungan.

At ang mga demonyo ay iginagapos, ibig sabihin ay nilalagyan ng tanikala kaya humihina ang kanilang lakas. Hindi nila nagagawa sa Ramadhan ang nagagawa nila sa ibang buwan. Gayunman, nananatili pa rin ang kanilang panunukso at panlilinlang, ngunit ito ay mas kaunti at mas mahina kaysa sa ibang panahon, gaya ng binanggit ni Shaykh al-Islam Ibn Taymiyyah at iba pa.³

¹ Sahih Bukhari (1899), Sahih Muslim (1079)

² Sahih Bukhari (3277), Sahih Muslim (1079)

³ Tingnan: Majmu' al-Fatawa ni Ibn Taymiyyah 5/246

Kabilang din sa mga kainaman nito ang kapatawaran ng mga kasalanan para sa sinumang mag-ayuno at magsagawa ng pagdarasal sa gabi (qiyam) nang may pananampalataya at pag-asa sa gantimpala.

Iniulat sa Sahih Bukhari at Sahih Muslim mula kay Abu Hurayrah (kalugdan siya nawa ng Allah) na sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: *“Ang sinumang mag-ayuno sa Ramadhan nang may pananampalataya at pag-aasam ng gantimpala ay mapatatawad ang kanyang mga nakaraang kasalanan.”*¹

At sa Sahih Bukhari at Sahih Muslim din, mula sa kanya (Abu Hurayrah), sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: *“Ang sinumang magsagawa ng pagdarasal sa gabi sa Ramadhan (qiyam) nang may pananampalataya at pag-aasam ng gantimpala ay mapatatawad ang kanyang mga nakaraang kasalanan.”*²

At sa dalawang aklat na iyon din mula sa Sugo ﷺ : *“Ang sinumang magsagawa ng pagdarasal sa Laylatul Qadr nang may pananampalataya at pag-aasam ng gantimpala ay mapatatawad ang kanyang mga nakaraang kasalanan.”*³

Sinabi ni Imam An-Nawawi: “Ang ibig sabihin ng ‘may pananampalataya’ ay naniniwala na ito ay totoo at kinikilala ang kabutihan nito. At ang ‘may pag-aasam ng gantimpala’ ay na hangarin lamang ang Allah hindi para makita ng mga tao o anumang sumasalungat sa katapatan (ikhlas).”⁴

Kabilang din sa mga kainaman ng Ramadhan: sa bawat gabi nito ay may mga pinalalaya mula sa Impiyerno. Isinalaysay nina Tirmidhi at Ibn Majah at pinatotohanan ni Al-Albani mula kay Abu Hurayrah (kalugdan siya nawa ng Allah) na sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ:

“Kapag dumating ang unang gabi ng Ramadhan, iginagapos ang mga demonyo at mga mapanghimagsik na jinn, isinasara ang mga pintuan ng Impiyerno at walang nabubuksan mula rito, at binubuksan ang mga pintuan ng Paraiso at walang isinasarang pinto. At may isang tumatawag: ‘O naghahangad ng kabutihan, lumapit ka! O naghahangad ng kasamaan,

¹ Sahih Bukhari (38), Sahih Muslim (760)

² Sahih Bukhari (2009), Sahih Muslim (759)

³ Sahih Bukhari (2014), Sahih Muslim (760)

⁴ Sharh An-Nawawi ‘ala Sahih Muslim 6/39

tumigil ka!’ At ang Allah ay may mga pinalalaya mula sa Impiyerno at ito ay sa bawat gabi.”¹

Isinalaysay din ni Ibn Majah at pinatibay ni Al-Albani mula kay Jabir (kalugdan siya nawa ng Allah) na sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: *“Katotohanan, ang Allah ay may mga pinalalaya sa bawat oras ng iftar (pagputol ng pag-aayuno), at ito ay sa bawat gabi.”²*

Kabilang din sa mga kainaman nito: ang pag-aayuno sa Ramadan ay katumbas ng pag-aayuno ng sampung buwan. Isinalaysay ni Muslim sa kanyang Sahih mula kay Abu Ayyub Al-Ansari (kalugdan siya nawa ng Allah) na sinabi niya: *“Ang sinumang mag-ayuno sa Ramadhan at sundan ito ng anim na araw mula sa Shawwal, ito ay magiging tulad ng pag-aayuno sa buong taon.”³*

Kabilang din sa mga kabutihan ng Ramadhan: na ang sinumang magsagawa ng pagdarasal sa gabi kasama ang imam hanggang sa ito ay matapos, siya ay maitatala na parang nagdasal ng buong gabi. Isinalaysay ni Ahmad at ng mga may-akda ng Sunan at pinatotohanan ni Al-Albani mula kay Abu Dharr (kalugdan siya nawa ng Allah) na kanyang sinabi:

“Nag-ayuno kami kasama ang Sugo ng Allah ﷺ, at hindi niya kami pinangunahan sa pagdarasal (sa gabi) hanggang sa pitong gabi na lamang ang natitira sa buwan. Nagsilbing Imam siya sa amin hanggang sa lumipas ang isang katlo ng gabi. Hindi niya kami pinangunahan sa ika-anim na gabi, ngunit pinangunahan niya kami sa ikalimang gabi hanggang sa lumipas ang kalahati ng gabi. Sinabi namin: ‘O Sugo ng Allah, sana’y ipagpatuloy mo pa para sa amin ang natitirang bahagi ng gabing ito.’ Sinabi niya: ‘Ang sinumang tumayo (sa pagdarasal) kasama ang imam hanggang sa ito ay matapos, isusulat para sa kanya ang gantimpala ng pagdarasal ng isang buong gabi.’ Pagkatapos, hindi niya kami pinangunahan muli hanggang sa tatlong gabi na lamang ang natitira sa buwan. Pinangunahan niya kami sa ikatlong natitirang gabi at tinawag pa niya ang kanyang pamilya at mga asawa. Nagpatuloy siya hanggang sa natakot kami na maabutan ng falah.

¹ Sunan Tirmidhi (682), Sunan Ibn Majah (1642), Sahih Sunan Tirmidhi (Al-Albani)

² Sunan Ibn Majah (1643), Sahih Sunan Ibn Majah (Al-Albani)

³ Sahih Muslim (1164)

Tinanong ko: ‘Ano ang falah?’ Sinabi niya: ‘Ang suhur (pagkain bago magmadaling-araw).’¹

Kabilang din sa mga kainaman ng Ramadhan: na ang ‘umrah sa buwang ito ay katumbas ng Hajj kasama ang Propeta ﷺ. Sa Sahih Bukhari at Sahih Muslim, mula kay Ibn ‘Abbas (kalugdan sila nawa ng Allah), sinabi ng Propeta ﷺ sa isang babaeng Ansari:

“Ano ang pumipigil sa iyo na magsagawa ng Hajj kasama namin?” Sinabi niya: “Wala kaming iba kundi dalawang kamelyo. Ang ama ng aking anak at ang aking anak ay nag-Hajj gamit ang isang kamelyo at nag-iwan ng isa sa amin upang gamitin sa pagkuha ng tubig.” Sinabi ng Propeta ﷺ: “Kapag dumating ang Ramadhan, magsagawa ka ng ‘umrah, sapagkat ang ‘umrah sa Ramadhan ay katumbas ng Hajj.” At sa isang salaysay ni Muslim: “katumbas ng Hajj kasama ko.”²

Ang nadih ay kamelyong ginagamit sa pagkuha o pagdadala ng tubig. Ang ‘umrah na ito ay hindi pumapalit sa obligadong Hajj sa Islam ayon sa pagkakaisa ng mga iskolar.³ Hindi ibig sabihin na kapag ang isang gawain ay katumbas ng isa pa ay sapat na itong kapalit nito. Ito ay katumbas lamang sa gantimpala, hindi bilang kapalit sa obligasyon.⁴

Kabilang sa mga kainaman ng buwan ng Ramadhan ay na ito ay buwan ng pagiging bukas-palad, paggawa ng kabutihan, at pag-aaral ng Qur’an. Sa Sahih Bukhari at Sahih Muslim, mula kay Ibn ‘Abbas (kalugdan sila nawa ng Allah), sinabi niya:

“Ang Sugo ng Allah ﷻ ang pinakabukas-palad sa mga tao, at lalo siyang nagiging bukas-palad sa buwan ng Ramadhan kapag nakikipagkita sa kanya si Jibril. Nakikipagkita sa kanya si Jibril tuwing gabi ng Ramadhan at ibinabalik-aral sa kanyan ang Qur’an. Tunay na ang Sugo ng Allah ﷻ ay higit

¹ Musnad Ahmad (21447), Abu Dawud (1375), An-Nasa’i (1364), At-Tirmidhi (734), Ibn Majah (1327), Sahih Abu Dawud (Al-Albani)

² Sahih Bukhari (1782), Sahih Muslim (1256)

³ Tingnan: Sharh Sahih Bukhari ni Ibn Battal 4/438

⁴ Tingnan: Majmu‘ Fatawa wa Rasa’il Ibn ‘Uthaymeen 20/71

na bukas-palad sa paggawa ng kabutihan kaysa sa hanging malayang umiihip.”¹

Kabilang din sa mga kabutihan nito: na ang pag-aayuno at pagdarasal sa gabi (qiyam) sa Ramadhan ay kabilang sa mga dahilan upang makasama ang mga matutuwid (siddiqin) at mga martir (shuhada). Isinalaysay nina Ahmad, Ibn Khuzaymah, at Ibn Hibban—at pinatotohanan ni Al-Albani mula kay ‘Amr ibn Murrah Al-Juhani (kalugdan siya nawa ng Allah), na isa sa mga kasamahan ng Propeta ﷺ nagsabi:

May isang lalaking mula sa Quda‘ah ang dumating sa Sugo ng Allah ﷻ at nagsabi: *“O Sugo ng Allah, ano sa palagay mo kung ako ay sumaksi na walang diyos maliban sa Allah at ikaw ay Sugo ng Allah, nagsagawa ng limang dasal, nag-ayuno ng buwan (Ramadhan), nagdasal sa gabi ng Ramadhan, at nagbigay ng zakah?”* Sinabi ng Propeta ﷺ: *“Ang sinumang mamatay sa ganitong kalagayan ay kabilang sa mga siddiqin at mga shuhada.”²*

Marami ring kabutihan na binanggit tungkol sa pag-aayuno sa pangkalahatan, hindi lamang sa Ramadhan. Sa *Sahih Muslim*, mula kay Abu Hurayrah (kalugdan siya nawa ng Allah), sinabi ng Propeta ﷺ na sinabi ng Allah:

“Ang bawat gawa ng anak ni Adan ay para sa kanya, maliban sa pag-aayuno—ito ay para sa Akin at Ako ang magbibigay ng gantimpala para rito. Sumpa man sa Kanya na may hawak ng kaluluwa ni Muhammad, ang amoy mula sa bibig ng nag-aayuno ay higit na kaaya-aya sa Allah kaysa sa halimuyak ng musk.”³

Sa *Sahih Muslim* ay naiulat din mula sa kanya na sinabi ng Allah:

“Ang bawat gawa ng anak ni Adan ay para sa kanya, maliban sa pag-aayuno; sapagkat ito ay para sa Akin at Ako ang magbibigay ng gantimpala para rito. Ang pag-aayuno ay panangga (kalasag). Kaya kapag araw ng pag-aayuno ng isa sa inyo, huwag siyang magsalita ng mahalay at huwag makipagtalo o

¹ Sahih Bukhari (6), Sahih Muslim (2308)

² Musnad Ahmad 39/522, Sahih Ibn Khuzaymah (2212), Sahih Ibn Hibban (3438), Sahih at-Targhib wat-Tarhib (361)

³ Sahih Muslim (1151)

sumigaw. At kung siya ay inalipusta o hinamon ng pakikipaglaban ng sinuman, sabihin niya: ‘Ako ay isang nag-aayuno.’”¹

At ang kahulugan ng “Junnah” :ibig sabihin ay panangga o pananggalang laban sa mga kasalanan. At ang kahulugan ng “Yuskhah”: sumisigaw o nagsisigawan.

At pangalagaan mo ang buwan ng pag-aayuno, sapagkat ito ay ikalima sa mga haligi ng relihiyon ni Muhammad.

Isinasara ang mga pintuan ng Impiyerno kapag ito’y dumarating, at binubuksan ang mga pintuan ng Paraiso para sa mga sumasamba.

Pinagaganda ang mga hardin ng kasaganahan at ang mga huri nito, para sa mga taong kinalulugdan sa buwang ito at sa mga taong masigasig sa pagsamba.

At ito’y tinangi ng Dakilang Allah ng isang gabi na mas mainam kaysa sa isang libong buwan kaya ito’y paghandaan at abangan.

Kaya mapahiya ang taong pinuputol ang (pagpapahalaga sa) buwan habang siya’y pabaya, at kay dakila ang gantimpala ng taos-pusong sumasamba.

Kaya tumindig ka sa gabi nito (sa pagdarasal), at gugulin ang iyong araw na nag-aayuno, at pangalagaan ang iyong pag-aayuno laban sa bawat masama at nakasisira.

¹ Sahih Muslim (1151)

O Allah, gawin Mo kaming kabilang sa mga nag-aayuno sa Ramadhan nang may pananampalataya at paghahangad ng gantimpala, upang Iyong patawarin at kaawaan, at lumapit sa Iyo at Iyong tatanggapin.

O Allah, Ameen. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamabuting Sugo, at ang lahat ng papuri ay sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.



Aralin 5

Mga Nakasisira ng Pag-aayuno sa Ramadhan (1)

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah, ang Kataas-taasan, at ang pagpapala at kapayapaan ay nawa'y mapasa Propeta na Pinili. Pagkatapos nito:

Ang mga nakasisira ng pag-aayuno ay pito, at ito ang mga sumusunod:

- 1- Pakikipagtalik.
- 2- Pagsasalsal (masturbation).
- 3- Pagkain at pag-inom.
- 4- Anumang katumbas ng pagkain at pag-inom (mga pumapalit o katumbas nito).
- 5- Paglabas ng dugo sa pamamagitan ng cupping (hijāmah) at mga katulad nito.
- 6- Sadyang pagsusuka.
- 7- Paglabas ng dugo ng regla (ḥayḍ) o pagdurugo matapos manganak (nifās) sa babae.

Ang una sa mga ito ay ang pakikipagtalik, at ito ang pinakamabigat sa mga nakasisira ng pag-aayuno at may pinakamalaking kasalanan.

Kapag ang isang lalaki ay nakipagtalik sa kanyang asawa sa araw ng Ramadhan sa paraang nagtagpo ang dalawang ari at ang dulo (glans) ay pumasok sa alinman sa dalawang daanan nang sinasadya at may sariling kagustuhan, habang ang pag-aayuno ay obligasyon sa kanya, tunay na nasira ang kanyang pag-aayuno, lumabas man ang semilya o hindi.

At tungkulin niya ang: Pagsisisi (tawbah), pagpapatuloy na magpigil (mag-aayuno) sa natitirang bahagi ng araw, at pagbabayad (qaḍā') ng araw na iyon.

Tungkol sa mabigat na kabayaran (kaffārah): dumating sa Sahih Bukhari at Sahih Muslim mula kay Abu Hurayrah (kalugdan siya nawa ng Allah) na nagsabi:

“May isang lalaking lumapit sa Propeta ﷺ at nagsabi: ‘Napahamak ako, O Sugo ng Allah!’ Sinabi niya: ‘Ano ang nagpahamak sa iyo?’ Sinabi niya: ‘Nakipagtalik ako sa aking asawa sa Ramadhan.’ Sinabi niya: ‘May kaya ka bang magpalaya ng alipin?’ Sinabi niya: ‘Wala.’ Sinabi niya: ‘Kaya mo bang mag-ayuno ng dalawang magkasunod na buwan?’ Sinabi niya: ‘Hindi.’ Sinabi niya: ‘May maipapakain ka bang animnapung mahihirap?’ Sinabi niya: ‘Wala...’”¹

At ang kaffārah ay hindi kinakailangan sa ibang nakasisira ng pag-aayuno maliban sa pakikipagtalik.

Ikalawang nakasisira ng pag-aayuno: ang pagsasalsal (istimnā’): ito ay ang pagpapalabas ng semilya gamit ang kamay o katulad nito.

Nabanggit sa Sahih Bukhari at Muslim ang sinabi ng Allah sa hadith qudsi tungkol sa nag-aayuno: *“Iniiwan niya ang kanyang pagkain, inumin, at pagnanasa alang-alang sa Akin.”*² At ang pagpapalabas ng semilya ay kabilang sa pagnanasa na iniwasan ng nag-aayuno.

Kaya ang sinumang nagsalsal sa araw ng Ramadhan nang kusa kailangang magsisi sa Allah, magpatuloy na magpigil (mag-ayuno) sa natitirang oras ng araw, at magbayad (qadā’) ng araw na iyon pagkatapos ng Ramadhan. Kung sinimulan niya ngunit tumigil at walang lumabas na semilya, kailangan pa rin ang pagsisi ngunit wasto ang kanyang pag-aayuno at walang qadā’ dahil walang pagpapalabas. Dapat iwasan ng nag-aayuno ang anumang nakapagpapasigla ng pagnanasa at itaboy ang masasamang kaisipan. Ngunit kung nagkaroon ng wet dream (panaginip na may labas ng semilya) sa pagtulog sa araw ng Ramadhan, wala siyang kasalanan at itutuloy lamang ang pag-aayuno dahil ito ay hindi sinasadya. Tungkol naman sa paglabas ng Madhi³ ang tamang pananaw ay hindi nito napapawalang-bisa ang pag-aayuno.

¹ Sahih Bukhari (1936), Sahih Muslim (1111).

² Sahih Bukhari (7492), Sahih Muslim (1151).

³ Sinabi ng Permanent Committee for Fatwa:

Una: Pagkakaiba ng mani (semilya) at madhiy (pre-ejaculate): Ang *mani* ng lalaki ay makapal at maputi; sa babae naman ay mas malabnaw at manilaw-nilaw. Ang *madhiy* ay malabnaw, maputi, at malagkit na likido na lumalabas kapag may paglalambingan, pag-iisip tungkol sa pagtatalik, pagnanais nito, pagtingin, o iba pang katulad nito. Ito ay maaaring lumabas sa lalaki at babae. **Ikalawa:** Yaong kinakailangan ang pagligo

Ikatlong nakakasira ng pag-aayuno: pagkain o pag-inom.

Ito ay ang pagpasok ng pagkain o inumin sa tiyan sa pamamagitan ng bibig. Gayundin, kung may ipinasok sa tiyan sa pamamagitan ng ilong, ito ay katulad ng pagkain at pag-inom. Dahil dito ay isinalaysay ni Ahmad at ng mga may-akda ng Sunan at pinatotohanan ni Al-Albani mula kay Laqit ibn Sabirah (kalugdan siya nawa ng Allah) na sinabi ng Propeta ﷺ: *“Lubusan mong singhutin ang tubig patungo sa ilong (istinshaq), maliban kung ikaw ay nag-aayuno.”*¹

Kung ang pagpasok ng tubig sa tiyan sa pamamagitan ng ilong ay walang epekto sa pag-aayuno, hindi sana ipinagbawal ng Propeta ﷺ sa nag-aayuno ang labis na pagsinghot ng tubig sa ilong.

Dahil dito, ang pagpatak sa ilong (drops) ay nakakasira ng pag-aayuno kung nalalasaan ito sa lalamunan, sapagkat ang ilong ay daanan papunta sa tiyan.

Ikaapat na nakakasira ng pag-aayuno: yaong katumbas ng pagkain at pag-inom

Saklaw nito ang dalawang bagay:

1. Pagsasalin o pagtuturok ng dugo (blood transfusion) sa nag-aayuno, tulad ng kung siya ay nawalan ng dugo at tinuruan ng dugo, ito ay nakakasira ng pag-aayuno, sapagkat ang dugo ay pangunahing pinagmumulan ng nutrisyon mula sa pagkain at inumin.
2. Mga nutritive injection (turok na pampalusog) na maaaring ipalit sa pagkain at inumin, sapagkat ito ay katumbas ng pagkain at pag-inom. Ang dialysis (paghuhugas ng bato/kidney dialysis) na nangangailangan ng paglabas ng dugo upang linisin at ibalik muli na may halong kemikal at nutrisyon tulad ng sugar at salt ay itinuturing na nakakasira ng pag-aayuno.

(ghusl): Ang nangangailangan ng ghusl (buong paligo) ay ang *mani*. Ang *madhiy* naman ay hindi kailangan ng ghusl; sa halip: hugasan ang ari at mga bayag na tinamaan nito, magsagawa ng wudu para sa pagdarasal, at wisikan (ng tubig) ang anumang tinamaan nito sa katawan o damit.

Pinagkunan: *Fatawa ng Permanent Committee for Fatwa*, unang koleksyon, volume 5, pahina 418.

¹) Musnad Ahmad (Hadith blg. 16380), Sunan Abi Dawud (Hadith blg. 2366), Sunan an-Nasa'i (Hadith blg. 87), Sunan at-Tirmidhi (Hadith blg. 788), Sunan Ibn Majah (Hadith blg. 407), Pinatotohanan ni Al-Albani sa Sahih Sunan Abi Dawud.

Ikalimang nakakasira ng pag-aayuno: pagpapalabas ng dugo sa pamamagitan ng cupping (hijamah) Batay sa isinalaysay ni Ahmad at ng mga may-akda ng Sunan at pinatotohanan ni Al-Albani Isinalaysay ng ilang mga Sahaba na sinabi ng Propeta ﷺ: “Nasira ang pag-aayuno ng nag-hijamah (nagtandok o cupping) at ng ginawan ng hijamah.”¹

Ang maituturing na pagpapalabas ng dugo sa pamamagitan ng hijamah ay ang pagdo-donate ng dugo, sapagkat ito ay may epekto sa katawan na katulad ng hijamah.

Batay dito, hindi pinahihintulutan sa isang nag-aayuno ng obligadong pag-aayuno na mag-donate ng dugo habang siya ay nag-aayuno, maliban kung may isang taong nasa matinding pangangailangan. Sa ganitong kalagayan, pinahihintulutan ang pagdo-donate, ngunit masisira ang kanyang pag-aayuno at kailangan niyang magbayad ng araw na iyon.

Ang sinumang makaranas ng pagdurugo (bleeding) ay nananatiling wasto ang kanyang pag-aayuno, sapagkat ito ay hindi niya sinadya.

Tungkol naman sa paglabas ng dugo dahil sa pagbunot ng ngipin, paghiwa sa sugat, blood test, pagdurugo ng ilong (nosebleed), at mga katulad nito, hindi nito sinisira ang pag-aayuno, sapagkat ito ay hindi hijamah at hindi rin katulad nito, dahil hindi ito may parehong epekto sa katawan tulad ng hijamah.

O Allah, bigyan Mo kami ng malalim na pag-unawa sa relihiyon, ingatan Mo ang aming pag-aayuno at pagdarasal sa gabi, at tanggapin Mo ito mula sa amin.

O Allah, Patawarin Mo kaming lahat. Nawa’y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamahasag sa mga isinugo, at ang lahat ng papuri ay para sa Panginoon ng lahat ng nilalang.



¹ Musnad Ahmad (8753), Sunan Abi Dawud (2369), Al-Sunan al-Kubra ni An-Nasa’i (3126), Sunan at-Tirmidhi (774), Sunan Ibn Majah (1979), at Sahih Sunan Abi Dawud ayon kay Al-Albani.

Aralin 6

Mga Nakasisira ng Pag-aayuno sa Ramadan (2)

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah na Siyang Nagkaloob sa atin ng pag-aayuno, at nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamahusay sa sangkatauhan.

At pagkatapos:

Sa nakaraang aralin ay natalakay ang mga nakakasira ng pag-aayuno, at nabanggit ang limang bagay, ito ay:

1. Pakikipagtalik
2. Pagsasalsal (masturbation)
3. Pagkain at pag-inom
4. Mga katumbas ng pagkain at pag-inom
5. Pagpapalabas ng dugo sa pamamagitan ng hijamah at katulad nito

Sa araling ito ay ipagpapatuloy ang natitirang mga nakakasira ng pag-aayuno. At kasunod nito ang **Ikaanim na nakakasira ng pag-aayuno**: Sadyang pagsusuka.

Isinalaysay ng mga may-akda ng Sunan at pinatotohanan ni Al-Albani mula kay Abu Hurayrah (kalugdan siya nawa ng Allah) na ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

“Ang sinumang nakapagsuka nang hindi sinasadya ay walang kailangang bayaran, ngunit ang sinumang sadyang nagsuka ay kailangang magbayad.”¹

Ang ibig sabihin ng “nakapagsuka nang hindi sinasadya” ay iyong hindi niya napigilan.

Kaya ang sinumang sadyang magsuka sa pamamagitan ng pagpasok ng daliri sa bibig, pagpiga o pagdiin sa tiyan, sadyang pag-amoy ng mabahong amoy o

¹ Sunan Abi Dawud (Hadith 2380), Sunan al-Kubra ng An-Nasa'i (3119), Sunan at-Tirmidhi (653), Sunan Ibn Majah (1676), Pinatotohanan ni Al-Albani sa Sahih Sunan Abi Dawud

patuloy na pagtingin sa bagay na nagdudulot ng pagsusuka ay kinakailangang mag-qada'. Ngunit kung ang kanyang tiyan ay sumama ang pakiramdam (nasusuka), hindi niya kailangang pigilan ang pagsusuka, sapagkat ito ay maaaring makasama sa kanya.

Ikapitong nakakasira ng pag-aayuno: Paglabas ng dugo ng regla (ḥayḍ) at pagdurugo matapos manganak (nifās).

Isinalaysay ni Al-Bukhari sa kanyang *Sahih* mula kay Abu Sa'id Al-Khudri (kalugdan siya nawa ng Allah) na sinabi ng Propeta ﷺ: “Hindi ba’t kapag nirereгла ang babae ay hindi siya nagdarasal at hindi siya nag-aayuno?”¹

Kaya kapag ang babae ay nakakita ng dugo ng regla o nifas, nasira ang kanyang pag-aayuno, kahit pa ito ay sandali lamang bago lumubog ang araw.

Ngunit kung naramdaman ng babae ang paggalaw ng dugo ng regla ngunit hindi ito lumabas kundi pagkatapos ng paglubog ng araw, ang kanyang pag-aayuno ay wasto at tanggap ang araw na iyon.

Kung ang regla o nifas ay tumigil sa gabi at siya ay naglayon (niyyah) na mag-aayuno, pagkatapos ay sumapit ang fajr bago pa siya nakapaligo (ghusl), ayon sa pinagkaisahang pananaw ng mga iskolar, wasto ang kanyang pag-aayuno.²

Mas mainam para sa babaeng may regla na manatili sa natural na kalagayan na itinakda ng Allah sa kanya, at masiyahan sa itinakda sa kanya ng Allah. Hindi niya kailangang gumamit ng paraan upang pigilan ang paglabas ng dugo.

Dapat niyang tanggapin ang pahintulot ng Allah na hindi mag-aayuno sa panahong iyon, at mag-qada' na lamang pagkatapos. Ganito ang gawain ng mga Ina ng mga Mananampalataya at ng mga kababaihan noong unang panahon.

¹ Sahih Al-Bukhari (Hadith 304)

² Tingnan: *Fath al-Bari* ni Ibn Hajar (4/148)

Dagdag pa rito, napatunayan sa medisina na marami sa mga paraang pampigil ng regla ay may masamang epekto, at maraming kababaihan ang nagkaroon ng problema sa kanilang menstrual cycle dahil dito.

Gayunman, kung ang isang babae ay gumamit ng paraan upang mapatigil ang dugo at ito ay tumigil, at siya ay naging malinis at nag-ayuno, ito ay sapat at tanggap ang kanyang pag-aayuno.

Ito ang mga nakakasira ng pag-aayuno. Binanggit ni Shaykh Ibn ‘Uthaymin na ang lahat ng ito maliban sa regla at nifas ay hindi nakakasira ng pag-aayuno maliban kung natupad ang tatlong kundisyon: May kaalaman siya rito at hindi mangmang, nakakaalaala at hindi nakalimot, at pinili niya ito at hindi siya pinilit, At kanyang ipinaliwanag nang detalyado ang mga patunay para rito mula sa Qur’an at Sunnah.

Para sa kapakinabangan: babanggitin natin ang ilang bagay na **HINDI nakakasira ng pag-aayuno at kabilang dito ang:**

- Mga injection na hindi pampalusog (non-nutritive injections), maging ito man ay sa kalamnan o sa ugat, tulad ng insulin at iba pa, at pagpatak sa mata at tainga, Asthma inhaler at oxygen, paggamit ng pabango at insenso (bukhoor) basta hindi sadyang nilalanghap ang usok nito, Lip balm / pampahid sa labi, pagkawala ng malay (pagkahimatay) sa maghapon, Kohl (eye liner), paglunok ng laway, Pagtikim ng pagkain kapag kinakailangan nang hindi nilulunok at alikabok.
- Mga tableta na inilalagay sa ilalim ng dila para sa angina o iba pang sakit, kung iiwasan ang paglunok ng anumang umabot sa lalamunan.
- Mga suppository na ipinapasok sa puwit (rectal medication) o mga endoscope na ipinapasok sa katawan, basta walang kasamang pagpasok ng likido (solutions) o iba pang sangkap.
- Pagbunot ng ngipin o paglilinis ng ngipin gamit ang siwak o toothbrush, basta iiwasan ang paglunok ng anumang umabot sa lalamunan.
- Pagmumog at gargle, at medicated mouth spray, basta iiwasan ang paglunok ng anumang umabot sa lalamunan.

- Oxygen gas at anesthesia gas, hangga't walang kasamang nutritive fluids na ibinibigay sa pasyente.
- Mga bagay na pumapasok sa katawan sa pamamagitan ng balat, tulad ng mga ointment, pamahid, at medicated skin patches na may kemikal o gamot.
- Pagkuha ng tissue samples (biopsy) mula sa atay o ibang bahagi ng katawan, basta walang kasamang paglalagay ng likido (solutions).

O Allah, bigyan Mo kami ng malalim na pag-unawa sa relihiyon at pagkalooban Mo kami ng mabuting pag-aayuno at pagdarasal sa gabi. Ameen
O Allah, Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamahusay sa mga isinugo, at ang lahat ng papuri ay para sa Panginoon ng lahat ng nilalang.



Aralin 7

Paano Tayo Mamuhay Kasama ang Qur'an sa Ramadhan

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah, ang Mapagbigay at Mapagkaloob, at nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa kay Muhammad Kanyang alipin at Sugo ang pinakamahusay na bumigkas at nagsabuhay ng Qur'an. At pagkatapos:

Ang Ramadhan at ang Qur'an ay magkaugnay, kay ganda ng dalawang pagkakaugnay na ito! Magkaugnay sila sa Qur'an, sinabi ng Allah: **“Buwan ng Ramadhan [nang] ipinahayag ang Qur'an,”** [Al-Baqarah:185]

“Ang pag-aayuno at ang Qur'an ay kapwa mamamagitan para sa alipin (ng Allah). Sasabihin ng pag-aayuno: O Panginoon! Pinipigilan ko siya sa pagkain at pagnanasa sa maghapon, kaya payagan Mo akong mamagitan para sa kanya. At sasabihin ng Qur'an: Pinipigilan ko siya sa pagtulog sa gabi, kaya payagan Mo akong mamagitan para sa kanya. Kaya silang dalawa ay papayagang mamagitan.”¹

O kayong mga nag-aayuno! ang pagpapala ay nasa ating mga kamay, at ang mga kabutihan nito ay nasa ating paligid. At ang tunay na pagpapala ng buhay at pag-iral Sumpa man sa Allah ay pamamagitan ng pamumuhay kasama ang Qur'an. **Ito ang Aklat Qur'an na Aming ibinaba o ipinahayag sa iyo O Muhammad, tigib ng pagpapala, upang kanilang mapagnilay-nilay ang mga ayaat o babala nito, at upang makaalaala ang mga nagtataglay ng pang-unawa.** [Sad: 29]

Tunay, ang pagpapala ng buhay ay nasa pamumuhay kasama ang Qur'an. Walang mas sagana at mas ganap sa gantimpala kaysa rito: sa bawat titik ay may isang kabutihan, at ang isang kabutihan ay pinararami nang sampung beses o higit pa na tanging ang Allah lamang ang nakaaalam.

Tunay, ang pagpapala ng buhay ay nasa pamumuhay kasama ang Qur'an. Ang tahanan ng taong kasama ang Qur'an ay tinatakan ng mga demonyo. Sinabi ng Propeta ﷺ:

¹ Musnad Ahmad (Hadith 6626); Sahih at-Targhib wat-Tarhib ni Al-Albani (984)

“...Tunay na ang demonyo ay tumatakas sa bahay na binibigkas dito ang Surah Al-Baqarah.” Isinalaysay ni Muslim¹

Tunay na ang pagpapala ng buhay sa pamamagitan ng pamumuhay kasama ang Qur'an. Sinabi ni Abu Hurayrah (kalugdan nawa siya ni Allah): *“Kapag ang Aklat ng Allah ay binibigkas sa isang bahay, lumuluwag ito para sa mga naninirahan dito, dumarami ang kabutihan nito, dinadalaw ito ng mga anghel, at lumalabas dito ang mga demonyo. Ngunit ang bahay na hindi binibigkas dito ang Aklat ng Allah ay sumisikip para sa mga naninirahan dito, kumakaunti ang kabutihan nito, lumalayo rito ang mga anghel, at dinadalaw ito ng mga demonyo.”* — Isinalaysay ni Ibn Abi Shaybah.²

Tunay na ang pagpapala ng buhay ay nasa pamumuhay kasama ang Qur'an. Ang taong abala sa pag-aaral at pagtuturo nito ay nasa pinakamarangal at pinakamataas na gawain. Sinabi ng Propeta ﷺ: *“Ang pinakamabuti sa inyo ay yaong nag-aaral ng Qur'an at nagtuturo nito.”* Isinalaysay ni Al-Bukhari.³

Tunay na ang pagpapala ng kabilang-buhay ay para sa taong namuhay kasama ang Qur'an. Walang higit na mamamagitan kaysa rito sa Araw ng Paghuhukom. Sinabi ng Propeta ﷺ: *“Basahin ninyo ang Qur'an, sapagkat ito ay darating sa Araw ng Paghuhukom bilang tagapamagitan para sa mga kasama nito.”* Isinalaysay ni Muslim.⁴

Walang mas kapaki-pakinabang pa kaysa sa Qur'an para sa pag-angat ng antas sa Paraiso. Sinabi ng Sugo ng Allah ﷻ: *“Sasabihin sa kasama ng Qur'an: Magbasa, umangat, at bigkasin mo ito nang maayos tulad ng iyong pagbigkas noon sa mundo, sapagkat ang iyong katayuan ay nasa huling talata na iyong mabibigkas.”* Isinalaysay nina Ahmad, Abu Dawud, An-Nasa'i, at At-Tirmidhi (na nagsabing: hasan sahih).⁵

¹ Sahih Muslim (780).

² Musannaf Ibn Abi Shaybah (30650)

³ Sahih Al-Bukhari (5027)

⁴ Sahih Muslim (804)

⁵ Musnad Ahmad (6798), Sunan Abi Dawud (1464), An-Nasa'i (8002), At-Tirmidhi (2914), Sahih Abi Dawud ni Al-Albani

Ang sinumang namuhay kasama ang Qur'an sa patnubay ay nagiging matatag: **“Sabihin mo O Muhammad: “Ang Banal na Espiritu (Jibril) ang nagpahayag nito ng Qur'an mula sa iyong Panginoon sa katotohanan, upang patatagin ang Eeman niyaong mga naniniwala at magsilbing patnubay at magandang balita para sa mga tumatalima sa Allah bilang Muslim”.** [An-Nahl : 102]

Ang sinumang namuhay kasama ang Qur'an ay nagiging maayos ang kanyang relihiyon, buhay sa mundo, at kabilang-buhay; kaya siya ay napapatnubayan sa pinakamatuwid na landas sa lahat ng ito: **“Katotohanan, itong Qur'an ay nagpapatnubay tungo sa anumang higit na nararapat [o matwid]”** [Al-Israa':9]

Ang iyong minamahal na Propeta ﷺ ay namuhay kasama ang Qur'an sa Ramadhan sa paraang naiiba sa ibang buwan. Napatunayan sa Bukhari na si Jibril ay: *“Nakikipagkita sa kanya tuwing gabi ng Ramadan at pinag-aaralan nila ang Qur'an.”*¹

Sinabi ni Imam Ibn Hajar: “Ang malinaw na kahulugan nito ay na bawat isa sa kanila ay bumibigkas sa harap ng isa.”²

Sinabi ni Imam Ibn Rajab: “Ipinapakita rin ng hadith na ito ang kahalagahan ng pag-aaral ng Qur'an sa Ramadhan, ang pagtitipon para rito, ang pagbigkas sa harap ng mas bihasa rito, at patunay ito sa kanais-nais na pagdami ng pagbasa ng Qur'an sa buwan ng Ramadhan.”³

Ang mga salaf as-salih (mga naunang matutuwid) ay may matinding pagtutok sa Qur'an sa Ramadan. Si Ibn Mas'ud (kalugdan siya nawa ng Allah) ay tinatapos ang Qur'an tuwing tatlong araw sa Ramadhan.⁴

Si Ibrahim An-Nakha'i ay nagbabasa ng Qur'an tuwing tatlong araw sa Ramadhan, at kapag dumating ang huling sampung gabi ay tinatapos niya ito tuwing dalawang gabi at naliligo tuwing gabi.⁵

¹ Sahih Al-Bukhari (6)

² Fath al-Bari ni Ibn Hajar 9/45

³ Lata'if al-Ma'arif ni Ibn Rajab p. 169

⁴ As-Sunan al-Kubra ni Al-Bayhaqi (4059)

⁵ Musannaf 'Abd al-Razzaq as-San'ani (5955)

Si Imam Al-Bukhari ay nagtatapos ng isang buong Qur'an bawat araw at gabi sa Ramadhan.¹

Sinabi ni Shaykh Ibn Baz: “Ang malinaw na nauunawaan -at si Allah ang higit na nakaaalam- na mula sa gabay ng mga salaf ay ang pagpaparami ng pagbasa ng Qur'an at pagsisikap na makapag-ulit ng maraming khatm (pagtatapos ng buong Qur'an); sapagkat ito ay isang pagkakataon kasabay ng pagninilay at pag-unawa.”²

Kaya mamuhay ka kasama ang Qur'an nang masaya at makabuluhan sa Ramadhan. Ipinapayo ko sa iyo na kapag haharap ka sa Qur'an ay alisin mo ang anumang nakakaabala o pumuputol sa iyong pagtuon lalo na ang cellphone sa iyong kamay. Ilagay mo muna ito sa tabi, i-silent, o patayin. Basahin mo ang Qur'an gamit ang iyong dila, hindi lamang ng iyong mga mata; sapagkat ang pagbasa gamit ang mata lamang na walang pagbigkas ay hindi itinuturing na ganap na pagbigkas.³ Basahin mo ang Qur'an bilang isang taong nagmumuni-muni at nag-iisip, na nagnanais maunawaan ang mensahe nito at makinabang sa Aklat. Ulitin mo ang mga talatang tumatama sa iyong puso gaya ng pag-uulit ng iyong minamahal na Propeta ﷺ. Damhin mo ang mga talata: Kapag binanggit ang kabilang-buhay, wari'y ikaw ay nabubuhay roon. Kapag binanggit ang Allah, wari'y inaalala mo ang iyong pagtayo sa harap Niya, na may dakilang paggalang sa Kanya. Sa ganitong paraan, mabubuhay ka ng isang kapaki-pakinabang na buhay kasama ang Qur'an, at makakamit mo ang marami sa mga pagpapala nito.

Ang taong namumuhay kasama ang Qur'an ay nananabik dito at nagagalak sa pakikipagtagpo rito—tulad ng iyong kagalakan sa ulan, sa lupang naging luntian at namulaklak at namunga. Iyan ang tagsibol ng mundo. Kaya nga dumating ang panalangin na nagpapalapit sa kahulugan:

“O Allah, gawin Mo ang Dakilang Qur'an na tagsibol ng aming mga puso.”

¹ Shu'ab al-Iman ni Al-Bayhaqi (2058)

² Fatawa ad-Durus mula sa website ni Shaykh Ibn Baz: binbaz.org.sa/fatwas/2974

³ Majmu' Fatawa Ibn Baz 8/363 Fatawa Nur 'ala ad-Darb ni Ibn 'Uthaymin 2/5

O Allah, gawin Mo ang Dakilang Qur'an na tagsibol ng aming mga puso, liwanag ng aming mga dibdib, pampawi ng aming mga kalungkutan, at tagapag-alis ng aming mga alalahanin at dalamhati. Ameen, O Allah. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasapinakamainam sa mga sugo, at ang lahat ng papuri ay para lamang kay Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.



Aralin 8

Pagbigkas ng Qur'an at ang mga Adab (Wastong Asal) Nito

Ang lahat ng papuri ay para lamang kay Allah na nag-utos sa atin na basahin ang Qur'an. Sinabi Niya: **“Sabihin mo, O Muhammad, “Ako ay napag-utusan lamang na sambahin ang Panginoon ng lungsod na ito ng Makkah, na Kanyang ginawang sagrado at Siyang nagmamay-ari ng lahat ng bagay. At ako ay napag-utusan na maging isa sa mga Muslim tumatalima sa Allah. At upang bigkasin ang Qur'an.”** [An-Naml: 91- 92]

Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa Sugo na humimok sa atin sa pagbabasa ng Qur'an. Sinabi niya ﷺ: *“Basahin ninyo ang Qur'an, sapagkat ito ay darating sa Araw ng Paghuhukom bilang tagapamagitan para sa mga kasamahan nito.”*¹

At pagkatapos:

Sa pagbigkas ng Qur'an ay napakadakilang mga gantimpala. Ito—sa pamamagitan ni Allah—ay isang kalakal na hindi malulugi. Sinabi ni Allah: **“Katotohanan, yaong mga bumibigkas ng Aklat ng Allah Qur'an, at nagsasagawa ng pagdarasal, at gumugugol mula sa anumang [panustos na] Aming ipinagkaloob sa kanila, maging ito man ay lihim o hayag, sila ay umaasa ng isang kalakal na hindi kailanman maglalaho. Upang Kanyang ipagkaloob sa kanila ang kanilang lubos na kabayaran, at upang sila ay dagdagan mula sa Kanyang biyaya. Katotohanan, Siya ay Mapagpatawad, handang kumilala o magpahalaga sa mabuting gawa.”** [Faatir: 29-30]

Marapat sa isang mananampalataya na magkaroon ng araw-araw na pagbasa ng Aklat ng Allah binibigkas ito nang maayos, pinagninilayan, inuunawa, ginagalaw nito ang puso, at binubuhay ang isip sa pamamagitan ng pagtingin dito. Ang susi at tulong dito ay ang pagsisikap na bigkasin ito nang tama at pakikipaglaban sa sarili upang mapabuti ang pagbigkas. Napakagandang pagsisikap niyan sapagkat may dobleng gantimpala. At kay Allah tayo nagtitiwala.

¹ Sahih Muslim 804

Sa Sahih Bukhari at Muslim, mula kay ‘Aishah (kalugdan siya nawa ng Allah), sinabi ng Propeta ﷺ: *“Ang bihasa sa Qur’an ay kasama ng mga mararangal at mabubuting anghel na tagasulat. At ang nagbabasa ng Qur’an na nahihirapan at nautal-utal dito—habang ito ay mabigat para sa kanya—ay may dalawang gantimpala.”*¹

Ang Qur’an ay Salita ng Allah na ipinahayag Niya kay Jibril, at mula kay Jibril ay ipinahayag kay Muhammad ﷺ, na siya namang bumigkas nito sa kanyang mga kasamahan (Sahabah), at sila naman ay bumigkas nito sa mga sumunod sa kanila. Sa ganitong paraan ito naipasa sa atin—salinlahi pagkatapos ng salinlahi—sa pamamagitan ng tamang pagbigkas at pagtuturo.

Kaya marapat sa isang mananampalataya na bigkasin ito nang tama. At ito ay hindi makakamit maliban sa pag-aaral at pagkuha ng pagbigkas mula sa isang guro (mushafahah—harapang pagtuturo). Napakadakila ng kabutihan sa pag-aaral ng Qur’an. Sinabi ng Propeta ﷺ: *“Ang pinakamabuti sa inyo ay yaong nag-aaral ng Qur’an at nagtuturo nito.”*²

Kaya hindi dapat mahiya ang isang mananampalataya na matuto at itama ang kanyang pagbigkas, ito ay kinakailangan lalo na’t marami ang nagkakamali sa pagbabasa. Sinabi ni Shaykh Ibn ‘Uthaymin:

“Obligado sa iyo na basahin ang Qur’an ayon sa nasa Mushaf, na may tamang pagbigkas at mga harakat (patinig)... Hindi pinahihintulutan na maging pabaya ka at magbasa ayon lamang sa nakasanayan mo... sapagkat ang Qur’an ay Salita ng Allah, Ang Allah ang nagsabi nito sa salita at kahulugan. Kaya ang tungkulin ay basahin ito ayon sa nasa Mushaf.”³

Tunay na sa pagbabasa ng Qur’an ay may mga Adab (Wastong Asal), kaya nararapat sa mananampalataya na nagbabasa nito na tuparin at sundin ang mga ito, kabilang dito:

1. Ikhlās (Katapatan ng layunin) sa pagbabasa: Dapat maging tapat ang layunin sa pagbasa, na ito ay para lamang sa pagsamba kay Allah. Ipinaalam ng Propeta ﷺ na ang Impiyerno ay maglalagablab dahil sa isang bumabasa ng

¹ Sahih Bukhari 4937; Sahih Muslim 798

² Sahih Bukhari 5027

³ Fatawa Nur ‘ala ad-Darb ni Ibn ‘Uthaymin

Qur'an na ang layunin ay hindi para kay Allah. Sinabi sa hadith: *“Isang tao na nag-aral ng kaalaman, nagturo nito, at bumigkas ng Qur'an, Ipapakilala sa kanya ang mga biyaya at makikilala niya ang mga ito. Tatanungin siya: ‘Ano ang ginawa mo rito?’ Sasabihin niya: ‘Nag-aral ako ng kaalaman, nagturo nito, at bumigkas ng Qur'an para sa Iyo.’ Sasabihin ng Allah: ‘Nagsinungaling ka. Nag-aral ka upang sabihing ikaw ay isang iskolar, at nagbasa ka upang sabihing ikaw ay isang mahusay na mambabasa—at nasabi na nga.’ Pagkatapos ay iuutos na siya ay kaladkarin patihaya hanggang ihagis sa Apoy.”* Isinalaysay ni Muslim.¹

2. Basahin to sa kalagayan ng Taharah (Kalinisan) Mas mainam na bigkasin ang Qur'an habang nasa kalagayan ng kadalisan o kalinisan:

Ang taong junub (may malaking hadath): hindi pinahihintulutang bumigkas ng Qur'an hanggang makapaligo (ghusl). Ang babaeng may regla (haidh): ang mas matibay na pananaw ay pinahihintulutan siyang magbasa ng Qur'an, ngunit hindi hahawak sa Mushaf nang direkta Kung kailangan itong hawakan ng babaeng may regla o ng walang wudu, maaari sa pamamagitan ng panulat, guwantes, o anumang harang. Sapagkat ang paghawak sa Mushaf ay kinakailangang may kadalisan.

Isinalaysay mula kay Ibn 'Umar na sinabi ng Propeta ﷺ: *“Walang humahawak sa Qur'an maliban sa isang malinis (nasa kalagayan ng taharah).”*²

3. Isti'adhah at Basmala: Magpahayag ng isti'adhah (A'udhu billahi minash-shaytanir-rajim) bago magbasa, ayon sa sinabi ni Allah: **“Kaya, kapag iyong babasahin ang Qur'an, [una ay] humingi ka ng paglingap sa Allah laban sa satanas, ang isinumpa [o pinagkaitan ng Kanyang habag].”** [An-Nahl: 98].

Ang Basmala (Bismillah...) ay binabasa sa simula ng bawat surah maliban sa Surah At-Tawbah (Bara'ah). Kung magsisimula sa gitna ng surah, sapat na ang isti'adhah.

¹ Sahih Muslim 1905

² Sahih Ibn Hibban 6559; Al-Mu'jam Al-Kabir ng Tabarani 13039; Irwa' Al-Ghalil (Albani) 122

4. Tartil (Maayos at malinaw na pagbigkas) at Pagpapaganda ng Tinig: Sinabi ni Allah **“O [kaya ay] magdagdag dito, at bigkasin mo ang Qur’an nang marahan [o maingat na] pagbigkas.”** [Al-Muzzammil: 4]

At sinabi ng Propeta ﷺ: *“Hindi kabilang sa amin ang hindi nagpapaganda ng kanyang tinig sa Qur’an.”* Isinalaysay ni Al-Bukhary.¹

5. Pagbasa nang may Khushu’ (Pagpapakumbaba at Pagtuon ng Puso): Magbasa nang may katiwasayan ng katawan at puso, at habang dinarama ang kadakilaan ng Kanyang mga Salita.

Sinabi ni Allah: **“Kung Aming ibinaba itong Qur’an sa ibabaw ng isang bundok, marahil ito ay iyong nakitang nagpakumbaba –at nagkasabug-sabog nang dahil sa kanyang takot sa Allah.”** [Al-Hashr: 21]

At sinabi ng Propeta ﷺ: *“Kabilang sa may pinakamagandang tinig sa Qur’an ay yaong kapag narinig ninyo siyang bumigkas, iisipin ninyong siya ay may takot kay Allah.”*²

6. Tadabbur (Pagninilay sa Kahulugan): Pag-isipan at unawain ang mga kahulugan ng mga talata. Sinabi ni Allah: **“Ito ang Aklat Qur’an na Aming ibinaba o ipinahayag sa iyo O Muhammad, tigib ng pagpapala, upang kanilang mapagnilay-nilay ang mga ayaat o babala nito, at upang makaalaala ang mga nagtataglay ng pang-unawa”.** [Sad: 29]

7. Panalangin sa Allah: kapag nadaanan ang mga Talata tungkol sa awa ni Allah, humiling siya sa Kanya ng Kanyang awa. At kapag dumaan sa mga talata tungkol sa parusa, magpakupkop sa Kanya laban dito. Mula kay ‘Umar (kalugdan nawa siya ng Allah) patungkol sa sinabi ng Allah: **“Yaong bumibigkas nito nang ayon sa tunay na pagbigkas nito.”** [Al-Baqarah:121]. *Kapag dumaan siya sa pagbanggit ng Paraiso, hinihiling niya kay Allah ang Paraiso; at kapag dumaan siya sa pagbanggit ng Impiyerno, nagpapakupkop siya kay Allah laban sa Impiyerno.”*³

8. Pagtitipon para sa pagbasa ng Qur’an: Nabanggit sa Sahih Muslim na sinabi ng Propeta ﷺ: *“Walang pangkat ng mga tao na nagtitipon sa isang bahay*

¹ Sahih Bukhari 7527

² Sunan Ibn Majah 1339 (pinatotohanan ni Albani)

³ Tafsir Ibn Abi Hatim 1160

mula sa mga bahay ng Allah, na binabasa nila ang Aklat ng Allah at pinag-aaralan ito sa isa't isa, maliban na bababa sa kanila ang kapanatagan, babalot sa kanila ang awa, palilibutan sila ng mga anghel, at babanggitin sila ng Allah sa mga nasa Kanya.”¹

9. Sujud at-Tilawah (Pagpapatirapa sa Talata ng Sajdah) Kapag dumaan sa talata ng sajdah, magsabi ng Allahu Akbar at magpatirapa. Sabihin sa sujud: “Subhana Rabbiyal A‘la” tulad sa salah. May naiulat ding du‘a na binibigkas sa sujud at-tilawah, na sinabi ng Propeta ﷺ: “O Allah, itala Mo para sa akin dahil dito ang gantimpala, alisin Mo sa akin dahil dito ang kasalanan, gawin Mo itong baon ko sa Iyo, at tanggapin Mo ito mula sa akin tulad ng pagtanggap Mo nito mula sa Iyong alipin na si Dawud.”²

Ang mas tamang pananaw: hindi kinakailangan ang wudu para sa sujud at-tilawah. Walang salam pagkatapos nito. At walang takbir sa pag-angat mula rito (ayon sa mas malakas na opinyon).

10. Huwag lakasan ang pagbasa na nakakaabala sa iba: Hindi dapat lakasan ng isang tao ang kanyang pagbasa na nakakaistorbo sa iba. Sinabi ng Propeta ﷺ: “Huwag magtaasan ang ilan sa inyo ng boses laban sa iba sa Qur’an.” Isinalaysay ni Ahmad at pinatunayan ni Al-Albani.³ Upang hindi ito maging sanhi ng pagkakagulo o pagkaabala.

O Allah, gawin Mo ang Dakilang Qur’an na tagsibol ng aming mga puso, liwanag ng aming mga dibdib, pampawi ng aming mga kalungkutan, at pang-alis ng aming mga alalahanin at dalamhati. Ameen, O Allah. Patawarin Mo kaming lahat. Ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga Sugo. At ang papuri ay para kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilalang.



¹ Sahih Muslim 2699

² Sunan Tirmidhi 579; Al-Mu‘jam Al-Kabir (Tabarani) 11262; pinatotohanan ni Albani sa Sahih Sunan Tirmidhi

³ Musnad Ahmad 19022; As-Silsilah As-Sahihah (Albani) 1603

Aralin 9

Ang Iftar sa Ramadhan

Purihin ang Allah, ang Nag-iisa, ang Naghahari, ang Maawain, ang Mapagpatawad, at ang kapayapaan at pagpapala ay sumasa-napiling Propeta, at pagkatapos:

Ang ating Propeta Muhammad ﷺ ay may gabay sa kanyang pag-iftar mula sa pag-aayuno. Siya ay nagmamadali sa pag-iftar sa paglubog ng araw. Ayon sa Sahihayn mula kay Sahl bin Sa'd, sinabi niya: *"Ang mga tao ay mananatili sa kabutihan hangga't nagmamadali sila sa pag-iftar¹."* At isinalaysay nina Ahmad at Abu Dawud, at sinabing Hasan ni Al-Albani mula kay Abu Hurairah, na sinabi niya: *"Ang relihiyon ay mananatiling lantad hangga't nagmamadali ang mga tao sa pag-iftar, sapagkat ang mga Hudyo at Kristiyano ay nagpapaliban."²*

At isinalaysay ni Abd al-Razzaq sa kanyang Musannaf, at ni Al-Bayhaqi sa kanyang Sunan, at pinatunayan ni Ibn Hajar, mula kay Amr bin Maymun al-Awdi, na sinabi niya: *"Ang mga kasamahan ni Muhammad ﷺ ay ang pinakamabilis sa pag-iftar at ang pinakamabagal sa suhoor."³*

Ang pagmamadali nito ay sa pamamagitan ng pagtiyak sa paglubog ng araw, sa pagkawala nito ng buo, o sa pamamagitan ng adhan ng isang mapagkakatiwalaang tao para sa panalangin ng Maghrib na nag-a-adhan sa tamang oras, ito ay mula sa umpisa mismo ng oras ng pag-iftar.

Tungkol naman sa tagal ng pag-iftar; ang Sunnah ay nagmungkahi ng pagmamadali sa panalangin ng Maghrib at hindi pagpapaliban nito. Isinalaysay ni Muslim sa kanyang Sahih mula kay Abu Atiyyah, na sinabi niya: Ako at si Masruq ay pumasok kay Aisha (kalugdan nawa siya ng Allah), at sinabi namin: *"O Ina ng mga Mananampalataya, dalawang lalaki mula sa mga kasamahan ng Propeta Muhammad ﷺ ang isa ay minamadali ang pag-iftar at ang pagdarasal, at ang isa naman ay ipinagpapaliban ang pag-iftar at ang pagdarasal. Tinanong niya (Aisha kalugdan nawa siya ng Allah):*

¹ Sahih al-Bukhari (1957), Sahih Muslim (1098).

² Musnad Ahmad (9810), Sunan Abi Dawud (2353), Sahih Sunan Abi Dawud ni Al-Albani.

³ Musannaf Abd al-Razzaq al-San'ani (7591), Sunan al-Bayhaqi 4/238, Fath al-Bari ni Ibn Hajar 4/199.

“Sino sa dalawa ang minamadali ang iftar at ang salah?” Sinabi niya: Sinabi namin: Si ‘Abdullah — ang tinutukoy ay si Ibn Mas‘ud. Sinabi niya: “Ganyan ang ginagawa ng Sugo ni Allah ﷺ.”¹

Kaya ang mas mainam para sa nag-aayuno ay mag-iftar muna sa ilang datiles, pagkatapos ay ipagpaliban ang pangunahing pagkain hanggang matapos ang salah ng Maghrib; upang mapagsama ang sunnah ng pagmadali sa iftar at ang pagdarasal ng Maghrib sa unang oras nito nang may jama‘ah, bilang pagsunod sa Propeta ﷺ.²

Tungkol naman sa kinakain sa iftar: Isinalaysay nina Ahmad at Abu Dawud at sinabi ni Al-Albani na hasan sahih mula kay Anas (kalugdan nawa siya ng Allah):

“Ang Sugo ni Allah ﷺ ay nag-iiftar sa sariwang datiles bago magdasal. Kapag walang sariwang datiles, tuyong datiles. Kapag wala pa rin, umiinom siya ng ilang lagok ng tubig.”³

Sunnah na sabihin sa pag-iftar ang dua na iniulat nina Abu Dawud at Ad-Daraqutni, at pinahusay ni Al-Albani:

“Nawala na ang uhaw, nabasa na ang mga ugat, at napagtibay na ang gantimpala, kung loloobin ni Allah.”⁴

Ipinahihintulot (at kanais-nais) sa nag-aayuno habang nag-iiftar na sumunod sa mu’adhin at ulitin ang kanyang sinasabi, at banggitin ang mga dhikr pagkatapos ng adhan.

Ito ay batay sa ulat sa Sahih Muslim mula kay ‘Abdullah ibn ‘Amr (kalugdan nawa siya ni Allah) na sinabi ng Propeta ﷺ:

“Kapag narinig ninyo ang mu’adhin, sabihin ninyo ang katulad ng kanyang sinasabi.”⁵ Ito ay sumasaklaw sa lahat ng kalagayan sa nag-aayuno man o hindi gaya ng binanggit ni Shaykh Ibn ‘Uthaymeen (kaawaan nawa siya ng Allah).

¹ Sahih Muslim 1099

² Fatawa ng Lajna Da’imah, 9/32–33

³ Musnad Ahmad 12676; Sunan Abi Dawud 2356; Sahih Abi Dawud (Albani)

⁴ Sunan Abi Dawud 2357; Sunan Ad-Daraqutni 2279; Sahih Abi Dawud (Albani)

⁵ Sahih Muslim 384

At umasa ka sa kabutihan ng iyong Panginoon. Ang isang Muslim, ayon sa kanyang likas na pagkatao, ay nagagalak sa pag-iftar, at ang gantimpala ng pag-aayuno at pag-iftar ayon sa iniutos ni Allah ay dakila na ikaw ay magagalak dito sa pakikipagtagpo mo sa iyong Panginoon bilang gantimpala at baon.

Sa *Sahih Muslim*, mula kay Abu Hurayrah (kalugdan nawa siya ng Allah), sinabi ng Propeta ﷺ: *“Ang nag-aayuno ay may dalawang kagalakan: kagalakan sa oras ng kanyang pag-iftar at kagalakan sa oras ng kanyang pakikipagtagpo sa kanyang Panginoon.”*¹

Dapat ding alalahanin ng isang Muslim sa oras ng kanyang pag-iftar kasama ang kanyang mga anak at pamilya, at sa anumang masasarap na pagkain at inumin na mayroon siya, na may mga kapatid siya sa Islam na pinaghihiwalay ng kalagayan sa buhay na wala kahit sa hapag-kainan na kanilang pagsaluhan. May ilan na naghihirap ang buhay at naghahangad kahit datiles lamang na maipang-iftar ngunit wala silang matagpuan. Kaya gawin mo itong motibasyon upang magpakain (magpa-iftar) sa ibang Muslim.

Isinalaysay nina At-Tirmidhi at Ibn Majah at pinatotohanan ni Al-Albani mula kay Zayd ibn Khalid Al-Juhani (kalugdan nawa siya ni Allah) na sinabi ng Propeta ﷺ: *“Sinuman ang magpakain sa isang nag-aayuno upang mag-iftar, magkakaroon siya ng katulad na gantimpala nito, nang hindi nababawasan ang gantimpala ng nag-aayuno.”*²

Napakadakila ng biyaya ni Allah. Kaya ang isang ama ay dapat maglayon ng mabuti sa paghahanda ng iftar para sa kanyang pamilya upang makakain dito ang kanyang asawa at mga anak na nag-aayuno magkakaroon siya ng katulad na gantimpala nila. Gayundin ang babae: maglayon siya ng mabuti habang naghahanda ng iftar sa bahay upang maging kabahagi sa gantimpala. Ang biyaya ni Allah ay malawak at ang Kanyang pagbibigay ay sagana sumasaklaw sa bata at matanda.

Isinalaysay ni ‘Abd al-Razzaq sa kanyang *Musannaf* mula kay Abu Hurayrah (kalugdan nawa siya ni Allah) na may isang babae na nag-anyaya sa kanya

¹ Sahih Muslim 1151

² Sunan At-Tirmidhi 807; Sunan Ibn Majah 1746; Sahih At-Tirmidhi (Albani)

upang mag-iftar sa kanyang bahay at ito ay kanyang tinanggap. Sinabi niya: “Walang lalaking mag-iftar sa bahay ng isang pamilya maliban na magkakaroon sila ng katulad na gantimpala niya.” Sinabi ng babae: *“Sana’y pumili ka ng oras upang dito ka mag-iftar sa akin.”* Sumagot siya: “Nais kong ilaan ito para sa aking pamilya.”¹

O Allah, pagkalooban Mo kami ng kakayahang sundin ang Sunnah at gawin Mo kaming kabilang sa mga tagasunod nito. Tulad ng pagpapasaya Mo sa amin sa pag-iftar, pasayahin Mo rin kami sa pakikipagtagpo sa Iyo habang Ikaw ay nalulugod sa amin Ameen. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa’y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasasa pinakamainam sa mga sugo. At ang papuri ay para kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilalang.



¹ Musannaf ‘Abd al-Razzaq 7908

Aralin 10:

Ang Suhoor sa Ramadhan

Purihin ang Allah, ang Tagapagbigay ng mga biyaya, ang Malawak sa kapatawaran at awa, at nawa'y sumakanya ang kapayapaan at pagpapala (salawat at salam) sa pinakamainam sa lahat ng nilikha (ang Propeta Muhammad ﷺ), pagkatapos nito:

May Hadith mula kay Abu Sa'id Al-Khudri (kalugdan nawa siya ng Allah) na nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah:ﷺ *“Ang sahoor ay pagkain na may pagpapala, kaya huwag ninyo itong iwan. Kahit pa isang lagok lamang ng tubig ang inumin ng isa sa inyo. Sapagkat ang Allah at ang Kanyang mga anghel ay nananalangin para sa mga nagsa-sahoor”*¹. Ipinapakita ng Hadith na ito na ang sahur ay maaaring gawin kahit sa napakaliit na paraan kahit isang lagok lang ng tubig.

Ang pagpapala (salah) ng Allah sa mga nagsu-suhoor ay nangangahulugang awa Niya sa kanila, at ang panalangin ng mga anghel para sa kanila ay ang kanilang paghingi ng kapatawaran para sa kanila.²

Mula kay Abu Hurayrah (kalugdan nawa siya ni Allah) na nagsabi na sinabi ng Propetaﷺ: *“Ang pinakamainam na sahoor ng isang mananampalataya ay datiles (dates).”*³ Ipinapakita nito na ang pinakamainam na pagkain sa suhoor ay datiles, sapagkat ito ay pinuri ng Propeta ﷺ.

Mula kay 'Amr ibn Al-'As (kalugdan nawa siya ng Allah) na nagsabi na sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: *“Ang pagkakaiba ng ating pag-aayuno at ng pag-aayuno ng mga Ahlul Kitab ay ang pagkain ng sahoor.”*⁴

Ibig sabihin, ang suhoor ay isang awa mula sa mga awa ng Allah para sa ummah na ito, sapagkat ang mga Ahlul Kitab noon

¹ Musnad Ahmad 11086; Sahih Al-Jami' (Albani) 3683

² At-Taysir bi Sharh Al-Jami' As-Saghir 2/69

³ Sunan Abu Dawud 2345; Sahih Abu Dawud (Albani)

⁴ Sahih Muslim 1096

Kung sila ay natulog matapos ang iftar, hindi na sila pinahihintulutang kumain at uminom muli hanggang sa fajr. Ngunit ang ummah na ito ay pinagpala ng Allah sa Kanyang sinabi:

“at magsikain kayo at magsiinom hanggang ang puting hibla [o sinag] ng buwang liwayway ay maging malinaw sa inyo mula sa itim na hibla [ng dilim ng gabi],” (Al-Baqarah: 187)¹

Isinalaysay ni Al-‘Irbad ibn Sariyah (kalugdan nawa siya ng Allah) na nagsabi: Inanyayahan ako ng Sugo ng Allah ﷻ sa suhoor sa Ramadhan at sinabi niya: *“Halika sa pinagpalang pagkain.”*²

Ipinapakita ng hadith na ito na pinahihintulutan at maganda ang mag-imbata sa suhoor, at mainam ding tanggapin ang paanyaya.

At nagkaisang-opinyon ang mga iskolar na inirerekomenda ang suhoor, ngunit hindi ito obligado, at ito ay kabilang sa mga natatanging gawain ng ummah na ito sa kanilang pag-aayuno.

At kabilang sa mga biyaya ng suhoor ay: ang pagsunod sa Sunnah ng Propeta ﷺ, at nakakatulong upang maging matatag sa pag-aayuno at mas lumakas sa pagsamba kay Allah, nakakatulong din ito upang makaiwas sa masamang ugali na dulot ng gutom at uhaw at ang taong nagsu-suhoor ay nakahahanda sa pag-alaala kay Allah, paghingi ng kapatawaran at panalangin sa napakahalagang oras na ito — na oras ng sahar na pinaniniwalaang oras na tinatanggap ang mga panalangin.

Ang oras ng suhoor ay panahon na ipinagdarasal ng Allah at ng Kanyang mga anghel ang mga kumakain ng sahoor. Ito ay tanda ng awa ng Allah sa kanila, at ang mga anghel ay humihingi ng kapatawaran para sa kanila.

Kabilang din sa mga biyaya nito: ang paghahanda para sa Salah ng Fajr, ang pagdating nang maaga sa masjid, at ang pagsagawa ng Sunnah ng Fajr na higit na mainam kaysa sa buong mundo at lahat ng laman nito.

¹ Ma‘alim As-Sunan ni Al-Khattabi 2/104

² Sunan Abu Dawud 2344, Sunan An-Nasa’i 2163, Sahih Abu Dawud ni Al-Albani

At kabilang sa Sunnah ang pagpapaliban ng suhoor hanggang malapit na ang oras ng Fajr.

May Hadith mula kay Sahl ibn Sa'd (kalugdan nawa siya ng Allah) na nagsabi: “Ako ay kumakain ng sahoor kasama ng aking pamilya, pagkatapos ay nagmamadali ako upang makaabot sa Salah ng Fajr kasama ang Sugo ng Allah ﷺ.”¹

Ang pagpapaliban ng sahoor hanggang malapit ang Fajr ay mas nakakatulong para magkaroon ng lakas sa pag-aayuno, at ito rin ay paraan ng pagsunod sa Islam na naiiba sa kaugalian ng mga Ahlul Kitab (mga naunang relihiyong may aklat).

Walang partikular na du'a (panalangin) na binabasa habang nagsa-sahoor. Ang tamang gawin ay banggitin ang pangalan ng Allah sa simula (sabihin ang Bismillah), at purihin Siya matapos kumain (sabihin ang Alhamdulillah), tulad ng ginagawa sa lahat ng pagkain.

At mula kay Sahl ibn Sa'd (kalugdan nawa siya ng Allah) na kanyang sinasabi:

“Mananatiling nasa kabutihan ang mga tao hangga't minamadali nila ang iftar (pagbubukas ng ayuno) at ipinagpapaliban ang sahur.” (Mutaffaq 'alayh)²

Ngunit hindi ibig sabihin ng pagpapaliban ng sahur ay puwede pa ring kumain hanggang matapos ang adhan ng Fajr, gaya ng iniisip ng iba. Kung ang mu'adhdhin ay nag-aadhan sa mismong pagsapit ng Fajr, dapat tumigil na agad sa pagkain at pag-inom sa pagsisimula pa lamang ng adhan.

Ngunit kung ang adhan ay batay lamang sa pagtatantiya gamit ang mga iskedyul (calendar timetables), at hindi eksaktong sa mismong pagsikat ng fajr, walang problema kung kumain o uminom pa habang naririnig ang adhan. Subalit mas ligtas at mas mainam pa rin na tapusin ang sahur bago pa dumating ang fajr. Ito ang fatwa ni Shaykh Ibn Baz.³

¹ Sahih Al-Bukhari 577

² Sahih Bukhari 1957, Sahih Muslim 1098

³ *Tuhfatul-Ikhwan* ni Ibn Baz, p.170

At sinumang kumain na inaakalang hindi pa sumisikat ang fajr, ngunit kalaunan ay nalamang sumikat na pala ito, kailangan niyang bayaran (qada) ang araw na iyon, dahil kumain siya matapos pumasok ang oras ng fajr. Ngunit kung hindi malinaw sa kanya at siya ay nag-aalinlangan lamang kung sumikat na ang fajr o hindi, ang kanyang pag-aayuno ay tama pa rin, sapagkat ang batayan ay: ang gabi ay itinuturing pa ring umiiral hangga't walang malinaw na ebidensya na sumikat na ang fajr. Ito ang fatwa ng Permanent Committee for Ifta ¹.

At ang kaugalian ng ilan na tumigil sa pagkain 15 minuto bago ang adhan ng fajr (na nakasulat sa ilang “imsak” schedule), ay walang batayan sa Sunnah.

Ang malinaw na itinuturo ng Qur'an at Sunnah ay: Ang pag-iwas sa pagkain at pag-inom ay nagsisimula lamang sa pagsikat ng fajr, hindi bago nito. Ito rin ang paliwanag ni Shaykh Ibn Baz at ng iba pang mga iskolar. ²

At kung ang isang taong nagsu-suhoor ay nasa kalagayan ng janabah (kalagayang kailangang maligo dahil sa pagtatalik o wet dream), at naantala niya ang pagligo hanggang matapos ang adhan ng Fajr, wala siyang kasalanan at hindi nasisira ang kanyang ayuno. May hadith mula kina 'Aishah at Umm Salamah (kalugdan nawa sila ng Allah) na nagsabi na ang Sugo ng Allah ﷻ:

“Inaabutan siya ng fajr na nasa kalagayang janabah mula sa kanyang asawa, pagkatapos ay naliligo siya at ipinagpapatuloy ang kanyang pag-aayuno.” (Inulat nina Bukhari at Muslim). ³

At may ilang nagsabi na ang Umm Al-Qura calendar ay mas maaga raw ang oras ng adhan. Tinanong sina Shaykh Ibn Baz at Al ash-Shaykh tungkol dito, at kanilang sinabi na ang Umm al-Qura calendar ay tama at mapagkakatiwalaan. ⁴

O Allah, pagkalooban Mo kami ng kakayahang sumunod sa Sunnah, pagpalain Mo ang aming suhoor, at nawa'y ipagkaloob Mo at ng Iyong mga

¹ Fatawa ng Permanent Committee, vol. 10 p.285

² Tingnan: Majmu' Fatawa Ibn Baz 15/280–281

³ Sahih Al-Bukhari (1926), Sahih Muslim (1109).

⁴ Binanggit ito ni Shaykh 'Abdul 'Aziz Āl ash-Shaykh (kaawaan nawa siya ni Allah) sa isang pahayag sa media — tingnan ang link:
<https://sabq.org/saudia>

anghel ang panalangin at awa sa amin. O Allah, tanggapin Mo ang aming mga panalangin. Patawarin Mo kaming lahat at nawa'y mapasakanya ang kapayapaan at pagpapala sa pinakamabuting sugo, at ang lahat ng papuri ay para kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilikha.



Aralin 11

Ang pag-aayuno at Ikhlās (Katapatan at kadalisan sa Allah)

Purihin ang Allah na naglaan sa atin ng buwan ng mga pagsamba at nangako na ang sinumang mag-ayuno nito nang may pananampalataya at taos-pusong hangarin ay patatawarin ang kanyang mga kasalanan, at nawa’y mapasakanya ang kapayapaan at pagpapala ang ating Propeta Muhammad ﷺ, ang pinakamainam sa lahat ng nilikha.

At pagkatapos:

Kabilang sa mga magagandang biyaya at dakilang layunin ng pag-aayuno ay ang mapatunayan ang kadalisan para kay Allah (ikhlās), at ang pagsasanay sa sarili na maging tapat sa Kanya. Napakadakila ng layuning ito, sapagkat ito ang pinakadiwa ng relihiyon at siyang ipinangaral ng lahat ng mga propeta at sugo. Sinabi ng Allah sa Qur’an: **“Kaya, kayo ay dumalangin sa Allah, [at maging] matapat sa Kanya sa relihiyon”** [Ghafir: 14]

At batay sa layunin at intensyon ng bawat tao, maging ito man ay katapatan o pagbabalat-kayo o pagkukunwari (nifaq) — doon sila huhusgahan sa Araw ng Paghuhukom. Mula kay Jabir (kalugdan nawa siya ng Allah) na nagsabi na sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ:

“Bubuhayin ang mga tao batay sa kanilang mga intensyon.” (Isinalaysay ni Ibn Majah at pinatotohanan ni Al-Albani).¹

Ang ikhlās ay: ang pag-uukol ng tapat na layunin sa pagsunod para lamang sa Allah na Kataas-taasan.²

Binanggit ni Imam Ibn Hajar ang sinabi ng mga iskolar tungkol sa pag-aayuno: “Ang pag-aayuno ay hindi madaling pasukan ng riya (pagpapakitang-tao) tulad ng ibang pagsamba...at sinabi rin ni Al-Qurtubi: “Dahil ang ibang gawain ay maaaring makita ng tao at mapasukan ng riya, samantala ang pag-aayuno ay walang ibang makakakita nito sa simpleng paggawa nito maliban sa Allah lamang. Kaya iniuugnay ito ng Allah sa Kanyang Sarili.”

¹ Sunan Ibn Majah (4230); Sahih Sunan Ibn Majah ni Al-Albani. At gayundin sa Sahih Al-Bukhari.

² Madarij As-Salikin ni Ibn Al-Qayyim 2/91.

Dahil dito, sinabi sa isang Hadith: “*Iniiwan niya ang kanyang pagnanasa para sa Akin.*”¹

Mayroon ding Hadith mula kay Abu Hurayrah (kalugdan nawa siya ng Allah) na nagsabi na sinabi ng Propeta ﷺ: “*Iniiwan niya ang kanyang pagkain at inumin ang kanyang pagnanasa dahil sa Akin. Ang pag-aayuno ay para sa Akin, at Ako ang magbibigay ng gantimpala nito...* (Isinalaysay ni Al-Bukhari)²

Kaya ang pag-aayuno, sa kanyang likas na kalagayan, ay isang gawaing lihim na walang nakaaalam nito nang ganap maliban sa Allah na Kataas-taasan.

At ang mga hadith tungkol sa Ramadhan ay pinatunayan ang kahulugan ng ikhlās at sa pagsasakatuparan nito para sa kapatawaran ng mga kasalanan:

“*Sinumang mag-ayuno sa Ramadhan nang may pananampalataya at pag-asa sa gantimpala...*”

“*Sinumang magsagawa ng qiyām (pagdarasal sa gabi) sa Ramadan nang may pananampalataya at pag-asa sa gantimpala...*”

“*Sinumang magsagawa ng qiyām sa Laylatul Qadr nang may pananampalataya at pag-asa sa gantimpala...*”

Īmānan (may pananampalataya): ibig sabihin ay naniniwala na ito ay totoo at kinikilala ang kabanalan at kahalagahan nito.

Iḥtisāban (umaasa sa gantimpala): ang hinahangad niya rito ay ang Allah lamang, hindi para makita ng mga tao o anumang bagay na salungat sa ikhlās.

— *Patatawarin ang kanyang mga nakaraang kasalanan.*³

Gaano natin kailangan sa buwang ito na sanayin ang ating mga sarili sa ikhlās, ang paglayo sa riya (pagpapakitang-tao), at ang pagtaboy sa pagkukunwari (nifāq), paghanga sa sarili (‘ujb), at pagkalinlang.

¹ Fath Al-Bari ni Ibn Hajar 4/107.

² *Sahih Al-Bukhari* (1894).

³ Tingnan: *Sharh An-Nawawi ‘ala Sahih Muslim* 6/39.

At gaano kalaki ang pangangailangan ng ikhlās sa pagsisikap at pakikibaka sa sarili? Sinabi ni Yusuf ibn Al-Husayn:

*“Ang pinakamahirap makamit sa mundo ay ang ikhlās. Ilang beses kong sinisikap alisin ang riya sa aking puso, ngunit tila ito’y tumutubo muli sa ibang anyo.”*¹

Ang mga gawain na walang ikhlās ay tulad ng isang kargador na nagbubuhay ng mabibigat na bato sa kanyang likod nang walang anumang sahod. Sinabi ng ating Panginoon: **“At Aming sisiyasatin [o isasaalang-alang] ang anumang gawaing kanilang ginawa, at Aming gagawin ito na tila mga nangagkalat na alikabok.”** [Al-Furqan: 23]

Kaya naman napakalaki ng ating pangangailangan na manalangin at magsumamo sa Allah na pagkalooban tayo ng ikhlās at pangalagaan tayo mula sa shirk (pagtatambal sa Allah). Itinuro ng Propeta ﷺ sa kanyang mga kasamahan ang isang panalangin bago gumawa ng anumang gawain: *“O Allah, ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagtatambal sa Iyo nang nalalaman ko, at ako ay humihingi ng kapatawaran sa Iyo sa hindi ko nalalaman.”* (Isinalaysay ni Al-Bukhari sa Al-Adab Al-Mufrad at pinatotohanan ni Al-Albani.²

Kabilang sa panalangin ni ‘Umar (kalugdan nawa siya ng Allah) ay:

*“O Allah, gawin Mo pong mabuti ang aking mga gawain, gawin Mo itong taos-puso para sa Iyo lamang, at huwag Mo pong hayaan na may bahagi ang sinuman dito.”*³

Sinabi ni Uways Al-Qarni: “Kapag ikaw ay tumayo para sumamba, humiling ka kay Allah na ayusin Niya ang iyong puso at ang iyong intensyon, sapagkat wala kang haharapin na mas mahirap kaysa sa dalawang ito.”⁴

Tunay na mapalad ang sinumang pinagkalooban ng Allah ng ikhlas (taos-pusong hangarin), dahil siya ay binigyan ng sapat na tulong at proteksyon. Sinabi ng Allah, Kataas-taasan, tungkol kay Yusuf (sumakanya nawa ang

¹ *Madarij As-Salikin* ni Ibn Al-Qayyim 2/92.

² Al-Adab Al-Mufrad ni Al-Bukhari (716); Sahih Al-Adab Al-Mufrad ni Al-Albani, kaparehong bilang.

³ Kitab Az-Zuhd ni Imam Ahmad (617); Tabaqat Al-Muhaddithin ni Al-Asbahani 4/261.

⁴ Sifat As-Safwah ni Ibn Al-Jawzi 2/31.

kapayapaan): **“Ganyan nga Namin inilayo sa kanya ang kasamaan at kahalayan. Katotohanan, siya ay isa sa Aming mga [pinili] matapat na alipin.”** [Yusuf: 24]

Sinabi ni Shaykh al-Islam Ibn Taymiyyah:

“Inilalayo ng Allah sa Kanyang alipin ang anumang makasasama sa kanya tulad ng pagkahilig sa mga anyo (ng tukso) at pagkakabit ng puso rito, at inilalayo Niya sa kanya ang kahalayan dahil sa kanyang pagpapakatapat sa Allah.”¹

Kabilang sa naiulat mula kay Al-Faruq (‘Umar) na siya ay sumulat kay Abu Musa Al-Ash‘ari:

“Ang sinumang maging tapat ang kanyang intensyon, sasapat na sa kanya ang Allah sa pagitan niya at ng mga tao.”²

At sinabi ni Ma‘ruf Al-Karkhi:

“O aking sarili, magpakadalisay ka (mag-ikhlās) upang ikaw ay maligtas.”³
Ibig sabihin: magpakadalisay para sa Allah upang maligtas sa Kanyang kaparusahan.

Sinumang naging tapat sa kanyang Panginoon at hinahangad ang Kanyang kaluguran, gaganda para sa kanya ang buhay, at pagkakalooban siya ng Allah ng kabutihan at biyaya.

“Mas nanaisin kong ikaw ay masaya sa akin kahit mapait ang buhay, mas nanaisin kong ikaw ay nasisiyahan kahit galit ang mga tao. Kapag totoo ang pagmamahal Mo sa akin, lahat ay nagiging madali, at ang lahat sa ibabaw ng lupa ay lilipas din.”

“Ano ang pakinabang ng papuri o paninira ng mga tao, kung ang Panginoon ng mga tao ay nasisiyahan naman sa iyo?

At yaong ang kanyang papuri ay tunay na mabuti, at ang pagtuligsa ay tunay na kahiya-hiya, ay ang Allah.”

¹ *Majmu‘ Al-Fatawa* ni Ibn Taymiyyah 10/188.

² *As-Sunan Al-Kubra* ni Al-Bayhaqi (20537).

³ *Ihya‘ ‘Ulum Ad-Din* ni Al-Ghazali 4/378.

Mga kapatid sa Islam: Sa ating panahon ay laganap ang mga daan tungo sa kasikatan at pagpaparinig ng pangalan, at ang pagnanais na makita at mapansin sa iba't ibang anyo ng media, social media at iba pa. Ang hindi naipapakita ng salita ay naipapakita ng sulat; ang hindi naririnig ng boses ay naipapakita ng larawan. Kaya ang mga gawain ay agad na naipapakita sa publiko. Dahil dito, nasisira ang gantimpala ng maraming gawain, dahil nahahaluan ng paghahangad ng papuri at kasikatan, kaya hindi na ito nagiging ganap na katanggap-tanggap kay Allah.

Ang kasiyahan sa papuri ng tao, ang takot sa panunuligsa nila, at ang pagnanasa sa anumang mayroon ang iba, ay nagtutulak sa puso na maging mapagkunwari. Ngunit ang taong laging naaalala ang walang hanggang biyaya sa Kabilang-Buhay, ay hindi na masyadong nahuhumaling sa pansamantalang kaligayahan sa mundo. Ang taong naaalala ang Paraiso ay hindi na nagpapahalaga sa papuri ng tao. At ang taong naaalala sa walang hanggang kaligayahan sa Jannah ay hindi na nabibigyang-halaga ang panlilinlang at panandaliang yaman ng mundo sa pamamagitan ng panunumbat at pananakit.

Gaano karami ang isinakripisyo ng nagpapakitang-tao sa kanyang sarili para lamang purihin ng mga nilikha, ngunit nawala ang mga tao, nawala ang papuri, at ang natira na lamang ay si Allah. Sa Kanya ang paghatol, at ang hantungan ay alinman sa Impiyerno o Paraiso. Nawa'y pagkalooban tayo ni Allah ng ikhlas at gawin itong proteksyon natin.

O Allah, linisin Mo ang aming mga puso mula sa pagkukunwari, ang aming mga gawain mula sa pagpapakitang-tao, tulungan Mo kaming labanan ang aming mga sarili, at iligtas Mo kami mula kay Shaytan at sa kanyang panlilinlang.

O Allah, tanggapin Mo ang aming mga panalangin. Patawarin Mo kaming lahat. At nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ay mapasa pinakamabuting sugo. At ang lahat ng papuri ay para kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilikha.



Aralin 12

Ang Pag-aayuno at Pagtitiis (Ṣabr)

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah, ang Tagapagtakda ng kapalaran, na nag-utos sa atin na maging matiyaga, at nawa'y mapasa ating Propeta Muhammad ﷺ ang kapayapaan at pagpapala, ang pinuno ng mga matiisin. O Allah, ipagkaloob Mo sa kanya at sa kanyang pamilya at mga kasamahan ang kapayapaan at pagpapala.

Pagkatapos nito:

Napakaraming beses binanggit sa Qur'an ang tungkol sa **pagtitiyaga (sabr)** at sa mga matiisin. Ito ay nabanggit sa halos isang daan at apat na talata. Dahil dito, inutusan ang mga mananampalataya na maging matiisin. Sinabi ng Allah: **“O kayong mga naniwala, manatili kayong matiyaga sa mga pagsubok at matiisin sa harap ng mga kaaway.”** [Aali-'Imran: 200]

Ang mga taong matiisin ay mga tapat at may takot kay Allah. Sinabi ng Allah: **“at ang pagtitiis sa gitna ng pagdarahop at malubhang karamdaman at sa panahon ng pakikipaglaban. Sila yaong [kabilang sa] mga makatotohanan at sila yaong mga tunay na natatakot sa Allah.”** [Al-Baqarah; 177]

Ang kanilang gantimpala ay walang hanggan at ang biyaya sa kanila ay malawak. Sinabi ng Allah: **“Katotohanan, ang mga matiisin lamang ang tatanggap ng kanilang gantimpala nang walang takdang pagtutuos.”** [Az-Zumar:10]

At ang gantimpala ng mga matiisin ay walang iba kundi ang Paraiso, sinabi ng Allah: **“At sila ay babayaran para sa anumang kanilang matiyagang pagtitiis ng isang hardin sa Paraiso at mga kasuutang yari sa sulta.”** [Al-Insaan :12]

Kay dakila ng buwan ng Ramadhan—ito ang buwan ng pagtitiis at ng mga matiisin. Isinalaysay nina Ahmad at An-Nasā'iy, at pinatotohanan ni Al-Albani, mula kay Abu Huraira (kalugdan nawa siya ng Allah) na sinabi ng

Propeta ﷺ: “Ang pag-aayuno sa buwan ng pagtitiis (Ramadhan) at tatlong araw sa bawat buwan ay katumbas ng pag-aayuno ng buong taon.”¹

Kaya binanggit ni Imam Ibn Rajab Al-Hanbali na ang pag-aayuno ay pinagsasama ang tatlong uri ng pagtitiis: pagtitiis sa pagsunod sa Allah, pagtitiis mula sa kasalanan, at pagtitiis sa mga itinakda ng Allah.

Ang pagtitiis sa pagsunod sa Allah: Sa Ramadhan ay may pag-aayuno at pagdarasal sa gabi, pagdarasal at pagbigkas ng Qur'an, mayroon itong kabutihan at pagpapakabuti, pagbibigay at pagpapakain, pag-alaala sa Allah at panalangin, pagsisisi at paghingi ng tawad, at iba pang uri ng pagsamba at paglapit sa Allah. Lahat ng ito ay nangangailangan ng pagtitiis upang magawa ng tao sa pinakamainam at pinakaganap na paraan.

At ang pagtitiis mula sa kasalanan: Sa Ramadhan ay pinipigil ang dila mula sa pagsisinungaling, kahalayan, at walang saysay na pananalita, pagmumura, panlalait, sigawan at pakikipagtalo, pati na ang paninirang-puri (ghibah) at panunumbat o tsismis (namimah). Kasama rin dito ang pagpigil sa iba pang bahagi ng katawan sa paggawa ng anumang kasalanan at pagkakasala. Lahat ng ito ay nangangailangan ng pagtitiis upang mapangalagaan ng alipin ang kanyang sarili laban sa pagkahulog sa mga ito.

At ang pagtitiis sa mga itinakda ng Allah: Sa Ramadhan ay iniwan ng nag-aayuno ang pagkain, inumin, at pagnanasa. Nararamdaman niya sa maghapon ang hapdi ng gutom at uhaw, at ang tindi ng pakikipaglaban ng sarili sa mga ninanais nito. Kaya kailangan ang pagtitiis upang mapagtagumpayan ang gutom, uhaw, at pagnanasa. Samakatuwid, ang Ramadhan ay tunay na **buwan ng pagtitimpi (o pagtitiis)**, at buwan na nagtuturo sa atin ng pagtitiis.²

Ang Ramadhan ay buwan ng pagtitiis. Ang sinumang mag-ayuno nito nang may ganap na disiplina sa loob ng isang buong buwan ay tiyak na lalabas dito na nakamit ang katangiang pagtitiis.

Kapag nakamit ng nag-aayuno ang pagtitiis, mapalad siya sa gantimpala. Sa isang hadith na napagkasunduan (Bukhari at Muslim), sinabi ng Propeta ﷺ:

“Ang sinumang magsikap na maging matiisin, ay gagawin siyang matiisin ni Allah.

¹ Musnad Ahmad (7567); Sunan An-Nasā'ī (2408); Sahih Sunan An-Nasā'ī ni Al-Albani.

² Tingnan: Lata'if Al-Ma'arif ni Ibn Rajab, p. 150. At ang hadith ay nasa Sahih Al-Bukhari at Sahih Muslim.

At walang ibinigay na regalo na mas mabuti at mas malawak kaysa sa pagtitiyaga.”¹

Kapag ang pagtitiis ay naging bahagi ng tao, hindi siya matitinag ng mga pagsubok, hindi siya madudurog ng mga kapighatian, at hindi siya masisindak ng karamdaman. Alam niyang ang Paraiso ay para sa mga nagtiis sa mga pagsubok sa mundo.

Isinalaysay ni ‘Ata ibn Abi Rabah: sinabi sa akin ni Ibn ‘Abbas: “*Hindi mo ba nais na ipakita ko sa iyo ang isang babae mula sa mga tao ng Paraiso?*” Sinabi ko: “*Oo.*” Sinabi niya: “*Iyan ang babaeng itim. Pumunta siya sa Propeta ﷺ at sinabi: ‘Ako ay dinadatnan ng sakit na pangingisay (epilepsy), at minsan ay nalalantad ang aking katawan. Kaya ipanalangin mo po ako kay Allah.’ Sinabi ng Propeta ﷺ: ‘Kung nais mo, magtiis ka at para sa iyo ang Jannah.*”

At kung nais mo, ipanalangin kita...”

na pagalingin ka.’ Sinabi niya: ‘Magtitiis ako.’ Pagkatapos ay sinabi niya: ‘Ngunit ako ay nalalantad, kaya ipanalangin mo na hindi ako malantad.’ Kaya siya ay ipinanalangin niya.” (Napagkasunduan nina Bukhari at Muslim)²

At napakarami ng mga napagkakaitan sa panahong ito—panahong dumami ang pag-aagawan sa mundo at sa mga pagnanasa nito, at humina ang pagnanais sa Kabilang-buhay ng maraming tao. Umabot pa sa puntong marami ang hindi na nagpipigil sa kasalanan kahit sa buwan ng pagtitiyaga (Ramadan). Hindi nila napipigilan ang kanilang mga mata at tainga sa mga ipinagbawal ni Allah, sa Ramadan man o sa ibang panahon.

Kaya ikaw na pinababayaang ang iyong paningin at pandinig sa mga haram, dumating sa iyo ang buwan ng pag-aayuno upang sanayin ka sa pagtitiis na mapalapit sa kasalanan.

Humingi ka ng tulong kay Allah laban sa iyong mga pagnanasa. Pinagkalooban ka Niya ng maraming biyaya at kabutihan, kaya hilingin mo sa Kanya ang pagtitiyaga. Sapagkat kapag ito ay ipinagkaloob sa iyo, ito ay

¹ Sahih Al-Bukhari (1469) at Sahih Muslim (1053).

² Sahih Al-Bukhari (5652); Sahih Muslim (2576).

napakalaking biyaya at kagandahang-loob. At ang iyong Panginoon ang gumabay sa iyo patungo rito.

O Allah, tulungan Mo kami. O Allah, bigyan Mo kami ng pagtitiyaga. O Allah, ipagkaloob Mo sa amin ang tagumpay. O Allah, gabayan Mo kami sa landas ng Iyong kaluguran. O Allah, tanggapin Mo ang aming mga panalangin. Patawarin Mo kaming lahat. At nawa'y mapasakanya ang kapayapaan at pagpapala ang pinakamabuting sugo. At ang lahat ng papuri ay para kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilikha.



Aralin 13

Ang Pag-aayuno at Kalinisan ng Puri (Pagpipigil sa Sarili)

Purihin ang Allah, ang Dakila sa Kanyang karangalan, ang Makapangyarihan sa Kanyang kapangyarihan, dumating ang Kanyang batas na nagtuturo ng kalinisan at dangal, ako ay sumasaksi na ang ating Propeta Muhammad ﷺ ay Kanyang alipin at sugo, o Allah, ipagkaloob Mo sa kanya, sa kanyang pamilya, at mga kasamahan ang kapayapaan at pagpapala, at **pagkatapos nito:**

Kay dakila ng pag-aayuno sapagkat **sinasanay tayo nito na umiwas sa haram at maging malinis sa asal**, inilalayo tayo nito sa kahalayan at kasalanan. Ito ay kalinisan, biyaya, at pananggalang laban sa pagnanasa. Isinalaysay sa Sahihain (Bukhari at Muslim) mula kay Ibn Mas‘ud (kalugdan nawa siya ng Allah), na kanyang sinabi: Kami ay kasama ng Propeta ﷺ at sinabi niya:

“Sinuman sa inyo ang may kakayahang mag-asawa ay mag-asawa, sapagkat ito ay higit na nakapagpapababa ng tingin at nag-iingat ng puri. At sinuman ang hindi kaya, ay mag-ayuno, sapagkat ito ay magiging pananggalang (panupil sa pagnanasa) para sa kanya.”

Kaya ang pag-aayuno ay pumipigil at nagpapahina sa pagnanasa, at pumuputol sa masamang epekto nito, katulad ng epekto ng *wijā’* (pananggalang laban sa pagnanasa). Ang *wijā’* ay ang pagdurog sa bayag sa pamamagitan ng bato at katulad nito upang putulin ang pagnanasa ng lalaki. Tinawag na *wijā’* ang pag-aayuno dahil ginagawa nito ang kaparehong epekto sa pagpigil ng pagnanasa. Ang taong sanay mag-ayuno ay humihina ang kanyang pagnanasa, sapagkat ang pagnanasa sa pakikipagtalik ay sumusunod sa pagnanasa sa pagkain: kapag malakas ang pagkain, lumalakas din ang pagnanasa; kapag mahina ang pagkain, humihina rin ito.

At ang kalinisan ng puri ay kinakailangang kasabay ng kalinisan ng mata at tainga, Sapagkat ang mata at tainga ay mga mensahero ng pagnanasa— sila ang nag-uudyok at nagpapasimula nito, nabanggit din sa Sahihain ang sinabi ng Propeta ﷺ:

“Itinakda ni Allah sa anak ni Adam ang bahagi niya sa zina, at tiyak na darating ito sa kanya, ang zina ng mata ay ang pagtingin, ang zina ng dila ay

ang pagsasalita, ang sarili ay naghahangad at nagnanasa; at ang ari ang nagpapatunay o nagpapasinungaling sa lahat ng iyon.”¹

Kaya kapag iningatan ng mananampalataya ang kanyang puri sa pamamagitan ng pinahintulutan ng Allah — gaya ng pag-aasawa o sa pamamagitan ng pag-aayuno at pagtitiis, kinakailangang ang kanyang mata at pandinig ay umiwas din sa haram at sa mga bagay na nag-uudyok ng pagnanasa. Sa gayon, mapapanatag siya mula sa pagpapahirap sa kanyang puso at sa pagkaligaw nito sa pagitan ng mga tukso at kasalanan. Magiging payapa ang kanyang buhay, dahil malinis ang kanyang paningin at pandinig, kaya luminis ang kanyang puso, at nalasahan niya ang tamis ng pagsamba kay Allah.

Ang pag-aayuno sa Ramadhan ay daan tungo sa kalinisan ng puri. Mapalad ang sinumang iniwan ang mga pagnanasa upang hanapin ang kaluguran ng Panginoon ng lahat ng nilikha. Sinabi ng Pinakamaawain:

“Maliban sa pag-aayuno, sapagkat ito ay para sa Akin at Ako ang magbibigay ng gantimpala para dito. Iniwan niya ang kanyang pagnanasa at pagkain dahil sa Akin.”² Nangako ang Allah — at Siya ang pinakatapat sa pangako — na Siya mismo ang magbibigay ng gantimpala. Ginawang malawak at hindi tinukoy ang gantimpala, sapagkat ang Dakila, ang Kanyang kabutihang-loob ay walang hanggan at ang Kanyang biyaya ay hindi mabibilang.

Ang mga kahalayan at imoralidad ay may mga daanan patungo sa puso, at may mga hangganan na hindi dapat lapitan. Ang taong binulag ng kanyang mga pagnanasa ay unti-unting lumalapit dito, hanggang sa tuluyan na siyang mahulog sa kasalanan. Kaya ipinagbawal ng Allah hindi lamang ang paggawa ng kasalanan, kundi pati ang **paglapit dito**. Sinabi ng Allah: **“Huwag kayong lumapit sa gawaing mahalay [o malaswa].”** [Al-An’aam:151]

At sinabi rin Niya: **“At huwag ninyong lapitan [at inyong iwasan] ang bawal na pakikipagtalik. Katotohanan, ito ay kahalayan at napakasamang landas.”** [Al-Israa : 32]. Ipinagbawal ang gawain mismo at pati ang mga paunang daan nito — tulad ng makasalanang tingin, mapanlinlang na salita, malaswang kilos, ipinagbabawal na pribadong pagsasama (khalwah), at lahat ng nagiging daan tungo sa kahalayan.

¹ Sahih al-Bukhari (1905), Sahih Muslim (1400)

² Sahih Muslim (1151)

Tinatawag tayo ng ating relihiyon sa sinabi ng Allah: **“Sabihin mo sa mga naniniwalang lalaki na kanilang ibaba ang kanilang mga paningin [sa mga bawal na bagay] at pangalagaan ang kanilang mga maseselang bahagi ng katawan...”** [An-Noor: 30], **“At sabihin mo sa mga naniniwalang babae na kanilang ibaba ang kanilang mga paningin [sa mga bawal na bagay] at pangalagaan ang kanilang mga maseselang bahagi ng katawan...”** [An-Noor:30]

Tinawag tayo rito upang maglagay ng bakod ng seguridad sa kalupaan, mga tahanan, at dangal, maprotektahan ang karangalan ng mga pamilya, mapanatili ang kalinisan at dangal ng lipunan at putulin agad ang simula ng kasalanan upang hindi na umabot sa masamang wakas.

Tinawag ng Allah ang mga kalalakihan sa Kanyang sinabi: **“At kapag kayo ay magtatanong [sa kanyang mga asawa] para sa anupaman, sila ay inyong tanungin sa likod ng tabing [kubling harang]. Iyan ay higit na dalisay para sa inyong mga puso at kanilang mga puso”** [Al-Ahzaab:53]

At tinawag Niya ang mga kababaihan sa Kanyang sinabi: **“huwag kayong maging malambot sa pagsasalita [sa mga lalaki] upang huwag na di magnasa ang sinuman na ang puso ay may sakit”** [Al-Ahzaab: 32]

Tinawag Niya tayo sa mga ito dahil sa Kanyang ganap na kaalaman sa Kanyang nilikha — at Siya ang Pinakamabait at Lubos na Nakaaalam. Alam Niya na: Ang pagtingin sa kagandahan ay nakakapukaw ng pagnanasa, ang malambing na pananalita ng babae ay nakakaakit din ng damdamin, kaya paano pa kung may ipinagbabawal na paghahalo o pakikihalubilo ng lalaki at babae? Walang duda na mas malakas ang epekto nito at mas nagdadala ng malaking kasalanan.

O Allah, ayusin Mo ang aming mga puso. Ingatan Mo ang aming pandinig at paningin. Pangalagaan Mo ang aming dangal. Ilayo Mo kami sa mga kasalanan at sa mga ipinagbabawal. O Allah, dinggin Mo ang aming panalangin. O Allah, tanggapin Mo ito. Patawarin Mo kaming lahat. At nawa’y ang kapayapaan at pagpapala ay mapasa pinakamabuting sugo. At ang lahat ng papuri ay para kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilikha.



Aralin 14

Ang Pag-aayuno at Pagpapasensya (o kahinahunan)

Purihin ang Allah, na Siya ang may ganap na kaalaman at nagmamahal sa pagiging mahinahon at mapagpasensya, at nawa’y ang pinakaganap na kapayapaan at pagpapala ay mapasa may-ari ng dakilang ugali—ang Propeta Muhammad ﷺ, pagkatapos nito:

Kabilang sa mga mabubuting ugaling itinuturo ng pag-aayuno ay ang pagiging mahinahon at mapagpasensya (hilm). Nabanggit sa Sahihain mula kay Abu Hurayrah (kalugdan nawa siya ng Allah) na sinabi ng Propeta ﷺ:

“Kapag araw ng pag-aayuno ng isa sa inyo, huwag siyang magsalita ng mahalay at huwag siyang sumigaw o mag-ingay (sa pagtatalo). At kung may mang-insulto o makipag-away sa kanya, sabihin niya: ‘Ako ay nag-aayuno.’”¹

Ipinaliwanag ni Imam An-Nawawi: “May nagsabi na sabihin ito nang malakas upang marinig ng nanlalait at baka siya tumigil. May nagsabi rin na sabihin ito sa puso upang mapigilan ang sarili at mapangalagaan ang kanyang ayuno. Ngunit ang unang paliwanag ang mas malinaw.”²

At sinabi rin ni Shaykh Al-Islam Ibn Taymiyyah: “Ang tama ay binibigkas ito ng dila, gaya ng ipinahihiwatig ng hadith; sapagkat ang salitang “pagsasabi” sa ganitong anyo ay walang tinutukoy kundi pagsasalita ng dila.”³

Allahu Akbar: Tunay na ang pag-aayuno, kasama ng gutom at uhaw, ay minsan nagdudulot ng iritasyon o pagkairita sa ugali, kaya maaaring mapabigkas ng masamang salita o makagawa ng maling reaksiyon. Kaya ang hadith ay nagtuturo at nagpapadalisa ng kalooban — na huwag gumanti ng masama sa nanlalait o umaaway. Sa halip, bilang paggalang sa pag-aayuno at pagdakila sa dakilang pagsambang ito sa Allah-Ang Hari na Pinakamaalam-, ang tugon ay pagsabi ng: **“Ako ay nag-aayuno, ako ay nag-aayuno.”**

Ang taong nag-aayuno ay nararapat na umiwas sa masama at hindi gumanti sa kapangitan ng asal ng iba.

¹ Sahih al-Bukhari (1904), Sahih Muslim (1151)

² Al-Adhkar ni An-Nawawi, p. 189

³ Minhaj as-Sunnah an-Nabawiyyah ni Ibn Taymiyyah 5/197

Kapag ako'y kinakausap ng mangmang ng bawat pangit na salita, Ay kinamumuhian kong ako'y gumanti sa kanya. Habang nadaragdagan ang kanyang kahangalan, ako nama'y nadaragdagan sa pagpapasensya, Tulad ng kahoy na lalo pang bumabango kapag sinusunog.

Ako ay nag-aayuno, sumpa man sa Allah, ang hindi ko pagganti ay hindi dahil sa takot o kahinaan, kundi ito'y pagsamba sa aking Panginoon na nagdisiplina at gumabay sa akin, at pagsunod sa paggabay ng Sugo ng Allah. Umaasa ako na sa pagpipigil ng galit ay magkakamit ako ng tagumpay sa Paraiso.

Kaya magsikap kang umangat, kapatid kong nag-aayuno — kumuha ng dakilang aral sa Ramadhan tungkol sa pagpipigil at pagkontrol sa sarili, pag-iwas sa padalos-dalos na kilos, at hindi pagsunod sa bulong ni Shaytan lalo na sa sandali ng galit. Sanayin mo ang sarili sa pagpapasensya at kahinahunan, sapagkat ito ay isa sa pinakadakilang aral ng pag-aayuno.

Ang pagpapasensya ay natutunan sa pamamagitan ng pagsasanay pagpapasensya, at ang kaalaman ay nakukuha sa pag-aaral. Ibig sabihin: maari nating matutunan ang pagpapasensya kahit hindi tayo likas na mahinahon. Kabilang sa mga nakatutulong dito ang paghahanda ng sarili sa mga sitwasyong nakagagalit, pag-asa na maaari itong mangyari, at pag-iisip ng tamang reaksiyon kung paano ka tutugon nang tama. Sapagkat ang nakatutulong sa pagpapasensya ay ang pagpapaliit sa mga sitwasyong ikinagagalit natin na madalas pinalalaki ni Shaytan.

Kaya para sa pagsusuri at pagwawasto ng sarili, isulat mo ang lahat ng iyong mga galit — maliit man o malaki — ang mga dahilan nito, at ang masamang epekto nito sa relasyon mo sa iyong pamilya, mga kapatid, at mga kaibigan. Makikita mo na marami rito ay mga bagay na walang halaga at hindi karapat-dapat pag-aksayahan ng galit.

Lagi mong ilagay sa harap mo ang payo ng iyong minamahal na Propeta ﷺ: **“Huwag kang magalit.”** Paulit-ulit niya itong sinabi: *“Huwag kang magalit.”*¹

¹ Sahih al-Bukhari (6116)

Manatiling tahimik kapag galit. Nabanggit sa Musnad ni Ahmad at pinatibay ni Al-Albani na nagsabi ang Propeta ﷺ: **“Kapag ang isa sa inyo ay nagalit, manahimik siya.”**¹

Magpakupkop ka o humingi ka ng kanlungan sa Allah laban kay Shaytan na isinumpa. Mag-wudu (mag-ablution), at lumipat ka ng iyong kinalalagyan. Maging abala sa pag-alaala sa Allah sa pamamagitan ng pagbabasa ng Qur'an, paghingi ng kapatawaran (istighfar), o pagbigkas ng tasbih upang kumalma ang iyong puso at mapanatag. Tunay na sinabi ng Allah:

“Walang alinlangan, matatagpuan sa pag-alaala sa Allah ang kapanatagan ng mga puso.” [*Ar-Ra'd* :28]

O Allah, bihisan Mo kami ng kahinahunan at pagtitimpi, at turuan Mo kami ng kapaki-pakinabang na kaalaman. O Allah, tanggapin Mo ang aming panalangin.

Patawarin Mo kaming lahat. At nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ay mapasa pinakamabuting sugo. At ang lahat ng papuri ay para kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilikha.



¹ Musnad Ahmad (2136), Sahih al-Jami ni Al-Albani (693)

Aralin 15

Ang Pag-aayuno at Ang Pagiging Maingat sa Relihiyon (Wara')

Ang papuri ay para lamang sa Allah: ang sinumang may takot sa Kanya ay Kanyang iniingatan, at ang sinumang humihingi ng patnubay sa Kanya ay Kanyang ginagabayan. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa ipinadalang awa (ang Propeta Muhammad ﷺ). At pagkatapos:

May nagtatanong sa Ramadhan: Ano ang hatol sa paglunok ng laway? Kung ako'y naglalakad at may alikabok na pumasok sa aking lalamunan, naputol ba ang aking pag-aayuno dahil dito? Kung ako'y uminom ng tubig habang tumatawag na ang adhan ng Fajr, tama pa ba ang aking pag-aayuno?

Ito ay mga tanong na nagpapakita ng pangangalaga sa pagsamba, pagiging maingat, at pagnanais na maging ganap ang pag-aayuno, at pag-iwas sa anumang makasisira o makababawas dito.

Kay dakila ng ganitong pusong may takot sa Allah! Kay ganda ng ganitong malinis na damdamin!

Dumarating sa atin ang Ramadhan upang turuan tayo ng **wara' (pagiging maingat sa relihiyon)** upang madala natin ito sa buong taon — sa ating mga gawain sa trabaho, sa mga transaksiyong pinansyal, sa hindi pagkain ng karapatan ng iba o pagpapaliban sa pagbibigay nito, sa pag-iingat sa relihiyon ng Allah at paglayo sa mga kahina-hinala at mga bagay na may pagdududa.

Ang tunay na wara' ay ang pag-iwan ng mananampalataya sa anumang ipinagbawal ng Allah, at paglayo kahit sa paligid ng haram dahil sa takot na mahulog dito. Ginagawa rin niya ang mga obligasyon at ang mga bagay na nagiging daan tungo rito.

Mula kay Nu'man ibn Bashir (kalugdan nawa siya ng Allah), sinabi niya: Narinig ko ang Sugo ng Allah ﷻ na nagsabi:

“Tunay na ang halal ay malinaw at ang haram ay malinaw. Sa pagitan ng dalawa ay may mga bagay na kahina-hinala na hindi alam ng maraming tao. Kaya ang sinumang umiwas sa mga kahina-hinala ay nailigtas niya ang kanyang relihiyon at dangal. At ang sinumang nahulog sa mga kahina-hinala

ay nahulog sa haram — tulad ng pastol na nagpapastol malapit sa isang pinangangalagaang lugar na malapit nang makapasok dito. Tunay na ang bawat hari ay may pinangangalagaang lugar, at tunay na ang pinangangalagaang lugar ng Allah ay ang Kanyang mga ipinagbawal...”¹

Walang duda na ang wara’ (pagiging maingat sa relihiyon) ay ang pag-iwas sa mga kahina-hinalang bagay. Ang sinumang hindi umiwas dito at pinasok ang mga ito ay malapit nang mahulog sa haram.

Nabanggit sa At-Tirmidhi at pinatotohanan ni Al-Albani na sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: *“Iwan mo ang bagay na nagdudulot sa iyo ng pagdududa tungo sa bagay na walang pagdududa. Sapagkat ang katotohanan ay nagdudulot ng kapanatagan, at ang kasinungalingan ay nagdudulot ng pag-aalinlangan.”*²

Sinabi ni Al-Khattabi: “Anumang bagay na pinagdududahan mo, ang pagiging maingat (wara’) ay ang pag-iwas dito.”³

Sinabi ni Imam Ibn al-Qayyim: Tinipon ng Propeta ﷺ ang buong diwa ng wara’ sa isang pangungusap:

“Bahagi ng kagandahan ng Islam ng isang tao ang pag-iwan niya sa mga bagay na hindi niya kailangan.”⁴

Saklaw nito ang pag-iwan sa mga bagay na walang kinalaman sa atin, sa pananalita, pagtingin, pakikinig, pagkilos ng kamay, paglakad, pag-iisip, at lahat ng galaw na lantad at lihim. Ito ay isang salitang sapat at ganap tungkol sa wara’.⁵

Ang wara’ ay sumasaklaw sa lahat, sa salita at gawa, kaalaman at pagsasabuhay, pagsamba at pakikitungo, kaugalian at ugnayan. Hindi ito limitado sa isang paksa o isyu lamang.

¹ Sahih al-Bukhari (52), Sahih Muslim (1599)

² Sunan at-Tirmidhi (2442), Sahih Sunan at-Tirmidhi ni Al-Albani

³ Fath al-Bari ni Ibn Hajar 4/293

⁴ Sunan at-Tirmidhi (2317), Sunan Ibn Majah (3976), pinatotohanan ni Al-Albani

⁵ Madarij as-Salikin ni Ibn al-Qayyim 2/23–24

Naglalakad (ang Sugo ng Allah) ﷺ at nakakita ng isang bunga ng datiles sa daan at nagsabi: “Kung hindi lamang ito maaaring mula sa sadaqah (kawanggawa), kakainin ko sana ito.”¹

Kay tindi ng kanyang wara’ at takot sa Allah, at kay laki ng kanyang paggalang sa kanyang Panginoon!

Ang wara’ ay hindi katangian ng mga mahihinang kalooban na pinamumunuan ng pagnanasa na inuuna ang panandalian kaysa sa pangmatagalan. Hindi rin ito katangian ng mga taong kapag may narinig na kahit kaunting pagkakaiba ng opinyon sa isang usapin ay ginagamit ito bilang palusot, sa pananaw ng nagsabi nito sila kumakapit kumukuha sila sa mundo at ito’y kanilang pinaparami, at naghahanap ng mga “rukhsah” (maluluwag na hatol) upang gawing dahilan. Iyan ay hindi relihiyon kundi sariling pagnanasa na kanilang ninanais.

O mga nag-aayuno, kung paanong ang inyong mga tiyan ay nagutom at ang inyong mga atay ay nauhaw sa maghapon ng pag-aayuno bilang pag-iwas sa mga bagay na dati’y halal ngunit naging bawal sa oras ng pag-aayuno kaya naman iwasan ninyo ang tunay na haram sa gabi at araw: tulad ng pagkain ng yamang may pagdududa, o pagkuha ng yaman ng isang Muslim nang walang karapatan.

O mga nag-aayuno, kung paanong naging maingat kayo kahit sa alikabok na napasok sa lalamunan at nagtatanong pa tungkol dito, maging maingat din kayo sa yaman ng tao, sa mga utang ng tao, at sa mga karapatan ng tao. Sapagkat ang paghuhukom tungkol dito sa Araw ng Paghuhukom sa harap ng Allah ay napakalaki, at ang usapin dito sumpa man sa aking Panginoon ay mabigat.

O mga nag-aayuno, maging maingat kayo sa ipinagbabawal na tingin at sa makasalanang panonood. Iwasan ang pagtingin sa mga larawang ipinagbawal. Sumpa man sa Allah, darating ang araw na tatanungin ang mata at paningin tungkol dito.

O mga nag-aayuno, ang pinakamatinding wara’ (pagiging maingat) ay ang wara’ ng dila. Makikilala mo ang pagiging maingat ng isang tao sa kanyang

¹Sahih al-Bukhari (1914), Sahih Muslim (1071)

pananalita. Nawa'y kalugdan ng Allah si Abu Bakr As-Siddiq hinahawakan niya ang kanyang dila at sinasabing: **"Ito ang nagdala sa akin sa mga kapahamakan."**¹

Kaya ano na lamang ang masasabi natin tungkol sa ating mga sarili?!

Hindi ba tayo lalabas sa Ramadhan na may tunay na pag-aayuno ng dila mula sa paninira (ghibah) kay ganito at ganyan? Mag-ingat nang husto, sa pagsasalita laban sa dangal ng tao! Mag-ingat nang husto sa paninira (ghibah), ito'y tagabura ng mga gantimpala, nagdadala sa kapahamakan, at nagdudulot ng pagsisisi sa Araw ng Paghuhukom sa harap ng Panginoon ng mga nilalang.

O mga nag-aayuno, kung paanong nagsikap kayo na huwag masira ang pag-aayuno, magsikap din kayo sa buong taon na umiwas sa mga kasalanan.

Huwag pahabain ang pagrereklamo sapagkat ito'y nakasisira, At ang pasasalamat sa Allah na Pinakamayaman ay karangalan.

Walang sumisira sa relihiyon ng tao kundi ang kasakiman, At walang nag-aayos nito kundi ang wara' (pagiging maingat sa Allah).

O Allah, pagkalooban Mo kami ng pagiging maingat (wara') laban sa mga ipinagbabawal, at pag-iwas sa mga kasalanan at mga pananagutan. Iligtas Mo kami mula sa kasamaan ng aming mga sarili at sa aming mga pagnanasa. O Ameen, O Allah. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilalang.



¹ Muwatta' Malik (3621), Musannaf Ibn Abi Shaybah (26500), pinatotohanan ni Al-Albani sa Sahih at-Targhib wat-Tarhib (2873)

Aralin 16

Ang Pag-aayuno at Kawanggawa (Sadaqah)

Ang papuri ay para lamang sa Allah na nagbibigay at nagpaparami ng biyaya. Ang Kanyang batas at patnubay ay ganap. O Allah, pagpalain Mo at bigyan ng kapayapaan ang pinakamainam na Propeta at Sugo. At pagkatapos:

Nabanggit sa Sahihain mula kay Ibn ‘Abbas (kalugdan nawa siya ng Allah) na kanyang sinabi:

*“Ang Sugo ng Allah ﷺ ang pinakamapagbigay sa mga tao, at lalo pa siyang mapagbigay sa Ramadhan kapag nakikipagkita sa kanya si Jibril. Si Jibril ay nakikipagkita sa kanya tuwing gabi ng Ramadhan at ibinabalik-aral sa kanya ang Qur’an. Kaya ang Sugo ng Allah ﷺ ay higit na mapagbigay sa kabutihan kaysa sa hanging malayang ipinadala.”*¹

Sinabi ni Imam Ibn Hajar: Sa pagsasama-sama ng mga nabanggit ang panahon (Ramadhan), ang ibinaba (ang Qur’an), ang bumababa (si Jibril), at ang pag-aaral nito ay nadaragdagan ang kanyang pagiging mapagbigay.

Ang kahulugan ng *“hanging ipinadala” (ar-rih al-mursalah)* ay ang hanging malaya at tuloy-tuloy. Ibig sabihin, sa bilis ng kanyang pagbibigay ay mas mabilis pa siya kaysa sa hangin. Tinawag itong *“ipinadala”* upang ipahiwatig ang tuloy-tuloy na pag-ihip nito na may dalang awa, at ang lawak ng pakinabang ng kanyang pagbibigay tulad ng hangin na umaabot sa lahat ng dinaraan nito.²

At kanya pang sinabi: “At dahil ang hangin ay minsan humihinto, at may hangin na nakapipinsala at may hangin na nagdadala ng mabuti, inilarawan ito bilang *“ipinadala”* upang tukuyin ang hangin na nagdadala ng kabutihan. Ito ay tumutukoy din sa mga salita ng Allah:

“At Siya ang nagpapadala ng mga hangin bilang tanda ng Magandang balita bago dumating ang Kanyang habag.” [Al-A‘raf :57]

At ang Kanyang sinabi:

¹ Sahih al-Bukhari (6), Sahih Muslim (2308)

² Fath al-Bari ni Ibn Hajar 1/31

“At ang Allah ang nagpapadala ng mga hangin...” [Fatir:9]

Kaya ang “hanging ipinadala” ay yaong nagpapatuloy ang pag-ihip sa panahon ng pagpapadala nito; at gayundin ang gawain ng Propeta ﷺ sa Ramadhan tuloy-tuloy at hindi napuputol.¹

At sinabi: “Ang pagbabalik-aral ng Qur’an ay nagdudulot ng panibagong lakas at yaman ng kalooban; at ang yaman ng kalooban ay sanhi ng pagiging mapagbigay.”²

Sinabi ni Imam An-Nawawi: “Sa hadith na ito ay maraming aral: kabilang dito ang pagpapakita ng laki ng pagiging mapagbigay ng Propeta ﷺ, ang pagiging kanais-nais ng pagpaparami ng kawanggawa sa Ramadhan, at lalo pang nadadagdagan ang pagiging mapagbigay at kabutihan kapag nakakasama ang mga mabubuting tao at maging pagkatapos nilang magkahiwalay dahil sa impluwensiya ng kanilang pakikisama.”³

Ang kanyang patnubay ang pinakaganap at pinakadalisay sa lahat ng bagay. Inilarawan ni Imam Ibn al-Qayyim ang kanyang kawanggawa, kabutihang-loob, at pagbibigay ﷺ, kanyang sinabi:

“Ang Sugo ng Allah ﷻ ang pinakamapagbigay sa lahat sa anumang nasa kanyang kamay. Hindi niya itinuturing na marami ang kanyang ibinibigay at hindi niya ito minamaliit. Ang kanyang pagbibigay ay pagbibigay ng taong hindi natatakot sa kahirapan. Ang kanyang kasiyahan sa pagbibigay ay mas dakila kaysa sa kasiyahan ng tumatanggap dahil sa kanyang natanggap. Siya ang pinakamapagbigay sa kabutihan; ang kanyang kanang kamay ay tulad ng hanging ipinadala nang malaya. Kapag may lumapit na nangangailangan, minsan ay inuuna niya ito kaysa sa kanyang sarili, minsan sa kanyang pagkain, at minsan sa kanyang kasuotan. Iba’t iba ang anyo ng kanyang pagbibigay: minsan ay regalo, minsan ay sadaqah, minsan ay handog, at minsan ay bumibili siya ng isang bagay at pagkatapos ay ibinibigay nang buo sa nagbenta ang bayad at ang binili. Siya ay nag-uutos ng kawanggawa, naghihikayat dito, at tumatawag dito sa pamamagitan ng kanyang gawa at salita. Kapag nakita

¹ Naunang reperensiya 9/45

² Naunang reperensiya 1/31

³ Sharh an-Nawawi ‘ala Muslim 15/69

siya ng maramot at sakim, nahihikayat silang magbigay dahil sa kanyang halimbawa.”¹

Si Ibn ‘Umar (kalugdan nawa siya ng Allah) ay hindi nag-aayuno at hindi nag-iiftar maliban na kasama ang mga mahihirap.² Siya ay nagbibigay ng asukal bilang kawanggawa at nagsasabing: “Narinig ko ang Allah na nagsabi.” **“Hindi ninyo makakamit ang kabutihan (al-birr) hangga’t hindi kayo nagbibigay mula sa mga bagay na inyong minamahal”** [Āl-‘Imrān 3:92] “At alam ng Allah na gusto ko ang asukal.”³

Sinabi ni ‘Ubayd ibn ‘Umayr: “Titipunin ang mga tao sa Araw ng Paghuhukom na pinakagutom nilang kalagayan, pinakauhaw nilang kalagayan, at pinakahubad sa kanilang naging kalagayan. Kaya sinumang nagpakain alang-alang sa Allah siya ay pakakainin ng Allah. Sinumang nagpadamit alang-alang sa Allah siya ay dadamitan ng Allah. Sinumang nagpainom alang-alang sa Allah siya ay paiinumin ng Allah. At sinumang naghangad ng kaluguran ng Allah ang Allah ang higit na may kakayahang makapagkakaloob ng Kanyang kaluguran sa kanya.”⁴

Ang kawanggawa (sadaqah) ay may kamangha-manghang epekto sa nagbibigay. Ito ay pananggalang laban sa mga sakuna at paghihirap. Sinabi ni Imam Ibn al-Qayyim: “Ang kawanggawa ay may kahanga-hangang epekto sa pagtaboy ng iba’t ibang uri ng kapahamakan kahit mula sa isang makasalanan, mapang-api, o maging di-mananampalataya. Itinataboy ng Allah sa pamamagitan nito ang maraming uri ng kapahamakan. Ito ay bagay na kilala ng mga tao, kapwa karaniwan at natatangi, sapagkat ito’y kanilang napatunayan.”⁵

At sinabi pa niya: “Ang mapagbigay ay malapit sa Allah, sa Kanyang mga nilikha, sa kanyang pamilya, at malapit sa Paraiso at malayo sa Impiyerno. Ang maramot ay malayo sa Allah, malayo sa mga tao, malayo sa Paraiso at malapit sa Impiyerno. Ang pagiging bukas-palad ay nagdudulot ng

¹ Zad al-Ma‘ad ni Ibn al-Qayyim 2/21–22

² Lata’if al-Ma‘arif ni Ibn Rajab, p. 168

³ Ihyā’ ‘Ulūm ad-Deen ni al-Ghazālī 1/226

⁴ Az-Zuhd ni Imam Ahmad ibn Hanbal (bilang 1092)

⁵ Al-Wābil aṣ-Ṣayyib ni Ibn al-Qayyim p. 31

pagmamahal ng iba, at ang pagiging maramot ay nagdudulot ng pagkamuhi maging ng sariling mga anak.”¹

Hinahadlangan tayo ng Shaytan sa paggugol at kawanggawa at tinatakot tayo sa kahirapan: **“Ang Shaytan ay nangangako sa inyo ng kahirapan.”** [Al-Baqarah:268]

Ngunit ang Allah na Mapagbigay ay nangangako ng kapatawaran at biyaya: **“At ang Allah ay nangangako sa inyo ng kapatawaran mula sa Kanya at biyaya.”** [Al-Baqarah:268]

At sinabi pa Niya: **“Anumang inyong ginugol, ito ay Kanyang papalitan.”** [Saba’:39]

Napatunayang sinabi ng Propeta ﷺ: *“Ang kawanggawa ay hindi nakababawas ng yaman.”*² Nagpapakita ng kagandahang-loob ang Allah sa inyo kaya magpakabuti rin kayo; ibinubuhos Niya sa inyo ang Kanyang mga biyaya kaya magbigay din kayo.

Ito ay kaloob ng Allah na ibinigay sa iyo upang ikaw ay subukin. At ikaw sa Allah balang araw ay tiyak na lilisan din dito.

Ang Allah ay nagbigay sa iyo, kaya magbahagi ka mula sa Kanyang ibinigay. Ang yaman ay hiram lamang at ang buhay ay naglalakbay (patuloy na umuusad at magtatapos).

O Allah, nagpapakupkop kami sa Iyo laban sa pagiging maramot ng aming mga sarili. O Allah, gawin Mo kami na kabilang sa mga mapagbigay at mapagkawanggawa. O Allah, tanggapin Mo ang aming panalangin. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa’y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasasa pinakamahusay sa mga isinugo (Propeta Muhammad ﷺ). At ang lahat ng papuri ay sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.”



¹ Al-Wābil aṣ-Ṣayyib ni Ibn al-Qayyim p. 34

² Ṣaḥīḥ Muslim (2588)

Aral 17

Ang Pag-aayuno at Ang Oras

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah na nagtangi sa atin ng buwan ng mga pagsamba at nagparangal sa mga oras nito higit sa ibang mga oras. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasasa ating Propeta Muhammad, ang pinakamainam sa mga nilikha. At pagkatapos nito:

Sinabi ng Allah tungkol sa buwan ng pag-aayuno:

“Ang pag-aayuno ay para sa itinakdang bilang ng araw, kaya, sinuman sa inyo ang may karamdaman sakit o nasa paglalakbay sa buwang ito, magkagayon ang katumbas na bilang ng pag-aayuno ay dapat ding tuparin sa ibang araw bilang kabayaran sa pagliban. At yaong mga nakararanas ng kahirapan na may kakayahan namang magbayad ng fidyah kapalit ng di-pag-aayuno, sila ay nararapat magpakain ng isang dukha sa bawa't araw. Subali't, sinuman ang gumawa ng kusang kabutihan nang ayon sa kanyang kakayahan, ito ay higit na makabubuti para sa kanya. At ang inyong pag-aayuno ay higit na mainam para sa inyo kung inyo lamang nalalaman ang kahalagahan at kabutihan nito.”

[Al-Baqarah:184]

Kay gandang pagpapahayag! Ang isang buong buwan ay inilalarawan ng Allah na **“mga araw na bilang lamang.”** Oo, ang Ramadhan ay mabilis lumipas—parang hindi mo namalayang dumaan at hindi nanatili sa ating piling. Naiisip ba nating mahigit kalahati na nito ang lumipas?! Ito ang mga araw na bilang lamang, O mga taong gumagawa ng kabutihan at pagsamba. Ilang layunin na ba ang ating nalayon? Ilang pagpapasya na ba ang ating natupad? Ano na ba ang ating nagawa rito? Sa anong kalagayan natin ginugol ang mga nakaraang araw nito?

“Mga araw na bilang lamang” mabilis ang pagdaan, magaan ang paglipas. Kapag nagsimula, agad kalahati na; at maya-maya'y tapos na. Mabilis maubos at malapit nang matapos. Hindi ito naghihintay sa pagpapaliban at pagpapabukas. Hindi nito kinukunsinti ang katamaran at pagkukulang.

Ang sinumang tapat dito ay tutulungan sa kabutihan:

“At kapag ang kapakanan [ukol sa Jihad] ay napagpasiyahan, [at] kung sila ay naging matapat lamang sa Allah, marahil ito ay higit sanang mabuti para sa kanila. [Muhammad:21]

At ang sinumang magtamad-tamaraan dito—tunay na ang Allah ay hindi nangangailangan sa mga nilalang:

“At marahil kung kanilang hinangad lamang na humayo [upang makipaglaban], katiyakan, sila ay nakapaghanda ng ilang paghahanda para rito, subali’t kinamuhian ng Allah na sila ay ipadala, kaya sila ay Kanyang pinanatiling nasa iyong likuran at sa kanila ay sinabi, “Magpaiwan kayo o magsiupo kayong kasama ng mga nangakaupo sa pamamahay.” [At-Tawbah:46]

*Ayon sa antas ng determinasyon ng tao dumarating ang mga dakilang determinasyon,
at ayon sa dangal ng tao dumarating ang mga mararangal*

*Nagiging dakila sa paningin ng maliit ang maliliit nito,
At lumiliit sa paningin ng dakila ang mga dakila nito.*

“Mga araw na bilang lamang” mabilis at nagmamadaling lumilipas. Sa mga araw na ito, mabilis na natatapos ang pagod at pagpupuyat, at ang kasunod nito ay gantimpala at biyaya. Nasa mga araw na ito ang mga dahilan ng pagdami ng mabubuting gawa, pagtaas ng mga antas (sa gantimpala), at pagpapatawad ng mga kasalanan.

Kaya kawawa ang sinumang hindi napatawad sa Ramadhan! Sapagkat nanalangin laban sa kanya ang dalawang sugo.

Ayon kay Jābir ibn Samurah (kalugdan nawa siya ng Allah): Umakyat ang Propeta ﷺ sa mimbar at nagsabi: “Āmeen, āmeen, āmeen.” Sinabi niya: “Dumating sa akin si Jibril at nagsabi: O Muhammad, sinumang inabot ang isa o parehong magulang ngunit namatay at nakapasok sa Impiyerno — inilayo siya ng Allah (sa Kanyang awa). Sabihin mo: Āmeen. Kaya sinabi ko: Āmeen.

Sinabi pa niya: O Muhammad, sinumang inabot ang buwan ng Ramadhan ngunit namatay na hindi napatawad at nakapasok sa Impiyerno inilayo siya ng Allah. Sabihin mo: Āmeen. Kaya sinabi ko: Āmeen ...”¹

“Mga araw na bilang lamang” mga araw na nagbibigay-aral at paalala. Ipinapaalala nito na ang ating mga buhay ay mga araw ding bilang lamang. Mabilis itong lumilipas gaya ng kakaunting araw ng Ramadhan.

Kung paanong nagtatapos ang mga araw na ito sa paglitaw ng buwan ng Shawwal, gayundin darating ang tawag ng Allah at matatapos ang ating mga taning. Ganito ang buhay ng tao napakaikli lamang.

Sinabi ng Allah: **“Ang Allah ay magsasabi: “Ilang bilang ng taon kayong nanatili sa mundo?”. Sila ay magsasabi: “Kami ay nanatili ng isang araw o [ilang] bahagi ng isang maghapon; tanungin mo ang mga nagbibilang.” Siya ang Allah ay magsasabi: “Kayo ay hindi nanatili maliban sa isang saglit lamang - kung ito ay inyong batid lamang!”** [Al-Mu’minoan:112–114)

At sinabi rin Niya: **“At sa Araw na iyon kapag sila ay Kanyang titipunin, ito ay wari bang sila ay hindi nanatili sa mundong ito maliban sa isang oras ng maghapon at sila ay magkakakilala sa isa’t isa.”** [Qur’an :45]

Kaya walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah. Kay tindi ng kapabayaang! Kaya mag-ingat, maghanda sa paglalakbay (sa Kabilang-Buhay), at gumising mula sa pagkakahimbing bago pa masabing: *“Si ganito ay namatay na.”*

Kay laki ng pagkalugi ng sinumang nagsayang ng oras sa kapabayaang at libangan, at nagpabaya sa pagsunod sa Panginoon ng lupa at kalangitan!

Ang pamamahala ng oras sa Ramadhan ay naiiba sa ibang mga buwan. Ang nag-aayuno ay nagbabantay sa oras ng pagpigil sa pagkain (imsak) sa madaling-araw, pagkatapos ay sa oras ng pagputol ng pag-aayuno (iftar) sa paglubog ng araw, pagkatapos ay sa oras ng dasal na Tarawih, at sa oras ng

¹ Sahih Ibn Hibban (907) Al-Mu’jam Al-Kabir ni At-Tabarani (2022) Pinatunayang sahih ni Al-Albani sa Sahih wa Da’if Al-Jami’ As-Saghir (75)

sahoor. Sa ganitong paraan, unti-unti siyang nagkakaroon ng kakayahan at kasanayan sa pag-aayos ng kanyang oras sa loob ng isang buong buwan.

Dahil dito, siya ay nagiging handa na mag-ayos at magplano ng kanyang oras at panatilihin ito sa kabutihan sa buong taon kung tunay niyang nauunawaan ang kanyang ginagawa.

Sinabi ng isa sa mga matutuwid: “Ang buhay ay maikli, kaya huwag mo itong paikliin pa sa pamamagitan ng kapabayaang.”

Itinuturo sa atin ng Ramadhan na ang pagpapahalaga sa oras ay gawain ng mga dakilang tao, at ang sinumang nagsasayang ng oras ay wala nang aanihin kundi pagsisisi.

Tatlong minuto ay sapat para makapagsagawa ng dalawang rak‘ah na salah. Dalawampung minuto ay sapat para makabasa ng isang juz’ ng Qur’an.

Ang pagbigkas ng: **“Lā ilāha illa-llāh, waḥdahu lā sharīka lah, laḥul-mulk wa laḥul-ḥamd, wa huwa ‘alā kulli shay’in qadīr”** ng 100 beses ay hindi aabot ng pitong minuto.

Kung magbabasa ka ng 25 hadith mula sa Sahih Bukhari araw-araw, matatapos mo ito sa loob ng tatlong buwan. At isang oras sa isang linggo ay sapat upang dalawin ang iyong mga kamag-anak (bilang pagpapanatili ng ugnayang-pamilya). Gaano karaming oras na ba ang ating nasayang?! Gaano karaming bahagi ng ating buhay ang kinuha ng mga cellphone nang dahil sa mga mensahe, video, at social media? Doon napunta ang ating mga araw at gabi, at marami tayong kabutihan ang napalampas.

Kaya maging pagkakataon sana ang Ramadhan upang suriin natin ang ating sarili tungkol sa paggamit ng oras.

O Allah, tulungan Mo kaming gamitin ang aming oras sa mga bagay na Ikinalulugod Mo. Punuin Mo ang aming gabi at araw ng mga bagay na makabubuti sa aming buhay dito sa mundo at sa Kabilang-buhay. Kupkupin Mo kami sa mga nakalilibang na walang pakinabang at sa mga nagsasayang ng oras. Ikaw ay Tunay na Nakakarinig, Malapit, at Tumutugon ng mga panalangin. O Allah, tanggapin Mo (ang aming panalangin). Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamahusay sa mga isinugo, at ang lahat ng papuri ay sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.



Aral 18

Ang Ramadhan at ang Salah (Pagdarasal)

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah na nag-utos ng salah mula sa itaas ng pitong kalangitan. Nawa’y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasasa pinakamahusay sa mga nilikha. Pagkatapos nito:

Dakilain ang buwan ng pag-aayuno bilang tagapaglinis at tagapaghubog! Kabilang sa mga pinakadakilang katangian ng buwang ito ay hinihikayat nito ang mga nag-aayuno na pahalagahan at dakilain ang salah para sa Panginoon ng mga nilalang.

Sa Ramadhan, ang mga nag-aayuno ay bumabangon bago ang oras ng Fajr para sa sahoorr, at pagkatapos nito ay isinasagawa nila ang salah ng Fajr na ang dalawang rak‘ah na sunnah nito ay higit na mabuti kaysa sa mundo at sa lahat ng nilalaman nito—gaya ng napatunayan sa Sahih Muslim.¹

Kaya paano pa kaya ang mismong obligadong salah ng Fajr?!

Sa Ramadhan, ang mga nag-aayuno ay nagtitipon sa oras ng Maghrib upang mag-iftar, at pagkatapos ng kanilang pagkain ay isinasagawa nila ang obligadong salah ng Maghrib.

Sa Ramadhan din isinabatas ang Salah ng Tarawih at Qiyam. Kaya ang mga Muslim ay nananatili sa mga masjid sa pagyuko at pagpapatirapa.

Ang lahat ng ito ay upang sanayin ang mga kaluluwa sa pagpapanatili ng salah. At ang sinumang nahubog sa salah mapalad siya sa liwanag, mapalad sa katibayan, at mapalad sa kaligtasan.

Isinalaysay ni Imam Ahmad, at pinatotohanan ni Shaykh Ibn Baz, mula kay ‘Abdullah ibn ‘Amr ibn al-‘As (kalugdan nawa siya ng Allah) na ang Propeta ﷺ ay minsang binanggit ang salah at sinabi:

“Ang sinumang nagpapanatili nito (ng salah), ito ay magiging liwanag, patunay, at kaligtasan para sa kanya sa Araw ng Paghuhukom. At ang

¹ Sahih Muslim (725)

sinumang hindi nagpapanatili nito, wala siyang liwanag, wala siyang katibayan, at wala siyang kaligtasan, at sa Araw ng Paghuhukom siya ay mapapasama kina Qarun, Fir‘awn, Haman, at Ubayy ibn Khalaf.” ¹

Ang sinumang nahubog sa salah ay nasa matibay na kuta at matatag na panangga laban sa kahalayan at kasamaan. Sinabi ng Allah:

“Bigkasin mo O Muhammad ang anumang ipinahayag sa iyo sa Aklat, at magsagawa ng pagdarasal. Katotohanan, ang pagdarasal ay pumipigil sa mga kahalayan at kasamaan. At katiyakan ang pag-alaala sa Allah ay higit na dakila. At ang Allah ay nakababatid sa anumang inyong mga ginagawa.” [Al-‘Ankabut 29:45]

Mula kay Abu Hurayrah (kalugdan nawa siya ng Allah), sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: *“Ang sinumang naglinis (nag-wudu) sa kanyang bahay, pagkatapos ay naglakad patungo sa isa sa mga bahay ng Allah (masjid) upang tuparin ang isang obligadong salah, ang bawat hakbang niya, ang isa ay nag-aalis ng kasalanan at ang isa ay nagtataas ng antas.”* ²

Ang paglalakad pa lamang patungo sa salah ay dakila paano pa kaya ang salah mismo?!

Ang salah mga alipin ng Allah ay tagapaghiwalay sa pagitan ng Islam at (Kufr) kawalan ng pananampalataya. Sinabi ng Allah:

“Bawa’t kaluluwa tao ay pananagutin sa anumang kanyang pinagsumikapan. Maliban sa mga kasamahan ng kanan. Na paroroon sa mga hardin, nagtatanungan sa isa’t isa .Tungkol sa mga mapaggawa ng kabuktutan. At sila ay tatanungin: “Ano ang sanhi ng inyong pagpasok sa Impiyerno?” [Al-Muddaththir: 38-42]

Iniulat ni Muslim sa kanyang Sahih mula kay Jabir (kalugdan nawa siya ng Allah) na sinabi ng Propeta ﷺ:

¹ Musnad Ahmad (6576); *Fatawa Nur ‘ala ad-Darb* ni Ibn Baz 16/48

² Sahih Muslim (666)

*“Katotohanan, ang pagitan ng isang tao at ng shirk at kufr ay ang pag-iwan sa salah.”*¹

Sinabi ni Imam Ahmad: “Ang salah ang huling natitira sa ating relihiyon, at ito ang unang itatanong sa atin sa Araw ng Paghuhukom. Kapag nawala ang salah, wala nang Islam at wala nang relihiyon.”²

At ang salah ng mga kalalakihang naninirahan (hindi naglalakbay) na malusog ay isinasagawa nang sama-sama sa mga masjid na malapit sa kanila at ito ay obligado. Sinabi ng Allah:

“At kung ikaw ay kabilang sa kanila at sila ay iyong pinamumunuan sa pagdarasal sa panahon ng pakikipaglaban, hayaang ang isang pangkat sa kanila ay tumayo sa pagdarasal na kasama mo, at hayaan nilang dalhin ang kanilang mga gamit-sandata. At kapag sila ay nakapagpatirapa, hayaan silang manatili sa inyong likuran at hayaang humayo sa unahan ang ibang pangkat na hindi pa nakapagdasal at hayaan silang magdasal na kasama mo, [dapat nilang] isaalang-alang ang pag-iingat at dala-dala ang kanilang mga sandata....” [An-Nisa 4:102]

Sinabi ni Shaykh Muhammad al-Amin ash-Shanqiti:

“Ang talatang ito tungkol sa Salat al-Khawf (dasal sa oras ng panganib) ay isa sa pinakamalinaw na patunay sa pagiging obligado ng dasal na sama-sama (jama‘ah); sapagkat ang pag-utos nito sa ganitong mahirap na kalagayan ay malinaw na patunay na ito ay kinakailangan. Kung ito ay hindi obligado, hindi ito iuutos sa oras ng panganib, dahil iyon ay malinaw na dahilan (para luwagan).”³

At sinabi ng Propeta ﷺ: “Ang sinumang makarinig ng panawagan (adhan) ngunit hindi tumugon, walang (ganap na) salah para sa kanya maliban kung may tanggap na dahilan.” Isinalaysay ni Ibn Mājah at pinatunayang sahih ni Al-Albani.⁴

¹ Sahih Muslim (82)

² Kitab as-Salah ni Imam Ahmad, p. 56

³ Adwā’ al-Bayān ni Ash-Shanqiti 1/263

⁴ Sunan Ibn Mājah (793); Sahih Sunan Ibn Mājah ni Al-Albani

Kabilang sa nakalulungkot na kalagayan ng ilang nag-aayuno ay ang pagtulog at pagpapabaya sa mga salah, lalo na ang Dhuhr at ‘Asr. Isinalaysay ni Samurah ibn Jundub (kalugdan nawa siya ng Allah) na sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ:

“May dumating sa akin kagabi na dalawang (anghel). Dinala nila ako at sinabi sa akin, ‘magpatuloy ka’, kaya nagpatuloy ako kasama silang dalawa. Dinala nila ako sa isang lalaking nakahiga, at may isa pang nakatayo sa ibabaw niya na may hawak na bato. Ibinabagsak niya ang bato sa ulo ng lalaki hanggang sa madurog ito. Gugulong ang bato at kukunin niya ito, at hindi siya babalik hanggang sa gumaling muli ang ulo, saka niya uulitin ang ginawa. Sinabi ko: SubhanAllah, sino sila? ... Sinabi nila sa akin: Tiyak na aming sasabihin ito sa iyo. Ang unang lalaking nakita mo na dinudurog ang ulo ay isang taong tumanggap ng Qur’an ngunit iniwan ito at natutulog sa mga obligadong salah.”¹

Kaya kayong mga nag-aayuno, mag-ingat sa pagpapabaya sa salah. Sinabi ng Allah:

“Subali’t may dumating pagkaraan nila ng mga kasunod na henerasyon na nagpapabaya sa pagdarasal at kanilang sinunod ang mga masisidhing hangarin. Kaya, kanilang makahaharap ang kasamaan [o isang lambak sa Impiyerno]”. [Maryam: 59]

O mga nag-aayuno, mag-ingat sa pag-iwan ng pagdarasal na sama-sama (jama‘ah) sa mga masjid. Tunay na napatunayan sa *Sahih al-Bukhari* na ang Sugo ng Allah ﷺ naglayon na sunugin ang ilang bahay dahil ang mga lalaki roon ay hindi dumadalo kasama niya sa masjid para sa Salah ng ‘Isha at Fajr.²

O mga nag-aayuno, minsang sumulat si ‘Umar ibn al-Khattab (kalugdan nawa siya ng Allah) sa kanyang mga tauhan:

“Ang pinakamahalagang bagay sa inyo para sa akin ay ang salah. Sinumang mag-ingat at magpanatili nito ay napangalagaan niya ang kanyang relihiyon.

¹ Sahih al-Bukhari (7047)

² Sahih al-Bukhari (644)

At sinumang magpabaya rito ay mas lalo pang magpapabaya sa iba pang bagay.”¹

O mga nag-aayuno, pagsikapan ninyo ang inyong sarili, ang inyong mga anak, at ang inyong pamilya sa pagpapanatili ng salah. Sapagkat sinabi ng Allah:

“At iyong ipag-utos ang pagdarasal sa iyong mag-anak [at pamayanan, at maging ka matiisin dito. Kami ay hindi humihingi ng panustos mula sa iyo. Kami ang magkakaloob ng panustos sa iyo. Ang mabuting wakas ay para sa mga natatakot sa Akin.” [Taa-Haa: 132]

At kabilang sa panalangin ng mga Propeta sa Qur'an:

“Aking Panginoon, gawin Mo po akong isang tagapagtaguyod ng pagdarasal at gayundin ang aking mga anak. Aming Panginoon, at tanggapin Mo po ang aking panalangin.” [Ibrahim: 40]

O Allah, gawin Mo kaming mga nagtataguyod ng salah, pati ang aming mga anak. Ameen, O Allah. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamabuting Sugo, at ang lahat ng papuri ay para sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.



¹ As-Sunan al-Kubra ni Al-Bayhaqi (2096)

Aralin 19

Ang Pag-aayuno at Pagsasalita ng Kahalayan

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah, ang May-ari ng Dakilang Trono, at nawa’y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasaating Propeta Muhammad, na may matuwid na paghatol. At pagkatapos:

Ang Ramadhan ay isang paaralan para sa pagpigil ng dila mula sa kahalayan at kasinungalingan, at pag-iingat nito mula sa pagmumura at pananakit sa salita. Nasa Sahih al-Bukhari ang sinabi ng Propeta ﷺ:

*“Sinuman ang hindi tumitigil sa pagsasalita ng kahalayan, sa paggawa nito, at sa kamangmangan, walang pangangailangan ang Allah na iwan niya ang kanyang pagkain at inumin.”*¹

Sinabi ni Al-Muhallab: “Ito ay patunay na ang tunay na diwa ng pag-aayuno ay ang pagpigil sa malaswang pananalita at kahalayan, tulad ng pagpigil sa pagkain at inumin. Kapag hindi ito pinigilan, nababawasan ang gantimpala ng pag-aayuno at nalalantad siya sa galit ng kanyang Panginoon at sa posibilidad na hindi ito tanggapin.”²

Ang “qawl az-zūr” ay tumutukoy sa pagsisinungaling at paninirang-puri, gaya ng sinabi ng Allah:

“Kaya inyong layuan ang dungis ng mga diyus-diyusan, at inyong iwasan ang pananalitang walang katotohanan pagsaksi ng walang katotohanan.”
[Al-Hajj: 30]

Kabilang dito ang lahat ng maling pananalita tulad ng: maling testimonya, paninirang-puri (ghibah tsismis (namimah), maling paratang (qadhf), panlalait, pagmumura, pagsumpa at iba pang dapat iwasan at iwanan ng tao.

Sinabi ni Shaykh As-Sa’di: “Ang sinumang tunay na naisakatuparan ang dalawang bagay—pag-iwas sa mga nakakasira ng pag-aayuno at pag-iwas sa mga ipinagbabawal—makakamtan niya ang buong gantimpala ng mga nag-

¹ Sahih al-Bukhari (1770)

² Sharh Sahih al-Bukhari ni Ibn Battal 4/23

aayuno. At ang hindi gumawa nito ay wala nang dapat sisihin kundi ang kanyang sarili.¹

Sinabi ni Ibn al-Jawzi: “Kailangang manatili sa pananahimik mula sa malaswang pananalita at paninirang-puri (ghibah), sapagkat hindi tunay na nag-ayuno ang taong patuloy na “kumakain ng laman ng tao” (naninira sa kapwa).”²

Sa isa pang hadith na napagkasunduan (Bukhari at Muslim), sinabi ng Propeta ﷺ: “Kapag araw ng pag-aayuno ng isa sa inyo, huwag siyang gumawa ng malaswa at huwag makipagtalo nang pasigaw. Kapag may uminsulto o nakipag-away sa kanya, sabihin niya: ‘Ako ay nag-aayuno.’”³

Ang *rafath* ay tumutukoy sa pagtatalik at mga paunang gawain nito, at maaari ring tumukoy sa malaswang pananalita. Ang “huwag magsigawan o makipagtalo” ay ibig sabihing huwag sumigaw, huwag makipag-away, huwag magtaas ng boses sa walang kabuluhang salita, panunuya, pangungutya, o pananakit sa iba sa pamamagitan ng pananalita.⁴

Sinabi ni Jabir ibn ‘Abdullah (kalugdan nawa siya ng Allah): “Kapag ikaw ay nag-aayuno, hayaang mag-ayuno rin ang iyong pandinig, paningin, at dila mula sa kasinungalingan at mga ipinagbabawal.”⁵

Dahil dito, ang mga naunang matutuwid (salaf) ay mahigpit sa pagbabantay sa kanilang mga dila. Minsan, nadatnan ni ‘Umar ibn al-Khattab si Abu Bakr as-Siddiq na hinihila ang kanyang sariling dila. Sinabi ni ‘Umar: “Tama na, nawa’y patawarin ka ng Allah.” Sumagot si Abu Bakr: “Ito (ang dila) ang nagdala sa akin sa mga kapahamakan.”⁶

Isinalaysay ni Sa‘id ibn Jubayr: Nakita ko si Ibn ‘Abbas na hawak ang kanyang dila at sinasabing: “Magsalita ka ng mabuti at ikaw ay magtatamo ng pakinabang, o manahimik ka at ikaw ay maliligtas bago ka magsisi.”⁷

¹ Bahjat Qulub al-Abrar ni As-Sa‘di, p. 95

² At-Tabsirah ni Ibn al-Jawzi 2/74

³ Sahih al-Bukhari (1904); Sahih Muslim (1151)

⁴ Tingnan: Fath al-Bari ni Ibn Hajar 4/104

⁵ Shu‘ab al-Iman ni Al-Bayhaqi (3374)

⁶ Muwatta’ Malik (3621); Musannaf Ibn Abi Shaybah (26500); pinatotohanan ni Al-Albani sa Sahih at-Targhib (2873)

⁷ Fada’il as-Sahabah ni Ahmad ibn Hanbal (1844)

Sinabi ni ‘Abdullah ibn Mas‘ud (kalugdan nawa siya ng Allah): “Walang bagay na mas karapat-dapat sa mahabang pagkakakulong kaysa sa dila.”¹

Sinabi ni Imam an-Nawawi sa Al-Adhkar:

Nakarating sa amin na sina Quss ibn Sa‘idah at Aktham ibn Sayfi ay nagkasama. Tinanong ng isa ang isa: “Ilang kapintasan ang nakita mo sa anak ni Adan (tao)?” Sumagot siya: “Napakarami upang mabilang, ngunit ang naitala ko ay walong libong kapintasan. Gayunman, may natagpuan akong isang katangian na kapag ginamit mo ito, natatakpan nito ang lahat ng kapintasan.” Siya ay nagsabi: “Ano iyon?” Sumagot siya: “Ang pag-iingat sa dila.”²

“Ingatan mo ang iyong dila, O tao, Tiyak na tutuklawin ka nito sapagkat ito ay ahas. Ilan na ang nasa libingan na. Ilan na ang nasa libingan na nakipagbuno sa kanilang dila, mga taong kahit ang matatapang ay dati’y takot makaharap sila sa kanilang dila mga taong kahit ang matatapang ay dati’y takot makaharap sila.”

Ang tunay na nag-aayuno ay naapektuhan ang kanyang asal dahil sa pag-aayuno sa pakikitungo niya sa iba. Ngunit ang taong ginawang kaugalian lamang ang pag-aayuno na nag-aayuno kapag ang mga tao ay nag-aayuno at tumitigil kapag sila’y tumitigil at hindi pumasok sa “paaralan ng pag-aayuno” nang may pananampalataya, o iniisip na ang pag-aayuno ay simpleng pagpigil lamang sa pagkain at inumin, habang pinababayaan naman ang kanyang dila at paningin sa mga ipinagbabawal ng Allah, samantalang pinipigilan niya ang sarili sa mga bagay na ang orihinal na hatol ay pinahihintulutan naman sa kanya tulad ng pagkain, inumin, at pakikipagtalik, ang ganitong tao ay sakop ng sinabi ng Propeta ﷺ:

*“Ang sinumang hindi tumitigil sa mahalay na salita, sa paggawa nito, at sa kamangmangan, walang pangangailangan ang Allah na iwan niya ang kanyang pagkain at inumin.”*³

Sinabi ni Ibn al-Jawzi: “Ilan na ang nag-aayuno sa pagkain ngunit ‘kumakain’ naman sa pamamagitan salita (masamang pananalita). Masipag sa pagdarasal sa gabi ngunit nakasasakit ng kapwa. Dahil sa kanyang dila at gawa siya ay

¹ Az-Zuhd wa ar-Raqa’iq ni Ibn al-Mubarak (384)

² Al-Adhkar ni Imam an-Nawawi p. 335

³ Sahih al-Bukhari (1770)

nagkakasala, at sa kanyang pag-aayuno at pagdarasal siya ay walang gantimpala. Nasaan ang lumihis sa patnubay at nagturo ng daan sa kapahamakan? Bagkus nasaan ang taong nabalutan ng kasalanan ang kanyang puso, na hindi nagmadali sa pagsisisi mula sa kanyang kasalanan at hindi natakot sa parusa ng kanyang Panginoon?

Kawawa ka, O abang tao! Samantalahin mo ang buwan ng Ramadhan na puno ng awa at kapatawaran. Suriin mo ang iyong sarili O abang tao! bago dumating ang oras na umabot sa iyong lalamunan ang kutsilyo (bago dumating ang kamatayan). ¹

Napakaganda kung pipigilan natin yaong naninirang-puri nang may karunungan at mabuting asal. Malaki ang gantimpala ng pumigil sa paninirang-puri. Isinalaysay ni at-Tirmidhi at pinatotohanan ni al-Albani na sinabi ng Propeta ﷺ:

“Sinumang magtanggol sa dangal ng kanyang kapatid, ilalayo ng Allah ang kanyang mukha sa Apoy sa Araw ng Paghuhukom.” ²

Ang nakikisama o nakikitawa sa naninirang-puri ay maaaring maging kasalo sa kasalanan. Kaya ingatan mo ang iyong dila, ang iyong timbangan (ng gawa), at ang iyong pag-aayuno.

Lumayo sa walang saysay na pagtatalo at tsismisan; kadalasan ito’y nagbubunga ng alitan at pagkakawatak-watak. Ang pananahimik ay sasakyan ng mga mabubuti—huwag mo itong iwan maliban sa kaunti. Nasa Sunan at-Tirmidhi at pinatotohanan ni al-Albani na sinabi ng Propeta ﷺ: *“Ang sinumang manahimik ay maliligtas.”* ³

At panghawakan mo nang mahigpit ang payo ng iyong Propeta ﷺ: *“Pigilin mo ang iyong dila.”* ⁴

¹ Bustan al-Wa‘izin ni Ibn al-Jawzi p. 226

² Sunan at-Tirmidhi (1854), pinatotohanan ni al-Albani

³ Sunan at-Tirmidhi (2425), pinatotohanan ni al-Albani

⁴ Sunan at-Tirmidhi (2330), pinatotohanan ni al-Albani

O Allah, tulungan Mo kaming ingatan ang aming mga dila. Nagpapakupkop kami sa Iyo na magsalita ng kahalayan o gumawa ng kasamaan. O Allah, Amen. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamahusay sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.



Aralin 20

Ang Huling Sampung Araw: Sampung Masaganang Bahagi

Ang lahat papuri ay para lamang sa Allah na lumikha ng mga araw at buwan. Nawa’y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinaka-masikap sa ummah sa paghahangad ng gantimpala. At pagkatapos:

Kung ang karamihan sa buwan ay lumipas na, nananatili pa ang pinakahuli at pinakamahalagang bahagi nito. Ito ang huling sampung araw- ang sampung masaganang bahagi. O para sa Allah, gaano karami ang taglay nitong kabutihan, napakalaking gantimpala, at masaganang pagpapala!

Handa kong ialay ang aking ama at ina para sa kanya, ang Propeta ﷺ ay lubos itong dinadakila at ibinibigay ang karapatan nito. Para sa Allah, kay dakila ng kanyang pagsisikap dito at kay taas ng kanyang dagdag na pagsamba!

Ayon kay ‘Aishah (kalugdan nawa siya ng Allah): “Ang Propeta ﷺ kapag sumapit ang huling sampung gabi ay nagsisikap nang higit kaysa sa ibang mga gabi.” (Isinalaysay ni Muslim) ¹

At sinabi rin niya: “Ang Propeta ﷺ, kapag dumarating ang huling sampung gabi, hinihigpitan niya ang kanyang balabal sa baywang (bilang tanda ng paglayo sa pakikipagtalik at pagtuon sa pagsamba), binubuhay niya ang kanyang gabi (sa pagsamba), at ginigising niya ang kanyang pamilya.” (Muttafaqun ‘alay) ²

Iniulat din ni at-Tabarani mula kay ‘Ali (kalugdan nawa ng Allah): “Ang Propeta ﷺ ay ginigising ang kanyang pamilya sa huling sampung gabi ng Ramadhan, lahat ng bata at matanda na may kakayahang magdasal.” ³

O mga nag-aayuno: kabilang sa pagpapahalaga sa inyong minamahal na Propeta ﷺ sa mga sampung gabi na ito ay ang paglayo niya sa mga tao upang mapag-isa para sa Lumikha, napapangasiwaan ang abala ng mundo, at humaharap sa Kabilang-Buhay nang may puso at pagninilay.

¹ Sahih Muslim (1175)

² Sahih al-Bukhari (2024), Sahih Muslim (1174)

³ Al-Mu‘jam al-Awsat ni at-Tabarani (7425)

Siya ay nagkukulong sa masjid para sa i'tikaf (pananatili sa pagsamba), at pinahahaba niya ang pagtayo sa pagdarasal sa mga gabing iyon sa magandang pagtalima at maayos na hanay. Isinusumpa ko sa aking Panginoon hindi niya iniwan ang i'tikaf sa mga gabing ito hanggang sa siya'y bawian ng buhay ng Allah at piliin sa Kanyang piling.

Kaya ikaw na naghahangad ng gantimpala, at ikaw na naghahanap ng kapatawaran sa kasalanan at pagkukulang magpagaan ka mula sa mga alalahanin sa mundo sa loob ng sampung araw na ito, at ituon mo ang iyong puso, mukha, at kaluluwa sa Dakilang Allah, ang Kataas-taasan.

Sapat na ang labis nating pagkaabala sa mundo, at ang gawain para sa Kabilang-buhay ay lagi nating ipinagpapaliban at napapabaya. O Allah, gawin Mo kaming kabilang sa mga gumagawa ng mabubuting gawa.

Tunay na ang pinakadakilang bumubuhay sa huling sampung gabi ay ang pagdarasal sa gabi at salah, sapagkat ito ang nakagawian ng Propeta ﷺ. Ito ay naglalaman ng nakasasaklaw na panalangin, pag-asa sa Pinakamaawain, at pagbuhay ng gabi sa pamamagitan ng pagbasa Qur'an.

Kabilang sa mga aral na pang-edukasyon ng Propeta ﷺ ay ang kanyang pag-aalala sa kanyang pamilya sa mga gabing ito, ginigising niya sila para sa pagdarasal sa gabi. Paanong hindi? Samantalang siya ang pinakamahusay sa ummah sa pakikitungo sa kanyang pamilya. Kaya alalahanin ninyo ang inyong mga pamilya, paalalahanan sila tungkol sa kahalagahan ng huling sampung araw, at patayuin sila sa pagdarasal ninyo.

O mga kapatid sa Islam: sa huling sampung araw na ito naroroon ang pinakadakilang gabi sa buong taon ang Gabi ng Kapalaran (Laylatul Qadr):

“Katotohanan, Aming ibinaba o ipinahayag ito ang Qur'an sa Gabi ng kapasiyahan. At ano ba ang makapagpapaliwanag sa iyo kung ano ang Gabi ng kapasiyahan? Ang Gabi ng kapasiyahan ay higit na mabuti kaysa sa isang libong mga buwan. Dito sa gabing ito ay bumababa ang mga anghel at ang Banal na Espiritu sa kapahintulutan ng kanilang Panginoon para sa lahat ng bagay na napagpasiyahan. May kapayapaan sa gabing ito hanggang sa pagsapit ng buwang-liwayway.” [Al-Qadr 1–5]

Sa sampung gabi ng masaganang bahagi na ito, ilan kaya ang pinalalaya mula sa Impiyerno! Kaawa-awa ang pinagkaitan ng awa ng Allah. Lugi ang hindi

nagtaas ng kanyang mga kamay sa panalangin, hindi nagpatulo ng luha, at hindi man lamang nagpakumbaba ang puso sa Allah kahit sandali. Mahaba ang kanyang pagtulog samantalang ang iba ay tumatayo sa pagsamba, at ito, sumpa man sa Allah, ang tunay pagkalugi.

Kaya magmadali! Samantalahin ang pagkakataon ng pakinabang! O naghahangad ng kabutihan lumapit ka! O naghahangad ng kasamaan tumigil ka!

Kapus-palad ang inabutan ng Ramadhan ngunit hindi napatawad. Ito ang panalanging binigkas ni Jibril, at tinugunan ng ating marangal na Propeta ﷺ sa pagsabi ng “Ameen”. O Allah, pagpalain Mo at bigyan ng kapayapaan ang aming Propeta ﷺ.

Ilagay mo ngayon sa iyong harapan ang gabi ng Eid, tapos na ang huling sampung gabi. Ang mga nagsikap sa pagsamba ay nagbabalik na pinupuri ang kanilang Panginoon: may lumalabas mula sa lugar ng kanyang i’tikaf, may ilan na nakatapos ng Qur’an nang ilang ulit, at may iba na tumayo sa pagdarasal sa mga pinagpalang gabi. Samantalang ang nagpabaya - nawa’y protektahan ka ng Allah mula roon- ay uuwi na may kabiguan at pagkalugi. Kay laking panghihinayang sa kanyang mga napabayaan!

*Lumipas ang mga taon at umusad ang buhay,
Ngunit ang puso’y walang pasasalamat ni pag-alaala.*

*Ang matinding kapabayaan ay tila nakataas
Na espadang pumuputol sa edad ng buhay.*

*Hanggang kailan, O puso, na nahulunod
Sa alon ng pagnanasa? Tunay na ang pagnanasa ay dagat.*

*Ngayon ay pinagkalooban ka ng Allah ng kapatawaran
Ang sampung gabing ito’y kumatok sa iyong pintuan.*

Kapatid ko: alalahanin mong sampung gabi lamang ito, dumaraan na parang panaginip, at naglalaho sa isang kisapmata! Alalahanin mong hindi ito babalik maliban kung matapos ang isang buong taon. Hindi mo alam kung ano ang ipagpapasya ng Allah sa panahong iyon, at hindi mo alam kung kanino pa ito aabot muli.

Kaya O Allah, tulungan Mo kaming maabot ang sampung gabing ito para sa dakilang pagsamba. Pagkalooban Mo kami ng masaganang gantimpala upang makamtan namin ang kabutihan at higit pa. Ameen, O Allah. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamabuti sa mga isinugo. At ang papuri ay sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilalang.



Aralin 21

Ang Pag-aayuno at I'tikāf (Pananatili sa Masjid na may Layuning Pagsamba)

Ang papuri ay para lamang sa Allah, nagtatagumpay ang sinumang sumamba sa Kanya at tumigil (naglaan ng sarili) para sa Kanya. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamahusay na nagsagawa ng i'tikāf.

At pagkatapos:

Kabilang sa mga dakilang sunnah ang i'tikāf. Ito ay kilala na rin sa mga naunang pamayanan. Sinabi ng Allah:

“At Aming iniatas kina Abraham at Ismael, na kanilang pangasiwaan ito at naghabiling, "Inyong padalisayin ang Aking bahay-dalanginan para sa mga nagsisiikot ṭawāf dito at sa mga nananatili rito sa pagsamba, at sa mga nagsisiyuko at nagpapatirapa sa pagdarasal.” [Qur'an 2:125]

Sinabi ni Shaykh Ibn 'Uthaymeen:

“Ang i'tikāf ay ang pananatili ng isang tao sa masjid para sa pagsunod sa Allah, paglayo upang mapag-isa mula sa mga tao, pagiging abala sa pagsamba, at pagtutok doon.”¹

Ang i'tikāf ay Sunnah ayon sa pinagkasunduan ng mga iskolar (ijmā')². Ang pinakamainam nito ay yaong ginagawa sa huling sampung araw ng Ramadhan.

Ayon kay 'Abdullah ibn 'Umar (kalugdan siya ng Allah):

“Ang Sugo ng Allah ﷻ ay nagsasagawa ng i'tikāf sa huling sampung araw ng Ramadhan.” (Isinalaysay ni Bukhari at Muslim)³

¹ Majmū' Fatāwā wa Rasā'il ni Ibn 'Uthaymeen 20/155

² Tingnan: *Al-Majmū' Sharh al-Muhadhdhab ni An-Nawawi* 6/475

³ Sahih Bukhari (2025), Sahih Muslim (1171)

Ayon naman kay ‘Aishah (kalugdan siya ng Allah):

“Ang Propeta ﷺ ay patuloy na nagsasagawa ng i’tikāf sa huling sampung araw ng Ramadhan hanggang sa siya ay pumanaw. Pagkatapos niya, ang kanyang mga asawa ay nagsagawa rin ng i’tikāf.” (Isinalaysay ni Bukhari at Muslim)¹

Sinabi ni Az-Zuhri: “Kataka-taka sa mga Muslim na iniwan nila ang i’tikāf, samantalang ang Propeta ﷺ ay hindi ito iniwan taun-taon sa huling sampung araw mula nang dumating siya sa Madinah hanggang sa siya ay pumanaw.”²

Ayon kay ‘Aṭā’ mula sa kanyang ama, sinabi niya:

“Ang halimbawa ng isang nag-i’tikāf ay tulad ng isang muḥrim (napapaloob sa ihram ng ḥajj o ‘umrah) na inilagay ang sarili sa harap ng Pinakamaawain, na para bang sinasabi: *Sumpa man sa Allah, hindi ako aalis hangga’t hindi Mo ako kinakaawaan.*”³

Sinabi ni Shaykh Ibn ‘Uthaymeen:

“Ang nag-i’tikāf ay papasok sa kanyang i’tikāf sa paglubog ng araw ng gabi ng ika-20 ng Ramadhan, sapagkat ang huling sampung araw ay nagsisimula sa paglubog ng araw ng gabing iyon, at nagtatapos sa paglubog ng araw ng gabi ng ‘Eid.”⁴

Pinakamaikling panahon ng i’tikāf

Sinabi ng Permanent Committee for Fatwa (Al-Lajnah Al-Dā’imah lil-Ifta’):

“Pinahihintulutan ang i’tikāf kahit isang oras lamang sa masjid na isinasagawa roon ang sama-samang pagdarasal (jama’ah).”⁵

Ito ay dahil walang tiyak na haba ng panahon na itinakda sa Shari‘ah, at sa wikang Arabik, ang i’tikāf ay maaaring tumukoy sa maikli o mahabang pananatili.⁶

¹ Sahih Bukhari (2026), Sahih Muslim (1172)

² Sharh Sahih Bukhari ni Ibn Baṭṭāl 4/181

³ Shu‘ab al-Īmān ni Al-Bayhaqi (3970)

⁴ Majmū‘ Fatāwā wa Rasā’il Ibn ‘Uthaymeen 20/169–170, 179

⁵ Fatāwā al-Lajnah ad-Dā’imah (2nd collection) 9/321

⁶ Tingnan: Al-Muḥallā ni Ibn Ḥazm 3/411–412

Lugar ng i'tikāf

Sinabi rin ng Al-Lajnah Al-Dā'imah lil-Ifta':

“Ang i'tikāf ay isinasagawa sa masjid kung saan may isinasagawang salah na jama'ah. Kung ang nag-i'tikāf ay kabilang sa mga obligadong magsagawa ng Jumu'ah at aabutan siya ng Jumu'ah sa kanyang i'tikāf, mas mainam na ito ay sa masjid na isinasagawa roon ang Jumu'ah.”¹

Mga silid sa loob ng masjid

Sinabi ng Al-Lajnah Al-Dā'imah lil-Ifta':

“Ang mga silid na nasa loob ng masjid at ang mga pintuan nito ay bukas papasok sa masjid ay may hatol na bahagi ng masjid. Ngunit kung ito ay nasa labas ng masjid, hindi ito kabilang sa masjid kahit pa ang mga pintuan nito ay nakabukas papasok sa masjid.”²

Pinapaalala rin na kabilang sa mga nakasisira ng i'tikāf ang paglabas sa masjid. Kaya ayon sa Sunnah, ang nag-i'tikāf ay hindi bumibisita sa maysakit habang nasa i'tikāf, hindi tumutugon sa mga paanyaya (tulad ng handaan sa labas at kasal), hindi nag-aasikaso ng mga gawain ng pamilya, hindi dumadalo sa libing, at hindi lumalabas para sa trabaho sa labas ng masjid.

Pinahihintulutan lamang ang paglabas para sa mga kinakailangang pangangailangan, tulad ng pagkuha ng pagkain at inumin kung walang magdadala nito sa kanya, o pagpunta sa palikuran kung walang palikuran sa loob ng masjid. Ito ang hatol ng Permanent Committee for Fatwa.³

Kabilang din sa mga nakasisira ng i'tikāf na binanggit sa Qur'an ang pakikipagtalik at mga paunang gawain nito, ayon sa sinabi ng Allah:

“At huwag kayong makipag-ugnayan sa kanila sa inyong mga asawa habang kayo ay namamalagi sa masjid para sa pagsamba.”

[Qur'an 2:187]

¹ Fatāwā al-Lajnah ad-Dā'imah (1st collection) 10/410

² Fatāwā al-Lajnah ad-Dā'imah (1st collection) 10/412

³ Fatāwā al-Lajnah ad-Dā'imah (1st collection 10/410–411; 2nd collection 9/320)

Sa pangkalahatan, hindi pinahihintulutan ang pagbili at pagbebenta sa masjid para sa nag-i'tikāf. Ngunit kung bibili siya ng kailangan niyang pagkain at iba pa sa pamamagitan ng online applications o katulad nito, ito ay pinahihintulutan. Ngunit kung oorderin niya ito habang siya ay nasa labas ng masjid ito ay mas mainam.

Pinahihintulutan din ang mga kababaihan na mag-i'tikāf kapag may maayos na lugar para sa kanila sa masjid at may pahintulot ng kanilang mga asawa. Ito ay napatunayan sa Sahih Bukhari na ang mga asawa ng Propeta ﷺ ay humingi ng pahintulot sa kanya na mag-i'tikāf sa masjid.¹

Dapat ding bigyang-pansin na ang ilang nag-ii'tikāf ay hindi naisasagawa ang i'tikāf ayon sa itinakda ng Allah—na ito ay pagbubukod para sa pagsamba sa Allah. Sa halip, nagiging oras ito ng kuwentuhan, tsismisan, o labis na paggamit ng cellphone sa walang pakinabang. Sumpa man sa Allah, hindi itinakda ang i'tikāf para sa ganitong kalagayan.

Kaya't mag-ingat ang mga nag-ii'tikāf at tuparin nila ang tunay na layunin nito—ang pag-iisa kasama ang Allah, ang nararapat na sambahin, nang sa gayon ay patawarin sila ng Allah at tanggapin ang kanilang mga panalangin. Tunay na Siya ay Maawain at Mapagmahal.

O Allah, gabayan Mo kami sa pagsunod sa Sunnah, at lubusin Mo sa amin ang Iyong biyaya at pagpapala. O Allah, tanggapin Mo (ang aming panalangin). Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa sa pinakamainam sa mga isinugo (si Propeta Muhammad ﷺ). At ang lahat ng papuri ay para sa Allah, ang Panginoon ng mga nilalang.



¹ Sahih al-Bukhari (1904)

Aralin 22

Laylatul Qadr

O Allah, sa Iyo ang lahat ng papuri, Ikaw na may pinakamataas na antas, ang makapangyarihang nangingibabaw sa lahat, ang nagpapatawad ng kasalanan at pasanin. Nawa’y pagpalain at bigyan ng kapayapaan si Propeta Muhammad ﷺ na naghikayat sa amin na hangarin ang Laylatul Qadr at magsagawa ng pagsamba rito nang may pag-asa sa dakilang gantimpala. At pagkatapos:

“Katotohanan, Aming ibinaba o ipinahayag ito ang Qur'an sa Gabi ng kapasiyahan. At ano ba ang makapagpapaliwanag sa iyo kung ano ang Gabi ng kapasiyahan? Ang Gabi ng kapasiyahan ay higit na mabuti kaysa sa isang libong mga buwan. Dito sa gabing ito ay bumababa ang mga anghel at ang Banal na Espiritu sa kapahintulutan ng kanilang Panginoon para sa lahat ng bagay na napagpasiyahan. May kapayapaan sa gabing ito hanggang sa pagsapit ng buwang-liwayway.”

[Surah Al-Qadr 1–5]

O kay dakila ng panahong ito! **“Katotohanan, Aming ibinaba [o ipinahayag ito [ang Qur'an] sa Gabi ng kapasiyahan”** — Ito ang gabi kung kailan ibinaba rito ang pinakamabuting Aklat at ang pinakaganap na batas.

Sinabi ni Ibn ‘Abbas (kalugdan nawa sila ng Allah): Ang Qur’an ay ibinaba nang minsanan mula sa Al-Lawh Al-Mahfuz (Ang Pinangalagaang Talaan) patungo sa mga tagapagtala sa pinakamababang langit, at pagkatapos ay ibinaba ito ni Jibril nang paunti-unti—ibig sabihin, isang talata o dalawang talata—sa iba’t ibang panahon sa loob ng dalawampu’t isang taon.¹

O kay dakila ng halaga nito! **“Ang Gabi ng kapasiyahan ay higit na Mabuti kaysa sa isang libong mga buwan.”**

Ang isang gabing pagtindig sa pagsamba rito ay mas mainam kaysa sa pagsamba sa loob ng walumpu’t tatlong taon. Sapat na karangalan para sa gabing ito na ang Allah ay nagbaba rito ng isang buong surah.

¹ Al-Jami‘ li Ahkam Al-Qur’an ni Al-Qurtubi 2/297

O kay dakila ng mga bumababa at ng mismong pagbaba! **“Dito [sa gabing ito] ay bumababa ang mga anghel at ang [Banal na] Espiritu sa kapahintulutan ng kanilang Panginoon para sa lahat ng bagay [na napagpasiyahan].”**

Iniulat ni Abu Dawud At-Tayalisi at mula sa kanya ay si Imam Ahmad sa kanyang *Musnad*, at pinabuti (hasan) ni Al-Albani, na ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

*“Ang Laylatul Qadr ay sa ika-27 o ika-29 na gabi, at katotohanan ang mga anghel sa gabing iyon sa kalupaan ay mas marami kaysa sa bilang ng mga maliliit na bato.”*¹

O kay dakilala ng biyaya ng Pinakamapagbigay! **“Ito ay kapayapaan hanggang sa pagsapit ng buwang-liwayway.”** [Surah Al-Qadr 5]. Sinabi ni Shaykh Ibn ‘Uthaymeen: “Tinawag ito ng Allah na “kapayapaan” dahil sa dami ng mga taong naliligtas dito mula sa mga kasalanan at sa kaparusahan nito. Sinabi ng Propeta ﷺ: *“Sinumang tumindig sa pagsamba sa Laylatul Qadr nang may pananampalataya at pag-asa sa gantimpala, patatawarin ang kanyang mga nagdaang kasalanan.”*² At walang pag-aalinlangan, ang kapatawaran ng mga kasalanan ay isang uri ng kaligtasan mula sa kapahamakan at parusa nito.”³

May mga paglalarawan din sa Sunnah tungkol sa gabing ito. Isinalaysay ni Ubayy ibn Ka’b (kalugdan nawa siya ng Allah) na sinabi ng Sugo ng Allah ﷻ na ang araw sa umagang kasunod ng Laylatul Qadr ay sisikat na walang matinding sinag.⁴

Isinalaysay naman ni Jabir (kalugdan siya ng Allah) na sinabi ng Propeta ﷺ: “Ipinakita sa akin ang Laylatul Qadr, pagkatapos ito ay ipinakalimot sa akin. Ito ay nasa huling sampung gabi. Ito ay maliwanag at banayad — hindi mainit at hindi malamig — na para bang may buwan na nagpapaliwanag sa mga

¹ Musnad Abi Dawud At-Tayalisi (2668); Musnad Ahmad (10734); Sahih Al-Jami’ As-Saghir (5473)

² Sahih Bukhari (2014); Sahih Muslim (760)

³ Tafsir Ibn ‘Uthaymeen, Juz ‘Ammah p. 272

⁴ Sahih Muslim (762)

bituin. Walang demonyong makalalabas hanggang sa sumikat ang buhang-
liwayway nito.”¹

At maraming mapagkakatiwalaang iskolar ng Islam tulad nina Al-Nawawi, Ibn Taymiyyah, Ibn Hajar, Ibn Baz, Ibn ‘Uthaymeen, at ng Permanent Committee for Fatwa ang nagsabi na ang Laylatul Qadr ay hindi isang tiyak na gabi taun-taon. Sa halip, ito ay lumilipat-lipat sa loob ng huling sampung gabi ng Ramadhan bawat taon, at maaaring mangyari sa iba’t ibang gabi.²

Nabanggit sa dalawang pinakatunay na aklat ng hadith (Sahih al-Bukhari at Sahih Muslim) na ipinakita sa Propeta ﷺ ang Laylatul Qadr, ngunit pagkatapos ay ito ay ipinakalimot sa kanya. Kaya’t inutusan niya ang mga tao na hanapin ito sa huling sampung gabi, lalo na sa mga gabing may bilang na di-pares (odd nights). Mula kay ‘Aishah (kalugdan siya ng Allah), sinabi ng Sugo ng Allah ﷻ:

“Hanapin ninyo ang Laylatul Qadr sa mga gabing di-pares (butal) ng huling sampung gabi ng Ramadhan.” (Isinalaysay ni Bukhari)³

Sinabi ng Permanent Committee for Fatwa na ang ika-27 gabi ang pinakanaaangkop na maaaring maging Laylatul Qadr.⁴ Ito ay batay sa salaysay ni Ubayy ibn Ka‘b (kalugdan siya ng Allah) na nagsabi tungkol sa Laylatul Qadr:

“Isinusumpa ko sa Allah na tunay na alam ko ito. At ang pinakamatibay kong kaalaman ay na ito ang gabing iniutos sa amin ng Sugo ng Allah ﷻ na tumindig sa pagsamba — ito ay ang ika-27 gabi.” (Isinalaysay ni Muslim)⁵

*O pinakamaliwanag na gabi ng panahon...
lumitaw ka, O Laylatul Qadr.*

*Lumitaw ka, O perlas ng mga araw, tulad ng makinang na bituin.
Lumitaw ka sa langit ng aming buhay na may liwanag na tulad ng kabilugan*

¹ Sahih Ibn Khuzaymah (2190); Sahih Ibn Hibban (3688); pinatotohanan ni Al-Albani

² Fatawa Nawawi; Majmu‘ Fatawa Ibn Taymiyyah; Fath Al-Bari; Fatawa Lajnah; Fatawa Ibn Baz; Sharh Mumti

³ Sahih Bukhari (2017)

⁴ Fatawa ng Permanenteng Lupon ng Fatwa 10/415

⁵ Sahih Muslim (762)

ng buwan.

Ikaw ay kapayapaan sa gabi hanggang sa pagsikat ng buhang-liwayway.

Isang kapayapaang bumabalot sa mundo at nagbibigay-liwanag sa buong sangnilikha.

Ang dakilang gabing ito — ang Laylatul Qadr — ay itinatagubilin na buhayin sa pamamagitan ng pagsamba sa gabi. Mula kay Abu Hurayrah (kalugdan siya ng Allah), sinabi ng Propeta ﷺ:

“Sinumang tumindig sa pagsamba sa Laylatul Qadr nang may pananampalataya at pag-asa sa gantimpala, patatawarin ang kanyang mga nagdaang kasalanan.” (Isinalaysay nina Bukhari at Muslim)¹

Itinakda at kanais-nais din ang pagsasagawa ng i'tikaf (pananatili sa masjid para sa pagsamba) sa gabing ito. Nasa Sahih Muslim na ang Sugo ng Allah ﷻ ay nagsagawa ng i'tikaf sa gitnang sampung araw ng Ramadhan habang hinahanap ang Laylatul Qadr bago pa ito ipinaalam sa kanya. Nang matapos ang mga iyon, ipinag-utos niyang itayo ang silungan, ngunit ito ay kalauna'y binuwag. Pagkaraan ay ipinaalam sa kanya na ito ay nasa huling sampung gabi, kaya ipinag-utos niyang itayo muli ang kanyang silungan para sa i'tikaf.²

Itinakda at itinatagubilin din ang pagsusumamo (du‘ā’) sa gabing ito. Ayon kay ‘Aishah (kalugdan siya ng Allah), sinabi niya:

“O Sugo ng Allah, kung sakaling malaman ko kung kailan ang Laylatul Qadr, ano ang dapat kong sabihin dito?” Sumagot siya: “Sabihin mo: **Allāhumma innaka ‘afuwwun tuḥibbul-‘afwa fa‘fu ‘annī** (O Allah, Ikaw ay Mapagpatawad, iniibig Mo ang pagpapatawad, kaya patawarin Mo ako).”³

Ang paghingi ng kapatawaran sa Allah ay itinakda sa lahat ng oras, ngunit higit itong binibigyang-diin sa gabing ito. Sapagkat gaano man magsikap ang

¹ Sahih Bukhari (2014); Sahih Muslim (760)

² Sahih Muslim (1167)

³ Musnad Ahmad (25384); Sunan Tirmidhi (3435); Sunan Ibn Majah (3850); pinatotohanan ni Al-Albani

isang sumasamba, siya pa rin ay nagkukulang at umaasa sa kapatawaran ng Allah. Ito ang kahulugang binigyang-diin ni Imam Ibn Rajab.¹

Mahalaga ring pag-ibayuhin ang panalangin sa gabing ito sapagkat dito itinatakda mula sa *Al-Lawh al-Mahfūz* (Ingat na Talaan) tungo sa mga anghel na tagapagtala ang mga mangyayari sa buong taon: kung sino ang magiging masaya o malungkot, kung sino ang pararangalan o ibababa, kung sino ang yayaman o maghihirap, kung sino ang mamamatay at kung sino ang mabubuhay. Sinabi ng Allah:

“Sa gabing iyon ipinapasya ang bawat kautusan na matalinong pinagpasyahan.” [Qur'an 44:4]

Ayon kay Imam Nawawi, tinawag itong *Laylatul Qadr* sapagkat ito ay gabi ng pagpapasya at paghatol.²

O mga nag-aayuno, ang Laylatul Qadr ay gabi ng pagpapalaya mula sa Impiyrno at gabi ng karangalan. Ito ay gabi ng paglapit sa Allah at taimtim na pakikipag-usap sa Kanya. Ito ay gabing sagana sa biyaya at mahalaga ang bawat oras. Ang kaunting gawa rito ay nagiging napakarami, at ang marami naman ay lalo pang pinararami ng Maalam at Nakababatid sa lahat. Ito ay gabing ang sinumang magkamit ng karangalang ito ay tunay na nagtagumpay at nagkamit ng gantimpala, at ang sinumang mawalan nito ay nabigo at napagkaitan.

Kaya naman O Allah, gawin Mo kaming kabilang sa mga tumitindig sa pagsamba sa gabing ito nang may pananampalataya at pag-asa sa gantimpala. Isulat Mo kami sa mga pinatawad at tinanggap. O Allah, Ameen. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamabuti sa mga sugo, at ang lahat ng papuri ay para sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.



¹ Laṭā'if al-Ma'ārif ni Ibn Rajab p. 206

² Al-Majmū' Sharḥ al-Muhadhdhab ni Imam Nawawi 6/447

Aralin 23

Ang Pag-aayuno, Determinasyon, at Lakas ng Hangarin

Ang lahat ng papuri ay sa Allah na gumabay at tumulong; Siya ang Mapagbigay at Mapagkaloob. Nawa’y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasakanyang Propeta na si Muhammad. Pagkatapos nito:

Ang Ramadhan ay isang natatanging paaralan ng paghubog ng pagkatao upang patatagin ang hangarin ng isang Muslim. Sa buwang ito, siya ay nag-aayuno mula sa pagkain, inumin, at pakikipagtalik mula sa pagsikat ng bukang-liwayway hanggang sa paglubog ng araw, sa loob ng dalawampu’t siyam o tatlung araw. Ang pag-aayunong ito ay nagsasanay sa isang Muslim na kontrolin ang kanyang mga pagnanasa at kaligayahang pansarili, sa halip na ang mga ito ang kumontrol sa kanya. Dahil dito, ang kanyang sarili ay umaangat mula sa mundo ng materyal tungo sa mundo ng espiritwal, at mula sa pagkaalipin sa pagnanasa tungo sa pagkaalipin sa Kataas-taasang Allah.

O mga nag-aayuno: kabilang sa mga aral ng pagpapatatag ng hangarin at pagtataas ng adhikain sa pagsamba sa mapagpalang buwang Ramadhan ay ang paghikayat ng ating minamahal na Propeta ﷺ na magsagawa ng pagdarasal sa gabi kasama ang imam hanggang ito ay matapos. Iniulat nina Tirmidhi at Ibn Abi Shaybah, at pinatotohanan ni Al-Albani, na sinabi ng Propeta ﷺ:

“Sinumang magdasal kasama ng imam hanggang siya ay matapos, isusulat para sa kanya ang gantimpala ng pagdarasal sa buong gabi.”¹

Sa marangal na hadith na ito ay may paghihikayat sa lakas ng hangarin—ang pagpapatuloy sa mga gawaing panrelihiyon at mabubuting gawa hanggang sa matapos ang mga ito. Ito rin ay daan upang makamit ang mas malaking gantimpala, sapagkat para itong nagdasal sa buong gabi at hindi lamang sa isang bahagi nito.

Ang Ramadhan din ay pagkakataon upang patatagin ang hangarin ng isang Muslim sa pagbibigay ng zakah, kawanggawa, at kabutihang-loob. Ito ay panahon upang alisin ang pagkamaramot, kasakiman, at pagiging

¹ Sunan al-Tirmidhi (734); Muṣannaf Ibn Abī Shaybah (7777); *Sahih Sunan al-Tirmidhi* ni Al-Albani

makasarili—lahat ng ito ay naisasagawa sa pamamagitan ng Zakat al-Fitr at iba't ibang uri ng sadaqah (kawanggawa).

Ang Ramadhan ay pagkakataon din upang patatagin ang hangarin ng isang Muslim na iwan ang masasamang ugali at magtaglay ng mabubuting asal. Nabanggit sa *Ṣaḥīḥ al-Bukhari* at *Ṣaḥīḥ Muslim* ang sinabi ng ating marangal na Sugo ﷺ:

“Ang pag-aayuno ay panangga. Kaya kapag araw ng pag-aayuno ng isa sa inyo, huwag siyang gagawa ng malaswa at huwag magtaas ng boses sa pagtatalo. Kapag may nang-insulto o nakipag-away sa kanya, sabihin niya: ‘Ako ay nag-aayuno.’”¹

O kay dakila ng Ramadhan—ito ay nagtatanim ng determinasyon at nagpapatibay ng hangarin. Sa buwang ito, ang isang Muslim ay lumalaban sa nakasanayang gawain at inihiwasan ang mga kinahiligang pagnanasa. Siya ay gumigising araw-araw bago magbukang-liwayway para sa sahoor at pagdarasal sa Fajr. Siya ay umiiwas sa pagkain at inumin mula sa pagsapit ng buwang-liwayway hanggang sa paglubog ng araw sa loob ng tatlumpung araw. Pinipigil din niya ang kanyang dila sa masasamang salita, at ang kanyang mga gawa sa masasamang asal. Sa pamamagitan ng mga ito ay napapalakas ang kanyang hangarin at napagbubuti ang kanyang determinasyon.

Ang isang Muslim na nag-aayuno ay kayang sanayin ang sarili sa lahat ng kabutihan sa Ramadhan kung mananatiling matatag ang kanyang hangarin at malakas ang kanyang determinasyon. Magiging madali para sa kanya na iwan ang paninigarilyo kung siya ay naninigarilyo, pahalagahan ang pagdarasal sa Fajr, hindi pabayaang limang obligadong pagdarasal, at maging palagian ang pagbabasa ng Qur'an. Ayon sa mga dalubhasa sa sikolohiya, ang sinumang nagnanais magbago ay kailangang ulitin ang isang gawain nang 6 hanggang 21 beses upang magkaroon ng tunay na pagbabago sa kanyang buhay. Ang buwan ng Ramadhan na may 29 o 30 araw ay isang mahalagang pagkakataon upang makapagdulot ng pagbabago—paglapit sa mga gawaing pagsunod at paglayo sa mga kasalanan.

Ang hangarin ng isang nag-aayuno ay nangangailangan ng pangangalaga sa oras, ang pag-aayuno ng tunay na pag-aayuno, at ang pagdarasal sa gabi ng

¹ Sahih al-Bukhari (1904); Sahih Muslim (1151)

wastong pagdarasal sa gabi, at ng hindi pagsasayang ng pagkakataon. Sinabi ng Allah, Kataas-taasan:

“At Siya ang gumawa ng gabi at ng araw na nagsasalit-salitan, para sa sinumang nagnanais makaalala o nagnanais magpasalamat.” [Al-Furqaan:62]

Tunay na ang hangarin (kagustuhan) ay paghahanda at pagsasanay. Sinabi ng ating Panginoon: **“At marahil kung kanilang hinangad lamang na humayo [upang makipaglaban], katiyakan, sila ay nakapaghanda ng [ilang] pahahanda para rito, subali't kinamuhian ng Allah na sila ay ipadala, kaya sila ay Kanyang pinanatiling nasa [iyong] likuran at sa kanila ay sinabi, "Magpaiwan kayo o magsiupo kayong kasama ng mga nangakaupo [sa pamamahay." [At-Tawbah:46]**

At ang matibay na hangarin ay pagsisikap at mataas na adhikain. Sinabi ng Allah:

"Nguni't sinuman ang maghangad ng kabilang buhay at nagsikap nang puspusang pagsisikap para rito habang siya ay naniniwala - sila yaong ang pagsisikap ay laging pinahahalagahan ng Allah." [Al-Israa':19]

Kabilang sa mga katangian ng mga taong may matibay na hangarin ay ang pagmamadali sa paggawa ng kabutihan. Sinabi ng ating Panginoon: **"Sila yaong mga maaagap sa paggawa ng mga kabutihan, at sila ay mga nangunguna [sa iba] hinggil dito."** [Al-Mu'minoon:61]

Ito ay isang malaking pagkakataon upang gawin ang Ramadhan bilang panimulang hakbang ng pagbabago sa pamamagitan ng determinasyon at matatag na hangarin. Kaya magsimula ka sa pagbabago ito ang iyong pagkakataon sa Ramadhan.

Huwag mong sabihin: Saan ako magsisimula?

Ang pagsunod sa Allah ang simula.

Huwag mong sabihin: Nasaan ang aking landas?

Ang batas ng Allah ang gabay.

Huwag mong sabihin: Nasaan ang aking biyaya?

Ang Paraiso ng Allah ay sapat na.

Huwag mong sabihin: Bukas na lang ako magsisimula, dahil baka dumating na ang wakas.

Ang taong may matibay na layunin ay dapat humingi ng tulong sa Allah, magtiwala sa Kanya, at manalangin sa Kanya, sapagkat ang mga puso ay nasa Kanyang mga kamay. Dapat siyang magsumamo nang taos-puso at magpakupkop sa Kanya laban sa kahinaan at katamaran.

Ang taong may matibay na hangarin ay kailangang magplano nang mabuti, magtakda ng malinaw na layunin, at magsikap na labanan ang sariling kahinaan. Sapagkat sinabi ng Allah sa Qur'an: **“At ang mga nagsumikap para sa Amin—tunay na gagabayan Namin sila sa Aming mga landas.”** [Al-Ankaboot:69]

Sinabi ni Imam Ibn al-Qayyim: “Iniugnay ng Allah ang patnubay sa pagsisikap (pakikibaka). Kaya ang pinakaganap sa patnubay ay yaong pinakamatindi ang pagsisikap. Ang pinakamahalagang pakikibaka ay ang pakikibaka laban sa sarili, laban sa pagnanasa, laban sa tukso ng shaytan, at laban sa makamundong tukso. Kaya't ang sinumang magsikap laban sa apat na ito para sa Allah, gagabayan siya ng Allah sa mga landas tungo sa Kanyang kaluguran na magdadala sa Kanyang Paraiso. At sinumang magpabaya sa pakikibaka, ay mawawalan siya ng patnubay ayon sa kanyang pagpapabaya.”¹

Ang taong may matibay na hangarin ay dapat sumama sa mga taong may mataas na mithiin at may mga naisakatuparan; at huwag sanaying magdahilan, sapagkat iyan ay paraan ng mga tamad at mahihina ang loob.

O Allah, nagpapakupkop kami sa Iyo laban sa kahinaan at katamaran. O Allah, tulungan Mo kami sa mga bagay na kalugud-lugod sa Iyo, at bigyan Mo kami ng matatag na pasya sa landas ng Iyong patnubay. O Allah, tanggapin Mo. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo at ang lahat ng papuri ay sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilalang.



¹ *Al-Fawā'id* ni Ibn al-Qayyim, p. 59

Aralin 24

Ang Ramadhan at Ang Panalangin

Ang lahat ng papuri ay sa Allah na Siyang tumutugon sa mga panalangin at sumasaklolo sa mga naghihirap. Ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga nilikha. At pagkatapos:

Tunay na ang Ramadhan ay isang paaralan ng panalangin. Hindi ba't makikita na inilagay ng Allah sa pagitan ng mga talata tungkol sa pag-aayuno sa Surah Al-Baqarah ang Kanyang salita:

"At kapag ang Aking mga alipin ay magtatanong sa iyo [O Muhammad] tungkol sa Akin. Tunay na Ako ay malapit [sa kanila]. Tinutugon Ko ang mga panalangin ng bawa't dumadalangin kapag siya ay nananalangin sa Akin [nang walang ibang tagapamagitan]. Kaya, hayaan silang tumugon sa Akin [sa pamamagitan ng pagsunod] at maniwala sa Akin, upang sakali sila ay [mapatnubayan] tumahak sa matuwid na landas." [Al-Baqarah:186]

Sinabi ni Ibn 'Āshūr: "Ang talatang ito ay nagpapahiwatig na ang nag-aayuno ay may pag-asa na tugunan ang kanyang panalangin, na ang mga panalangin sa buwan ng Ramadhan ay may malaking pag-asang matugunan, at ipinahihintulot at hinihikayat ang panalangin sa pagtatapos ng bawat araw ng Ramadhan."¹

Dahil dito, maraming pagkakataon para sa panalangin sa buwan ng Ramadhan, at malaki ang tsansa ng pagtugon dito. Ang panalangin ng nag-aayuno habang siya ay nag-aayuno at sa oras ng kanyang pagputol ng ayuno ay itinuro at hinihikayat sa Islam. Sinabi ng Permanent Committee for Fatwa hinggil sa nag-aayuno:

((hinihikayat at kalugud-lugod na siya ay magparami ng panalangin ng mabubuting du'ā' na ipinahihintulot ng Allah, sapagkat ang nag-aayuno ay may panalanging tinatanggap: habang siya ay nag-aayuno at sa oras ng kanyang pagputol ng ayuno.))²

¹ At-Tahrīr wa At-Tanwīr ni Ibn 'Āshūr (2/179).

² Fatāwā Al-Lajnah Ad-Dā'imah (Ikalawang Koleksyon 9/180).

Isinalaysay ni Anas ibn Mālik (kalugdan nawa siya ng Allah) na sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ:

“Tatlong panalangin ang hindi tinatanggihan: ang panalangin ng magulang, ang panalangin ng nag-aayuno, at ang panalangin ng manlalakbay.”

Ito ay inulat ni Al-Bayhaqī at pinatotohanan ni Al-Albānī bilang mapagkakatiwalaan.¹

At tinanong ang Permanent Committee for Fatwa ng sumusunod na tanong: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: *“Tunay na ang nag-aayuno sa oras ng kanyang pagputol ng ayuno ay may panalanging hindi tinatanggihan.”* Ano ang tinutukoy sa panalangin ng nag-aayuno sa kanyang pagputol ng ayuno? Ito ba ay bago mag-iftar ng ilang sandali, o kaagad pagkatapos mag-iftar? Sumagot ang Committee: Ang hadith ay iniulat ni Ibn Mājah. Sinabi sa *Az-Zawā'id*: ang sanad nito ay ṣaḥīḥ. At ang panalangin ay maaaring bago mag-iftar at pagkatapos nito, sapagkat ang salitang *“inda (sa oras ng)”* ay sumasaklaw sa dalawang kalagayan.²

Sa Ramadhan ay isinabatas din ang pagkain ng saḥoor sa huling bahagi ng gabi, bago ang adhān ng fajr, at ito ay kabilang sa mga oras na tinutugunan ang panalangin. Kaya ang iyong paggising para sa saḥoor ay tumutulong sa iyo upang samantalain din ang oras na ito sa panalangin.

Mula kay Abū Hurayrah (kalugdan nawa siya ng Allah): na ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi:

“Ang ating Panginoon ay bumababa -natatangi sa Kanya, ayon sa Kanyang Kamarlikaan- tuwing gabi sa pinakamababang langit kapag nalalabi ang huling ikatlong bahagi ng gabi. At sinasabi Niya:

*Sinumang manalangin sa Akin, Akin siyang tutugunan.
Sinumang humingi sa Akin, Akin siyang bibigyan.*

¹ As-Sunan Al-Kubrā ni Al-Bayhaqī (6392); As-Silsilah Aṣ-Ṣaḥīḥah (pinaikling edisyon) ni Al-Albānī (1797).

² Fatāwā Al-Lajnah Ad-Dā'imah (Ikalawang Koleksyon) 9/30–31.

Sino ang humihingi ng kapatawaran sa Akin upang Ako ay magpatawad sa kanya?”

Iniulat nina Al-Bukhārī at Muslim.¹

Sa buwan ng Ramadhan, itinakda at hinihikayat ang pagdarasal ng Tarawih, Qiyam (pagdarasal sa gabi), Witr, at ang Du‘ā’ al-Qunut. Dahil dito, dumarami ang mga pagpapatirapa (sujūd) kung saan tinatanggap ang mga panalangin.

Isinalaysay ni Abu Huraira (kalugdan nawa sya ng Allah)na sinabi ng Sugo ng Allah ﷻ:

“Ang pinakamalapit na kalagayan ng isang alipin sa kanyang Panginoon ay kapag siya ay nasa pagpapatirapa. Kaya’t magparami kayo ng panalangin.”
Iniulat ni Muslim.²

At ang du‘ā’ ng qunūt na nagsasama-sama ang ng mga nagdarasal na sumasagot ng “āmeen” sa likod ng kanilang imām sa witr; mula kay Al-Ḥasan ibn ‘Alī (kalugdan nawa silang dalawa ng Allah), sinabi niya: “Tinuruan ako ng Sugo ng Allah ﷻ ng mga salitang sasabihin ko sa witr:

Allāhumma’hdinī fī man hadayt, (O Allah, patnubayan Mo ako kasama ng mga Iyong pinatnubayan). Wa `āfinī fī man `āfayt, (Bigyan Mo ako ng kaligtasan kasama ng mga Iyong iniligtas). Wa tawallanī fī man tawallayt, (Pangalagaan Mo ako kasama ng mga Iyong pinangalagaan). Wa bārik lī fī mā a`atayt, (Pagpalain Mo ako sa mga biyayang Iyong ipinagkaloob). Wa qinī sharra mā qaḍayt, (Iligtas Mo ako sa masama na Iyong itinakda). Fa innaka taqḍī wa lā yuqḍā `alayk, (Tunay na Ikaw ang nagtatakda at walang sinumang makapagtatakda laban sa Iyo). Wa innahu lā yadhillu man wālayt, (At tunay na hindi maliligaw ang sinumang Iyong pinangalagaan.). Tabārakta Rabbanā wa ta`ālayt. (Ikaw ay Mapagpala, aming Panginoon, at Kataas-taasan.)” Iniulat ng mga may-akda ng Sunan at pinatotohanan ni Al-Albānī.³

Hinihikayat din ang panalangin sa Laylatul Qadr. Sinabi ni ‘Ā’ishah (kalugdan nawa siya ng Allah): “O Sugo ng Allah, kung malaman ko kung

¹ Sahih Al-Bukhārī (1145); Ṣaḥīḥ Muslim (758).

² Sahih Muslim (482).

³ Sunan Abī Dāwūd (1425); Sunan An-Nasā’ī (1745); Sunan At-Tirmidhī (426); Sunan Ibn Mājah (1178); *Sahih Sunan Abī Dāwūd* ni Al-Albānī.

kailan ang Laylatul Qadr, ano ang sasabihin ko rito?” Sinabi niya: “Sabihin mo: **Allāhumma innaka ‘afuwwun tuḥibbul-‘afwa fa‘fu ‘annī** (O Allah, Ikaw ay Mapagpatawad, iniibig Mo ang pagpapatawad, kaya patawarin Mo ako).” Iniulat nina Aḥmad, At-Tirmidhī, at Ibn Mājah, at pinatotohanan ni Al-Albānī.¹

Sa Ramadhan ay dumarami ang pagbasa ng Qur’an at ang pagtatapos (khatm) nito, at ang panalangin ay hinihikayat sa pagtatapos ng Qur’an.² Isinalaysay ni Ibn Abī Dāwūd mula kay Qatādah — ang dakilang tābi‘ī at kasama ni Anas — na nagsabi: “Si Anas ibn Mālik (kalugdan nawa siya ng Allah), kapag natatapos niya ang Qur’an, ay tinitipon niya ang kanyang pamilya at nananalangin.” Iniulat nina Ad-Dārimī at Aṭ-Ṭabarānī, at pinatotohanan ni An-Nawawī.³

Lahat ng ito ay upang masanay ang mananampalataya sa panalangin at upang lumabas siya sa Ramadhan na ang kanyang puso at isip ay nakaugnay sa Allah, kaya siya ay nananalangin sa Kanya sa kaginhawahan at sa kahirapan.

Kaya manatili ka, O nag-aayuno, sa pananalangin sa buong buhay mo at paramihin mo ito. Ang nasa Allah ay higit na dakilang gantimpala at mas malaki. At kung hindi agad tinutugon ang iyong mga panalangin, ang Allah ay hindi sinasayang ang iyong mga panalangin at hindi Niya binibigo ang iyong pag-asa. Mula kay Abū Sa‘īd (kalugdan nawa siya ng Allah) na ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

“Walang Muslim na dumadalangin ng isang panalangin na walang kasalanan, at walang pagputol ng ugnayang-kamag-anak, maliban na bibigyan siya ng Allah ng isa sa tatlo: maaaring pabilisin para sa kanya ang tugon sa kanyang panalangin, o iipunin ito para sa kanya sa Kabilang-Buhay, o ilalayo sa kanya ang kaparehong kasamaan (na kasing bigat ng mabuting panalangin).”

¹ Musnad Ahmad (25384); Sunan At-Tirmidhī (3435); Sunan Ibn Mājah (3850); Sahih Sunan At-Tirmidhī ni Al-Albānī.

² Tingnan: Fatāwā Al-Lajnah Ad-Dā’imah (Unang Koleksyon) 2/480.

³ Sunan Ad-Dārimi (3517); Al-Mu‘jam Al-Kabīr ni Aṭ-Ṭabarānī (674); At-Tibyān fī Ādāb Ḥamalāt Al-Qur’ān ni An-Nawawī p. 159.

Sinabi nila: “Kung gayon ay pararamihin namin (ang panalangin).” Sinabi niya: “Ang Allah ay higit na marami (ang ibinibigay).”Iniulat ni Aḥmad at pinatotohanan ni Al-Albānī.¹

Kaya, O Allah, ihulog Mo sa amin ang inspirasyon sa panalangin at pagkalooban Mo kami ng tagumpay rito. Ipagkaloob Mo sa amin ang mabuting pagpapakumbaba at pagsusumamo sa harap Mo. O Allah, tanggapin Mo. At patawarin Mo kaming lahat. Nawa’y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa Pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng mga nilalang.



¹ *Musnad Ahmad* (11133), *Sahih at-Targhīb wa ‘l-Tarhīb* ni Al-Albānī (1633).

Aralin 25

Ang Pag-aayuno at Muraqabah (May Kamalayan na ang Allah ay Nagmamasid)

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah na nagtakda ng paggawa ng mabuti (ihsān) at ginawa itong korona ng pananampalataya. Ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa isinugo sa mga tao at mga jinn. At pagkatapos:

Dakila ang pag-aayuno sapagkat dito makikita ang pinakamataas na antas ng pagbabantay sa Ganap na Maalam na Hari. Iniiwan ng nag-aayuno ang inumin at pagkain, sino ang nagbabantay sa kanya kung siya’y kakain o iinom nang palihim?! Tunay na ang pag-aayuno ay nagtuturo sa atin na magpakabuti dahil sa kamalayang nagmamasid ang Hari na Hukom. Kaya nabanggit sa *Ṣaḥīḥayn* mula sa hadith ni Abū Hurayrah (kalugdan siya ng Allah) na sinabi ng Propeta ﷺ:

“Ang bawat gawain ng anak ni Adan ay pinararami: ang isang mabuting gawa ay pinararami ng sampung ulit hanggang pitong daang ulit.” Sinabi ng Allah: “Maliban sa pag-aayuno, sapagkat ito ay para sa Akin at Ako magbibigay-gantimpala para rito. Iniiwan niya ang kanyang pagnanasa at pagkain alang-alang sa Akin.”¹

Sinabi ni al-Ḥāfiẓ Ibn ‘Abd al-Barr: Ang kahulugan ng Kanyang pahayag na “Ang pag-aayuno ay para sa Akin at Ako ang magbibigay-gantimpala para rito”—at ang Allah ang higit na nakaaalam— na ang pag-aayuno ay hindi nakikita mula sa anak ni Adan sa salita at gawa; ito ay isang layunin (niyyah) na nasa loob at walang nakaaalam nito kundi ang Allah.²

Kay dakila ng Allah na Tagasubaybay! Ang Kanyang kaalaman at pagtingin ay sumasaklaw sa lahat ng bagay. Ilang ulit nang napigilan ng ating Rabb ang sarili mula sa kasalanan kapag naaalala nito ang pagsubaybay ng Allah at ang Kanyang pagbabantay rito.

¹ Sahih al-Bukhārī (1894), Sahih Muslim (1151).

² Al-Istidhkār ni Ibn ‘Abd al-Barr 3/375.

At kapag ikaw ay nag-iisa sa isang kahina-hinalang gawain sa dilim,

At ang kaluluwa ay nag-aanyaya sa paglabag

Mahiya ka sa pagtingin ng Allah at sabihin sa sarili:

Tunay na ang lumikha ng dilim ay nakikita ako.

Dahil dito, may ilang mga matutuwid na naunang tao na inuulit ang pananalitang: “O Ikaw na nakakakita sa akin kahit hindi kita nakikita,” bilang paalala sa sarili, upang ito’y hindi madulas, maligaw, maging pabaya, o malito sa landas.

Ang pag-aayuno ay isang masinsing pagsasanay upang makamit ang antas ng muraqabah (pagbabantay sa sarili sa harap ng Allah). Itinuturo ng pag-aayuno sa nag-aayuno kung paano maging mapagmasid sa Allah sa lahat ng kalagayan at gawain. Itinanim at pinalalago nito ang muraqabah sa kanyang sarili.

Ang nag-aayuno na may kamalayan na ang Allah ay nagmamasid na kahit sa isang patak ng tubig ay huwag pumasok sa kanyang lalamunan, habang nagmumumog sa wudū’, at nag-iingat na walang alikabok na makapasok sa kanyang lalamunan. Sa katunayan sumpa man sa Allah, ay higit na nararapat na dalhin ang pagbabantay na ito sa kanyang dila, upang hindi ito magsalita ng pagmumura, panlalait, paninirang-puri (ghibah) o tsismis (namīmah). Sa katunayan, sumpa man sa Allah, Higit ding nararapat na dalhin niya ang pagbabantay na ito sa kanyang paningin, upang hindi tumingin sa bawal o sa mga larawang nagdadala ng kasalanan, habang inaalala na ang Ganap na Nakakamasid ay nagsabi tungkol sa Kanyang Sarili:

“Nalalaman ng Allah ang panlilinlang ng mga mata at ang anumang itinatago ng mga dibdib.” [Ghāfir 40:19]

Napatunayan sa *Sahih al-Bukhāriy* ang kanyang ﷺ sinabi: “*Ang ihsān ay ang sambahin mo ang Allah na para bang nakikita mo Siya; at kung hindi mo man Siya nakikita, tunay na Siya ay nakikita ka.*”¹

¹ Sahih al-Bukhāriy (50).

Gawin mo itong tuntunin sa buhay: *“At kung hindi mo man Siya nakikita, tunay na Siya ay nakikita ka.”*

Kay ganda ng pagkakaroon ng hiya sa tao! Ngunit ang hiya sa Panginoon ng tao ay dapat na higit na dakila. Sinabi ng Allah:

“Kanilang ikinukubli [ang kanilang masamang layunin mula sa mga tao nguni’t ito ay hindi nila maikukubli sa Allah, Siya ay nasa sa kanila [sa Kanyang Kaalaman] kapag kanilang ginugugol ang gabi sa mga pananalitang hindi Niya kinasisiyahan. At Lagi nang Nasasaklawan ng Allah ang anumang kanilang ginagawa.” [An-Nisaa':108]

Ang Allah na Lumikha, Tagapagkaloob, Maalam at Ganap na Nakababatid ay higit na karapat-dapat na ikahiya sa Kanyang pagtingin. Ang Allah na Makapangyarihan at Mahigpit sa parusa ay higit na karapat-dapat na katakutan ang Kanyang kaparusahan. Sinabi Niya:

“Sila ba ay inyong kinatatakutan? Subali’t higit na nararapat na ang Allah ang Siya ninyong katakutan kung tunay nga na kayo ay mga naniniwala.” [At-Tawbah: 13]

*Kung dumating ang araw na ikaw ay mag-isa,
Huwag mong sambiting: “Ako’y nag-iisa.”
Sa halip ay banggitin nang may paniniwala:
“May Tagapagbantay sa bawat sandali ko pa.”*

*Huwag mong isipin na ang Allah ay nagpabaya,
Sa kahapon man o sa oras na nagdaan na.
Walang lihim, lantad man o nakatago,
Na sa Kanya’y hindi batid at nalalaman nang buo.*

Ang lilim ng Trono sa araw na walang lilim maliban sa Kanyang lilim ay para sa mga may kamalayan na ang Allah ay nagmamasid (may muraqabah). Sa *Sahih al-Bukhārī* sa hadith tungkol sa pitong lililiman ng Allah sa Kanyang lilim (na lilikhain) sa araw na walang lilim maliban sa Kanyang lilim, binanggit kabilang sa kanila:

“...isang lalaking inanyayahan ng isang babaeng may katayuan at kagandahan (sa kasalanan o zina) ngunit sinabi niya: *‘Tunay na ako ay natatakot sa Allah.’* At isang lalaking nagbigay ng kawanggawa nang lihim hanggang sa hindi malaman ng kanyang kaliwang kamay ang ginastos ng kanyang kanang

kamay.

At isang lalaking nakaalala sa Allah habang nag-iisa kaya't umapaw ang kanyang mga mata sa luha.”¹

Naaapektuhan ng masama ng nag-aayuno ang kanyang pag-aayuno at humihina ang kanyang muraqabah sa araw na pinakawalan niya ang kanyang paningin sa mga malalaswang video, larawan, at mga kasalanan, at pinakawalan niya ang kanyang dila at mga daliri sa pagsasalita ng haram at pagsusulat ng haram.

O Allah, gawin Mo kaming may takot sa Iyo na para bang nakikita Ka namin, at pagpalain Mo kami sa pamamagitan ng aming taqwa. O Allah, Ameen. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa Pinakamabuting mga Sugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng mga nilalang.



¹ Sahih al-Bukhāriy (660).

Aralin 26

Gabi ng Ikadalawampu't Pito

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah, ang Haring Maalam sa lahat, na nagbukod-tangi sa ilang mga panahon ng karangalan at pagpapahalaga. At nawa'y ang pinakadalisay na pagpapala at kapayapaan ay mapasa Propeta Niyang si Muhammad. At pagkatapos:

Katotohanan, ang gabi ng ikadalawampu't pito ay isang dakila at marangal na gabi. Ito ay kabilang sa mga gabing inaasahang maging Laylatul Qadr; bagkus, sa bawat taon ito ang pinakainaasahang gabi. Ito ay dahil sa dami ng mga hadith tungkol dito, na nagpapakita na madalas na tumutugma ang gabi ng ika-27 sa Laylatul Qadr.

Mula kay Mu'āwiyah ibn Abī Sufyān (kalugdan siya ng Allah), na ang Propeta ﷺ ay nagsabi: *“Ang Laylatul Qadr ay ang gabi ng ikadalawampu't pito.”* Isinalaysay ni Abū Dāwūd at pinatotohanan ni Al-Albāni.¹

Mula kay Ibn 'Umar (kalugdan sila ng Allah), sinabi niya: Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: *“Sinumang naghahanap nito, hanapin niya ito sa gabi ng ikadalawampu't pito.”* At sinabi: *“Hanapin ninyo ito sa gabi ng ikadalawampu't pito,”* ibig sabihin ay Laylatul Qadr. Isinalaysay ni Ahmad at pinatotohanan nina Ahmad Shākir at Al-Albāni.²

Mula kay 'Abdullāh ibn 'Abbās (kalugdan sila ng Allah), na may isang lalaking lumapit sa Propeta ﷺ at nagsabi:

“O Propeta ng Allah, ako ay isang matandang may karamdaman at nahihirapan sa pagdarasal sa gabi. Kaya mag-utos ka sa akin ng isang gabi na marahil ay pagkakalooban ako ng Allah dito na tumapat sa Laylatul Qadr.” Sinabi niya: *“Sa ikapito (ng huling sampung gabi).”* Isinalaysay nina Aḥmad, Aṭ-Ṭabarānī, at Al-Bayhaqī, at pinatotohanan ni Aḥmad Shākir.³

At mula kay Nu'aym ibn Ziyād Abū Ṭalḥah, sinabi niya: Narinig ko si An-Nu'mān ibn Bashīr sa pulpito ng Himṣ na nagsasabi:

¹ Sunan Abī Dāwūd (1386), Sahih Sunan Abī Dāwūd ni Al-Albāni.

² Musnad Ahmad (tahqīq ni Ahmad Shākir, 4808), Ṣaḥīḥ al-Jāmi' aṣ-Ṣaghīr ni Al-Albāni (2920).

³ Musnad Ahmad (tahqīq ni Ahmad Shākir, 2149), Al-Mu'jam al-Kabīr ni Aṭ-Ṭabarānī (11836), As-Sunan al-Kubrā ni Al-Bayhaqī (8557).

“Tumayo kami kasama ng Sugo ng Allah ﷻ sa buwan ng Ramadhan sa gabi ng ikadalawampu’t tatlo hanggang sa unang ikatlong bahagi ng gabi. Pagkatapos ay tumayo kami kasama niya sa gabi ng ikadalawampu’t lima hanggang sa kalagitnaan ng gabi. Pagkatapos ay tumayo kami kasama niya sa gabi ng ikadalawampu’t pito hanggang sa inakala naming hindi na namin maaabot ang *falāḥ*.” At tinatawag nila ito na *suhoor*. Isinalaysay nina Aḥmad at An-Nasā’i, at pinatotohanan ni Al-Albāni.¹

At mula kay Zirr ibn Hubaysh, sinabi niya: Tinanong ko si Ubayy ibn Ka’b at sinabi ko: Ang iyong kapatid na si Ibn Mas’ūd ay nagsasabi: “Sinumang magdasal sa gabi sa buong taon ay matatamo ang Laylatul Qadr?” Kaya sinabi niya: Kaawaan siya ng Allah; nais lamang niyang huwag umasa ang mga tao (sa iisang gabi). Tunay na alam niya na ito ay nasa Ramadhan, at ito ay nasa huling sampung gabi, at ito ay gabi ng ikadalawampu’t pito. Pagkatapos ay sumumpa siya nang walang pag-aalinlangan na ito ay gabi ng ikadalawampu’t pito. Kaya sinabi ko: Sa anong batayan mo iyan sinasabi, O Abū Al-Mundhir? Sinabi niya: Sa palatandaan o tanda na ipinaalam sa amin ng Sugo ng Allah ﷻ na ang araw ay sumisikat sa umagang iyon na walang matinding sinag. Isinalaysay ni Muslim.²

At mula kay Hassān ibn ‘Abdillāh As-Sahmī, sinabi niya: Tinanong si Zirr ibn Ḥubaysh tungkol sa Laylatul Qadr, at sinabi niya:

“Si ‘Umar, si Ḥudhayfah, at ilan sa mga kasamahan ng Propeta ﷺ ay hindi nag-aalinlangan na ito ay gabi ng ikadalawampu’t pito.” Sinabi ni Zirr: Kaya ipagpatuloy mo ito. Isinalaysay ni Ibn Abi Shaybah sa kanyang *Muṣannaḥ*.³

At mula kay Ubayy ibn Ka’b (kalugdan siya ng Allah), tungkol sa Laylatul Qadr, sinabi niya: “Sumpa man sa Allah, tunay na alam ko ito, at ang pinakatiyak kong kaalaman ay ito ang gabing ipinag-utos sa amin ng Sugo ng Allah ﷻ na pagdarasal — ito ay ang gabi ng ikadalawampu’t pito.” Isinalaysay ni Muslim.⁴

¹ Musnad Ahmad (18402), Sunan An-Nasā’i (1606), Sahih Sunan An-Nasā’i ni Al-Albāni.

² Sahih Muslim (762).

³ Muṣannaḥ Ibn Abi Shaybah (9607).

⁴ Sahih Muslim (762).

Lahat ng mga dakilang hadith na ito at ang pagkakatatugma-tugma ng mga ito ay malinaw na nagpapakita na ang gabi ng ika-27 ay isang gabing may dakilang halaga at mataas na antas. Kaya nararapat sa isang mananampalatayang sumasamba na buhayin ito sa pamamagitan ng pagdarasal sa gabi, pagbabasa ng Qur'an, panalangin, at pag-alaala sa Allah, tulad ng ginawa ng Minamahal na Propeta ﷺ.

Mag-ingat sa pagmamalabis ng maraming tao sa paglalagay ng mga pagdiriwang sa gabing ito, pamimigay ng mga regalo, at paggawa rito na parang isang pista. Sapagkat sumpa man sa Allah, hindi ito ginawa ng Sugo ng Allah ﷻ, ni ng kanyang mga kasamahan, ni ng mga sumunod sa kanila sa kabutihan, ni ng mga kinikilalang imam. Sa halip, ang mga ito ay kabilang sa mga ipinagbabawal na bid'ah (mga gawaing inimbento sa relihiyon).

O Allah, tulungan Mo kami sa pag-alaala sa Iyo, pagpapasalamat sa Iyo, at mabuting pagsamba sa Iyo. O Allah, gawin Mo kaming kabilang sa mga bumabangon sa Laylatul Qadr nang may pananampalataya at pag-asa sa gantimpala, ayon sa Sunnah ng Iyong Propeta. O Allah, tanggapin Mo. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamabuting isinugo, at ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.



Aralin 27

Nais Kong Magsisi (Magbalik-loob)

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah na Nakaaalam ng mga lihim, Tagapagpatawad ng mga kasalanan. At nawa’y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinuno ng mga humihingi ng kapatawaran (Propeta Muhammad), na higit sa pitumpung ulit sa isang araw ay nagsisisi at nagbabalik-loob sa Kanya. At pagkatapos:

Ang buwan ng Ramadhan mula noon hanggang ngayon ay pinagmumulan ng pagsisisi ng mga nagsisisi at pagbabalik ng mga nagbabalik-loob. Sa katunayan, tinawag na Ramadhan ang buwang ito sapagkat dito “nasusunog” at “natutupok” ang mga kasalanan. Sinabi ni Al-Qurtubi: “Sinabi rin na tinawag itong Ramadhan sapagkat sinusunog nito ang mga kasalanan, ibig sabihin, tinutupok ito sa pamamagitan ng mga mabubuting gawa.” ¹

Ang Ramadhan ay buwan ng pagbabalik-loob sa Mapagbigay at Mapagkaloob; buwan ng kapatawaran mula sa Mahabagin at Maawain. Ang hindi magsisi sa Ramadhan kailan pa siya magsisisi?! Ang hindi magbalik-loob sa Ramadhan kailan pa siya magbabalik-loob?!

Ayon kay Jabir bin Samurah (kalugdan nawa siya ng Allah): Umakyat ang Propeta ﷺ sa minbar at nagsabi: “Āmeen, Āmeen, Āmeen.” Sinabi niya: “Dumating sa akin si Jibril at nagsabi: ‘O Muhammad, sinumang maabutan ang isa mula sa kanyang mga magulang at namatay siya (ang anak) at nakapasok siya sa Impiyerno, nawa’y ilayo siya ng Allah. Sa habag at awa’ Sabihin mo: Āmeen. Kaya nagsabi ako: Āmīn. Sinabi niya: ‘O Muhammad, sinumang maabutan ang buwan ng Ramadhan at namatay na hindi napatawad, kaya nakapasok siya sa Impiyerno, nawa’y ilayo siya ng Allah.’ Sabihin mo: Āmeen. Kaya nagsabi ako: Āmeen ...” Isinalaysay nina Ibn Hibban at At-Tabarani, at pinatotohanan ni Al-Albani. ²

At ayon kay Abu Hurayrah (kalugdan nawa siya ng Allah), sinabi ng Sugo ng Allah ﷻ: *“Mapahamak ang taong nabanggit ako sa kanyang harapan*

¹ Al-Jāmi‘ li Ahkām al-Qur’ān ni Al-Qurtubi 2/291.

² Sahih Ibn Hibbān (907), Al-Mu‘jam Al-Kabīr ni At-Tabarani (2022), Sahih wa Ḍa‘īf Al-Jāmi‘ Aṣ-Ṣaghīr ni Al-Albani (75).

ngunit hindi siya nagpadala ng pagpapala sa akin (salawat). At mapahamak ang taong inabutan ng Ramadhan ngunit natapos ito bago pa siya napatawad ...” Isinalaysay nina Ahmad at At-Tirmidhi, at pinatotohanan nina Ahmad Shakir at Al-Albani.¹

At ang Allah, sa Ramadhan at maging sa labas ng Ramadhan, ay nananawagan sa iyo sa dakilang panawagang iyon—at kay dakila nitong panawagan! Siya, Luwalhati sa Kanya, ay nagsabi:

“Sabihin: “O Aking mga alipin na nagmalabis [sa paggawa ng mga kasalanan] laban sa kanilang mga sarili, huwag kayong mawalan ng pag-asa mula sa habag ng Allah. Katotohanan, pinatatawad ng Allah ang lahat ng kasalanan. Katiyakan Siya ang Lagi nang Mapagpatawad, ang Maawain.” [Az-Zumar: 53]

Pinatatawad Niya ang lahat ng kasalanan gaano man ito kalaki.
Pinatatawad Niya ang lahat ng kasalanan gaano man ito kabigat.
Pinatatawad Niya ang lahat ng kasalanan gaano man ito karami.

O ikaw na nakikinig, lumapit ka sa Allah. Magsisi ka sa mga kasalanan na lihim at hayag. Magsisi ka sa mga kasalanan ng pagpapabaya. Magsisi ka sa mga pagkadulas sa kasalanan. At tangisan mo ang panahong ginugol sa mga pagkakasala.

At tangisan mo ang nakaraan mong panahon,

na pinaitim mo ang mga talaan (ng iyong gawa).

Hindi ka tumigil sa pagkakulong

sa mga pangit at kasuklam-suklam na gawain.

Ilang gabi ang pinalipas mo

sa mga kasalanang ikaw mismo ang lumikha,

dahil sa pagnanasang iyong sinunod sa higaan at himlayan.

¹ Musnad Ahmad (7444) sa tahqiq ni Ahmad Shakir; Sunan At-Tirmidhi (3468); Sahih Sunan At-Tirmidhi ni Al-Albani.

*At ilang hakbang ang binilisan mo
tungo sa kahiyang ikaw ang nagpasimula,
at ilang pagsisisi ang iyong sinira
alang-alang sa laro at libangan.*

*At gaano kadalas kang naglakas-loob
laban sa Panginoon ng matataas na kalangitan,
na hindi mo Siya binantayan (sa puso),
ni naging tapat sa iyong mga inaangkin.*

*At ilang beses mong minaliit ang Kanyang kabutihan,
at naging panatag ka sa Kanyang kinamumuhian,
ilang ulit mong inabanduna ang Kanyang utos
na parang pag-abanduna sa sirang sandalyas.*

*Kaya isuot mo ang damit ng pagsisisi,
at ipadaloy ang mga patak ng dugo,
bago pa maaliss ang paa,
at bago dumating ang masamang pagbagsak.*

*Magpakumbaba ka tulad ng isang umaamin,
at humanap ng kanlungan tulad ng nagkasala,
at suwayin mo ang iyong pagnanasa at lumayo rito
na parang tuluyang tumalikod roon.*

*Hanggang kailan ka magpapabaya at magpapaliban
samantalang ang karamihan ng buhay ay lumipas na
sa mga bagay na nakapipinsala sa nagtataglay nito,
at hindi ka pa rin tumitigil?*

*O Ikaw na sa Kanya ako umaasa,
lalo pang nadagdagan ang aking takot
dahil sa mga pagkakasalang nagawa ko
sa aking nasayang na buhay.*

*Kaya patawarin Mo ang isang aliping makasalanan,
at kaawaan Mo ang kanyang dumadaloy na pag-iyak,
sapagkat Ikaw ang higit na karapat-dapat magpatawad,
at ang pinakamainam na tinatawagan sa panalangin.*

Iwanan mo ang kasalanan at magsisi, dalisayin mo ang layunin at magpatuloy sa ikinalulugod ng Allah. Lasapin mo ang buhay ng pagyuko at pagpapatirapa, at magpasiya kang hindi na babalik sa kasalanan.

Mamuhay ka nang may pagsisisi at paghingi ng tawad, at umiyak ka tuwing maaalala mo ang iyong mga kasalanan at mga pasanin. Sapagkat maaaring ang pagsisisi sa isang kasalanan ang maging dahilan ng pagbabalik-loob ng puso at pagpasok ng may-ari nito sa Paraiso.

Mula kay Al-Hasan Al-Basri, kanyang sinabi:

“Tunay na ang mananampalataya ay maaaring magkasala, at patuloy siyang nalulungkot dahil dito hanggang sa siya’y makapasok sa Paraiso.”¹

¹ Az-Zuhd ni Imam Ahmad ibn Hanbal (1527).

O Allah, tulungan Mo kami tungo sa pagsisisi nang Mabuti at dakilang pagbabalik-loob. Gawin Mo kaming kabilang sa mga lumapit sa Iyo at Iyong tinanggap, at nagbalik-loob sa Iyo at Iyong kinaawaan. O Allah, tanggapin Mo. At patawarin Mo kaming lahat. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasasa Pinakamabuting Sugo. At ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.



Aralin 28

Zakat al-Fitr

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah na nagkakaloob nang sagana at nagbibigay nang may dangal. At ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa Minamahal na Pinili (ang Propeta ﷺ). O Allah, pagpalain at bigyan Mo siya ng kapayapaan—ang pinakamainam sa nagdasal, nag-ayuno, at nagbigay ng zakat.

Pagkatapos nito:

Kabilang sa mga pagsamba sa pagtatapos ng Ramadhan ay ang *Zakat al-Fitr*. Ito ay kawanggawang obligadong ibinibigay sa pagtatapos ng pag-aayuno sa Ramadhan. Ang layunin nito, gaya ng sinabi ni Ibn ‘Abbas (kalugdan nawa sila ng Allah):

“Itinakda ng Sugo ng Allah ﷻ ang Zakat al-Fitr bilang panlinis sa nag-aayuno mula sa walang kabuluhang salita at malaswang gawa, at bilang pagpapakain para sa mga mahihirap...” (Isinalaysay nina Abu Dawud at Ibn Majah, at pinahusay ni Al-Albani.)¹

Dagdag pa ni Shaykh Ibn ‘Uthaymin tungkol sa hikmah nito: Ito ay pasasalamat sa Allah sa pagtatapos ng buwan, at pagpapakain para sa mga mahihirap sa araw na iyon, at ang araw ng Eid ay isang araw ng kagalakan at kasiyahan. Kaya kabilang sa hikmah nito na ibigay ang zakat na ito upang makibahagi rin ang mga mahihirap sa saya at ligaya.²

Ito ay naglalaman ng maraming alituntunin na ipinaliwanag ng Permanenteng Lupon (Lajna Da’imah) sa Pagbibigay-Fatwa,³ kabilang ang:

1. Ang hatol dito: Ito ay obligasyon sa bawat buhay na Muslim na inabutan ng paglubog ng araw sa huling araw ng Ramadhan. Ayon kay Ibn ‘Umar (kalugdan nawa sila ng Allah), sinabi niya:

¹ Sunan Abi Dawud (1609), Sunan Ibn Majah (1827), Sahih Sunan Abi Dawud ni Al-Albani.

² Ash-Sharh al-Mumti‘ ‘ala Zad al-Mustaqni‘ ni Ibn ‘Uthaymin 6/149–150.

³ Tingnan: Fatawa al-Lajnah ad-Da’imah (Unang koleksyon 6/363–389; Ikalawang koleksyon 8/258–376).

“Ipinag-utos ng Sugo ng Allah ﷻ ang Zakat al-Fitr na isang ṣā’ ng datiles o isang ṣā’ ng sebada para sa alipin at malaya, lalaki at babae, bata at matanda mula sa mga Muslim ...” Isinalaysay nina al-Bukhari at Muslim.¹

At ang Zakat al-Fitr ay obligadong ilabas ng isang lalaki para sa lahat ng taong siya ang may pananagutan sa kanilang gastusin. Mula kay Ibn ‘Umar (kalugdan awa sila ng Allah), sinabi niya: “Iniutos ng Sugo ng Allah ﷻ ang Sadaqat al-Fitr para sa bata at matanda, malaya at alipin na inyong tinutustusan.” Isinalaysay nina ad-Dāraqutni at al-Bayhaqi, at pinahusay (ḥasan) ni al-Albani.²

Nagbigay din ng fatwa si Shaykh Ibn Jibrin: Kung ang isang miyembro ng pamilya—tulad ng mga anak o mga asawa—ay maglabas nito para sa kanilang sarili, ito ay sapat na para sa kanila; sapagkat sila ang orihinal na inuutusan nito, kaya tama na ilabas nila ito para sa kanilang sarili.³

2. Hindi kundisyon sa Zakat al-Fitr na ang maglalabas nito ay mayaman; bagkus ang kundisyon ay ang isang ṣā’ng pagkain na sobra sa kanyang pagkain at pagkain ng kanyang pamilya sa gabi at araw ng ‘Eid, at sa kanyang mga pangunahing pangangailangan tulad ng tirahan, kasuotan, at sasakyan.

3. Hindi obligado ang Zakat al-Fitr para sa sanggol na nasa sinapupunan, ngunit inirerekomendang ilabas ito para sa kanya. Mula kay Abū Qilābah—isa sa mga kilalang Tābi‘in—na kanyang sinabi: “Ikinalulugod nila na magbigay ng Zakat al-Fitr para sa bata at matanda, kahit para sa dinadala sa sinapupunan ng kanyang ina.” Isinalaysay nina ‘Abd ar-Razzāq at Ibn Abi Shaybah.⁴

At nilagyan ito ng hangganan ni Shaykh Ibn ‘Uthaymin na yaong nahipan na ng kaluluwa; sapagkat bago mahipan ng kaluluwa ay hindi pa ito itinuturing na tao, at ang pag-ihip ng kaluluwa ay nagaganap lamang makaraan ang apat na buwan.⁵

¹ Sahih al-Bukhārī (1503), Ṣaḥīḥ Muslim (984).

² Sunan ad-Dāraqutni (2078), Sunan al-Bayhaqi (7685); pinahusay ni al-Albani sa Irwā’ al-Ghalīl.

³ Tingnan: Fatāwā ni Shaykh ‘Abdullah ibn Jibrin 8/32.

⁴ Muṣannaf ‘Abd ar-Razzāq (5788) — ito ang pananalita; Muṣannaf Ibn Abī Shaybah (10463).

⁵ Tingnan: ash-Sharḥ al-Mumtī’ ni Ibn ‘Uthaymin 6/161.

4. Ang mga manggagawa at katulong na Muslim na tumatanggap ng sahod kapalit ng kanilang trabaho sa pabrika, bukirin, o bahay—sila ang maglalabas ng Zakat al-Fitr para sa kanilang sarili, sapagkat ang batayang tuntunin, na ito ay obligasyon nila. Ngunit kung nanaisin ng kanilang amo o sponsor na ilabas ito para sa kanila, ay maaari naman, basta humingi siya ng pahintulot sa kanila at siya ang maglabas nito.

5. Oras ng Zakat al-Fitr: Ito ay nagiging obligado sa paglubog ng araw sa huling araw ng Ramadhan para sa bawat Muslim na buhay. At pinahihintulutan ang paglabas nito isa o dalawang araw bago ang ‘Eid. Kaya maaaring simulan ang pagbibigay mula sa paglubog ng araw ng ika-27 sa pagpasok ng gabi ng ika-28. Ayon kay Nāfi’, si ‘Abdullah ibn ‘Umar ay nagpapadala ng Zakat al-Fitr sa pinagtitipunan nito isa o dalawang araw bago ang ‘Eid. (Isinalaysay ni Mālik sa Al-Muwatta’).¹

Ang pinakamainam na oras ng paglabas nito ay bago ang Salah ng ‘Eid. Ayon kay Ibn ‘Umar (kalugdan nawa sila ng Allah), ang Sugo ni Allah ﷻ ay nagutos na ang Zakat al-Fitr ay ibigay bago lumabas ang mga tao patungo sa pagdarasal. (Isinalaysay nina al-Bukhari at Muslim).²

Ipinagbabawal ang pagpapaliban ng paglabas nito nang walang dahilan hanggang matapos ang Salah ng ‘Eid. Ang sinumang gumawa nito ay kailangang magsisi at ilabas pa rin ito, sapagkat ito ay utang na pananagutan niya. Ayon kay Ibn ‘Abbas (kalugdan nawa sila ni Allah): “Ipinag-utos ng Sugo ng Allah ﷻ ang Zakat al-Fitr bilang panlinis sa nag-aayuno mula sa walang kabuluhan at malaswang pananalita at bilang pagkain para sa mga mahihirap. Sinumang magbigay nito bago ang salah, ito ay tinatanggap na zakat; at sinumang magbigay nito matapos ang salah, ito ay isang karaniwang sadaqah mula sa mga kawanggawa.” (Isinalaysay nina Abu Dāwud at Ibn Mājah; pinahusay ni al-Albani).³

Nagbigay ng fatwa sina Shaykh Ibn Bāz at Shaykh Ibn ‘Uthaymīn na ang sinumang nakalimot maglabas ng Zakat al-Fitr at naalala lamang matapos ang

¹ Muwatta’ Mālik (994); itinuring na sahih ni Zakariyya Ghulam. Tingnan: Mā Ṣaḥḥa min Āthār aṣ-Ṣaḥābah fī al-Fiqh 2/605.

² Sahih al-Bukhārī (1503), Sahih Muslim (986).

³ Sunan Abī Dāwud (1609), Sunan Ibn Mājah (1827); Sahih Sunan Abī Dāwud ni al-Albani.

Salah ng ‘Eid ay walang kasalanan dahil sa pagkalimot, ngunit kailangan pa rin niya itong ilabas kapag naalala niya.¹

6. Ang pagkain na sapat (tinatanggap) para sa Zakat al-Fitr ay yaong karaniwang pagkain sa isang lugar tulad ng trigo, datiles, bigas, at mga katulad nito. Ayon kay Abu Sa‘id al-Khudri (kalugdan nawa siya ni Allah): “Noong panahon ng Sugo ni Allah ﷺ sa araw ng ‘Eid al-Fitr, kami ay naglalabas ng isang šā‘ ng pagkain.” At sinabi ni Abu Sa‘id: “Ang aming pagkain noon ay sebada, pinatuyong yogurt (aqit), pasas, at datiles.” (Isinalaysay ni al-Bukhari).²

Sukat nito: Para sa bawat tao ay isang šā‘ nabawi (prophetic measure), na katumbas ng apat na dakot ng dalawang kamay ng isang taong may katamtamang laki ng kamay na punô. Sa timbang ngayon, humigit-kumulang **3 kilo**. Pinahihintulutan ang pagdagdag nang higit sa isang šā‘ na may layuning ito ay dagdag na sadaqah.

7. Hindi pinahihintulutan na ilabas ang Zakat al-Fitr gamit ang pera; bagkus ang obligadong paraan ay paglabas nito mula sa pagkain, sapagkat ito ang malinaw na ipinahiwatig ng mga patunay sa Shari‘ah.

8. Ang orihinal sa Zakat al-Fitr ay ang pagbibigay nito sa mga mahihirap sa lugar kung saan naroroon ang maglalabas nito. Pinahihintulutan itong ilipat sa ibang lugar na mas nangangailangan, basta makarating ito sa mga karapat-dapat bago ang Salah ng ‘Eid.

9. Pinahihintulutan na ibigay ang madaming bilang ng Zakat al-Fitr sa isang mahirap na tao lamang, at pinahihintulutan din na hatiin ang isang šā‘ para sa madaming bilang ng mahihirap.

10. Pinahihintulutan ang pag-aatas (wakalah) sa paglabas ng Zakat al-Fitr, kabilang ang pag-aatas sa mga charitable organizations. Maaaring tumanggap sila ng pera at sila na ang bibili ng pagkain bilang kinatawan ng nagbigay, o tumanggap sila ng pagkain. Ngunit kailangang tiyakin ng kinatawan o organisasyon na maipamahagi ito bago ang Salah ng ‘Eid.

¹ Majmū‘ Fatāwā Ibn Bāz 14/217; Fatāwā Nūr ‘ala ad-Darb ni Ibn ‘Uthaymīn 8/63.

² Sahih al-Bukhāri (1510).

11. Pinahihintulutan para sa isang mahirap na tao na ipagbili ang Zakat al-Fitr matapos niya itong matanggap, sapagkat ito ay naging bahagi na ng kanyang pag-aari.

O Allah, linisin Mo ang aming pag-aayuno, tanggapin Mo ang aming mga pagsamba, at gabayan Mo kami sa mga gawaing matuwid na Ikalulugod Mo sa amin. Ameen O Allah. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa Pinakamabuti sa mga Sugo, at ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.



Aralin 29

Mga Alituntunin at Asal sa ‘Eid

Purihin ang Allah sa pagkakaganap (ng mga gawain). Siya ay aking pinupuri at pinasasalamatan; sa Kanya ang biyaya, karangalan, at mga pagpapala. At ako’y nagpapadala ng pagpapala at pagbati ng kapayapaan sa isinugo bilang awa sa sangkatauhan. Pagkatapos nito:

Itinakda ng Allah matapos ang Ramadhan ang araw ng ‘Eid al-Fitr na ikinagagalak ng mga Muslim, at sila’y nasisiyahan sa dakilang biyaya ng pagkakaganap (ng pag-aayuno): **“At hangad Niya para sa inyo na buuin ang mga itinakdang araw ng pag-aayuno at upang inyong dakilain ang Allah para sa anumang Kanyang ipinatnubay sa inyo at upang sakali kayo ay matutong magpasalamat sa Kanya.”** [Al-Baqarah:185]

Ang dakilang araw na ito ay may mga adab at mga kanais-nais na gawain: kanais-nais na kumain sa ‘Eid al-Fitr bago ang Salah ng ‘Eid, at Sunnah ang pagligo para sa ‘Eid. Mula kay Ibn ‘Umar (kalugdan nawa sila ng Allah) — na siya’y naliligo sa araw ng Fitr bago pumunta sa lugar ng pagdarasal. Isinalaysay ito nina Malik, ‘Abd al-Razzaq, at al-Bayhaqi, at pinagtibay ni al-Nawawi.¹

Kanais-nais din ang pagpapabango (sa kalalakihan) sapagkat ito’y araw ng pagtitipon at pag-aayos ng sarili. Kanais-nais na lumabas patungo sa Salah ng ‘Eid na nasa pinakamainam na hitsura. Mula kay Nafi’: si Ibn ‘Umar ay nagsusuot sa dalawang ‘Eid ng kanyang pinakamainam na damit. Isinalaysay ito ni al-Bayhaqi at pinagtibay ni Ibn Rajab.²

Ang dakilang araw na ito ay may mga hatol (ahkam) na inilabas ng Permanenteng Lupon para sa Fatwa,³ at ang mga ito ay:

1. Ipinahihintulot ang *takbīr* mula sa paglubog ng araw ng huling araw ng Ramadhan hanggang sa pagdating ng imam para sa Salah ng ‘Eid. Bawat isa

¹ *Muwatta’ Malik* (609); *Musannaf ‘Abd al-Razzaq* (5747); *Al-Sunan al-Kubra* ni al-Bayhaqi (6125); *Khulasat al-Ahkam* ni al-Nawawi (2884).

² *Al-Sunan al-Kubra* ni al-Bayhaqi (6143); *Fath al-Bari* ni Ibn Rajab (8/414).

³ Tingnan: *Fatawa ng Permanenteng Lupon para sa Fatwa*, Unang koleksyon 8/283–320; Ikalawang koleksyon 7/143–166.

ay magtakbīr nang malakas nang mag-isa, sapagkat walang napatunayang sama-samang takbīr mula sa Propeta ﷺ.

Kabilang sa naiulat na anyo ng takbīr: mula kay Sharik, sinabi niya: Tinanong ko si Abu Ishaq: Paano magtakbīr sina ‘Ali at ‘Abdullah ibn Mas‘ud? Sinabi niya na sila ay nagsasabi: “**Allāhu Akbar, Allāhu Akbar, Lā ilāha illa Allāh, wAllāhu Akbar, Allāhu Akbar, wa lillāhil-ḥamd.**” Isinalaysay ni Ibn Abi Shaybah sa kanyang *Musannaf*.¹

2. Itinakda sa umaga ng araw ng ‘Eid ang Salah ng ‘Eid al-Fitr. Ito ay *fard kifāyah* para sa mga lalaki, at Sunnah para sa mga babae. Ang babae ay magsasalah sa lugar ng dasalan kasama ng mga Muslim, sapagkat iniutos ito ng Propeta ﷺ sa kanila.

3. Sa Salah ng ‘Eid ay may pitong takbīr sa unang rak‘ah at anim na takbīr sa ikalawang rak‘ah. Itinataas ang mga kamay sa bawat takbīr. Itinakda rin na purihin ang Allah (tahmeed), luwalhatiin Siya (tasbih), at dakilain Siya (takbeer), at manalangin ng pagpapala sa Propeta ﷺ sa pagitan ng bawat dalawang takbeer.

4. Kapag ang Salah ng ‘Eid ay gaganapin sa *musallā* (bukás na lugar ng dasalan), hindi itinatakda ang *taḥiyyat al-masjid*. Ngunit kung ito ay gaganapin sa masjid, itataguyod ang *taḥiyyat al-masjid*.

5. Ang sinumang nahuli at nais niya iyon isagawa bilang kabayaran ay kanais-nais para sa kanya iyon. Itataguyod niya ang pagdarasal na ito sa parehong paraan ngunit walang khutbah pagkatapos.

6. Ang sinumang dumating na ang imam ay nagkukhutbah na sa ‘Eid, ang mas mainam ay makinig muna sa khutbah, saka siya magsalah ng ‘Eid upang makamtan ang dalawang kabutihan.

7. Ang pag-upo at pakikinig ng ma’mūm sa khutbah ng ‘Eid ay Sunnah.

8. Hindi pinahihintulutan ang pag-aayuno sa araw ng ‘Eid; sapagkat napatunayan mula sa Propeta ﷺ sa mga sahih na hadith ang pagbabawal ng pag-aayuno sa dalawang araw ng ‘Eid al-Fitr at ‘Eid al-Adha.

¹ *Musannaf Ibn Abi Shaybah* (5699).

9. Kapag ang araw ng ‘Eid ay tumapat sa araw ng Biyernes, napapawi ang obligasyong dumalo sa Salah al-Jumu‘ah para sa sinumang nakapagsalah na ng ‘Eid, maliban sa imam. Siya ay dapat pumunta sa masjid at magsagawa ng Jumu‘ah para sa mga dadalo. Ang sinumang hindi dadalo sa Jumu‘ah mula sa mga nakapagsalah ng ‘Eid ay magsasalah ng Dhuhur kapag pumasok na ang oras nito. Gayunman, ang pagdalo sa Jumu‘ah at pagsasalah kasama ng mga tao ay higit na mainam.

10. Naiulat ang pagbati sa ‘Eid matapos ang Salah ng ‘Eid mula sa ilang mga Sahabah (kalugdan nawa sila ng Allah), tulad ng pagsasabi: “**Taqabbalallāhu minnā wa minkum** (Nawa’y tanggapin ng Allah mula sa amin at sa inyo).”¹

O Allah, tanggapin Mo ang aming pag-aayuno, pasayahin Mo kami sa aming ‘Eid bilang Iyong mga tinanggap at Iyong kinaaawaan, O Panginoon ng mga nilalang. Ameen O Allah. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa’y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamainam sa mga isinugo, at ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.



¹ Isinalaysay ni al-Muḥāmili (2/218) sa Ṣalāt al-‘Īdayn. Iniugnay ni as-Suyūti sa al-Ḥawī lil-Fatāwā (1/94) kay Zāhir ibn Tāhir sa aklat na Tuḥfat ‘Īd al-Fiṭr at kay Abū Aḥmad al-Farḍī sa kanyang Mashyakha. Itinuring itong hasan ni as-Suyūti, gayundin ni Ibn Ḥajar sa Faṭḥ al-Bāriy (2/446).

Aralin 30

Pamamaalam sa Ramadhan

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah na nagparangal sa atin sa mapagpalang buwang ito bilang isang dakilang karangalan. Nawa’y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa ating Propeta Muhammad na naging matatag na huwaran.

O mga nag-aayuno, kay bilis ng paglipas ng mga gabi at araw, mabilis silang dumaraan at nagwawakas. Ramadhan, naaalala mo ba nang sumilip ang iyong bagong buwan at nagalak ang mga tao sa iyong pagdating? Para bang kahapon lamang o kamakailan lang, at ngayon ay itinuturo ng kalendaryo, na ito na ang ika-tatlumpung araw ng Ramadhan.

Sinabi ni Imam Ibn Rajab: “Paanong hindi tutulo ang luha ng isang mananampalataya sa pakikipaghiwalay nito, samantalang hindi niya alam kung may natitira pa siyang buhay sa pagbabalik nito.”¹

Iwan mo ang pag-iyak sa mga guho at dating tahanan,

at alalahanin ang mga lumayo—kaibigan man o kapitbahay.

Tigilan ang pagluha sa panaghoy, at umiyak sa panghihinayang

sa paglisan ng mga gabing puno ng liwanag.

Yaong mga gabi ng buwan ng pag-aayuno—na itinakda

upang linisin ang mga kasalanan at mga pasanin.

Kay gandang tanawin noon nang tayo’y buo at magkakasama:

Mula sa ati’y may nagdarasal, may taimtim na bumabasa ng Qur’an.

Sa Tarawih, ang mga pahingahan ay naging tagpuan,

na ang mga ilaw rito ay kumikislap na tila mga bulaklak.

¹ *Latā’if al-Ma’ārif ni Ibn Rajab, p. 217.*

Isang buwan kung saan pinalalaya ni Allah ang mga makasalanang, samantalang sila'y nasa bingit ng apoy ng Impiyerno at iniligtas.

Aking kapatid: ang mga gawain ay nakabatay sa kanilang wakas. Walang higit na mainam na pangwakas kaysa sa tapat na pagsisisi at mabuting pagbabalik-loob. Kaya gawin mong panimula ang Ramadhan upang iwan ang mga kasalanang matagal mong kinagisnan, at pagsikapan mong labanan ang sarili na iwanan ang mga kasalanang ito nang lubusan. At tunay na ako'y nagpapakupkop (sa Allah) para sa sarili ko at sa iyo, na huwag sana mangyari sa atin pagkatapos ng Ramadhan na maging tulad ng babaeng kinalas ang kanyang sinulid matapos itong mapatibay.

Kapatid... nais kitang tanungin ng isang mahalagang tanong:

Umalis na ang Ramadhan... umalis na rin ba ang pag-aayuno at pagdarasal sa gabi?!

Umalis na ang Ramadhan... umalis na rin ba ang khushū' at ang Qur'an?!

Umalis na ang Ramadhan... umalis na rin ba ang pakikipag-usap sa Nag-iisang Tagapaghatol?!

Ano ang pagkatapos ng Ramadhan? Oo... ano nga ba ang pagkatapos ng Ramadhan?!

Kapatid:

Ilang mabubuting gawa na ang iyong nakamit, at ilang kasalanan na ang iyong iniwan?!

Ilang pagsubok na ang iyong nalampasan?!

Ilang masasamang gawi na ang iyong tinalikuran—at matapos ang hirap ay iniligtas ka ng Allah kaya iniwan mo ang mga ito.

Hinihiling ko sa Allah na ilayo ka sa pagtataksil sa iyong pangako sa iyong Panginoon. Katotohanan, hindi minamahal ng Allah ang mga taksil.

Maging maka-Diyos ka at huwag maging maka-Ramadhan lamang! At alalahanin: kabilang sa mga palatandaan na tinanggap ang isang mabuting

gawa ay ang paggawa pa ng mabuti pagkatapos nito. At ang pinakamamahal na gawain sa Allah ay yaong tuloy-tuloy kahit kaunti.

Kaya magtakda ka ng bahagi sa Qur'an na ipagpapatuloy mo pagkatapos ng Ramadhan.

At maglaan ka ng mga sandali sa gabi para sa pagdarasal, at mga araw sa buwan para sa pag-aayuno. At kung dapuan ka man ng panghihina o katamaran, huwag mawalan ng pag-asa—sa halip ay labanan mo ang iyong sarili. Ang buhay sa mundo ay pakikibaka hanggang sa makatagpo natin ang Allah. Hindi sasayangin ng Allah ang iyong pagsisikap at sa Kanyang awa ay ipagkakaloob Niya ang iyong hinahangad.

“At yaong mga nagpunyagi o nakipaglaban para sa Amin - katiyakan, sila ay Aming papatnubayan tungo sa Aming mga Landas. At katotohanan, ang Allah ay nasa panig ng mga mapaggawa ng kabutihan.” [Al-‘Ankabūt: 69]

O Allah, kung paanong pinaabot Mo sa amin ang Ramadhan, tanggapin Mo ito mula sa amin bilang tinanggap na pagsamba, O Pinakamapagbigay, O Pinakamapaggawad!

“Aming Panginoon, huwag Mo pong tulutang ang aming mga puso ay lumihis sa katotohanan pagkaraan na kami ay Iyong patnubayan, at igawad Mo po sa amin mula sa Iyong Sarili ang habag. Tunay na Ikaw ang Tagapaggawad ng habag.” [Āl ‘Imrān: 8]

Ameen, O Allah. Patawarin Mo kaming lahat. Nawa’y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa pinakamabuti sa mga Sugo. At ang papuri ay sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang.



Natapos ito sa tulong at papuri sa Allah

